
MANWAL SA NURSERY

# Masdan ang Inyong mga Musmos



# Masdan ang Inyong mga Musmos

## Manwal sa Nursery

Inilathala ng
Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw
Salt Lake City, Utah

Ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa manwal na ito ay aming pasasalamatan.
Mangyaring isumite sa Curriculum Development,
50 East North Temple Street, Room 2404, Salt Lake City, UT 84150-3200 USA
cur-development@ldschurch.org

Mangyaring isulat ang inyong pangalan, tirahan, e-mail address, ward, at stake.
Tiyaking isulat ang pamagat ng manwal.
Pagkatapos ay ibigay ang inyong mga puna at mungkahi tungkol sa mga kalakasan ng manwal at mga bagay na maaari pang pagbutihin.

© 2007 ng Intellectual Reserve, Inc.
Lahat ng karapatan ay nakalaan
Inilimbag sa Estados Unidos ng Amerika

Pagsang-ayon sa Ingles: 7/08
Pagsang-ayon sa pagsasalin: 7/08
Pagsasalin ng *Nursery Manual: Behold Your Little Ones*
Tagalog
37108 893

## MGA NILALAMAN


Pambungad . . . . . . . . . . 1

Liham sa mga Magulang . . . . . . . . . . 7

Mga Aralin

1. Ako ay Anak ng Diyos . . . . . . . . . . 8
2. May Plano ang Ama sa Langit para sa Akin . . . . . . . . . . 12
3. Maaari Akong Manalangin sa Ama sa Langit . . . . . . . . . . 16
4. Mahal Ako ng Ama sa Langit at ni Jesucristo . . . . . . . . . . 20
5. Ipinakita sa Atin ni Jesucristo Kung Paano Mahalin ang Iba . . . . . . . . . . 24
6. Tinutulungan Ako ng Espiritu Santo . . . . . . . . . . 28
7. Nilikha ni Jesucristo ang Daigdig para sa Akin . . . . . . . . . . 32
8. Linggo ang araw para alalahanin ang Ama sa Langit at si Jesucristo . . . 36
9. Ako ay May Katawang Katulad ng sa Ama sa Langit . . . . . . . . . . 40
10. Aalagaan Ko ang Aking Katawan . . . . . . . . . . 44
11. Mahal Ko ang Aking Pamilya . . . . . . . . . . 48
12. Maaari Kaming Manalangin ng Aking Pamilya . . . . . . . . . . 52
13. Maaaring Magkasama-sama ang Aking Pamilya Magpakailanman . . . . . 56
14. Susunod Ako . . . . . . . . . . 60
15. Magpapasalamat Ako . . . . . . . . . . 64
16. Magsasabi Ako ng “Sorry” . . . . . . . . . . 68
17. Magbabahagi Ako . . . . . . . . . . 72
18. Mamahalin Ko ang Iba . . . . . . . . . . 76
19. Maaari Akong Lumigaya . . . . . . . . . . 80
20. Magpipitagan Ako . . . . . . . . . . 84
21. Nakita ni Joseph Smith ang Ama sa Langit at si Jesucristo . . . . . . . . . . 88
22. Tinuturuan Ako ng Aklat ni Mormon tungkol kay Jesucristo . . . . . . . . 92
23. Mahal Ko ang mga Banal na Kasulatan . . . . . . . . . . 96
24. Susundin Ko ang Propeta . . . . . . . . . . 100
25. Kabilang Ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw 104
26. Ako ay Magpapabinyag at Magpapakumpirma . . . . . . . . . . 108
27. Tinutulungan Ako ng Sacrament na Isipin si Jesucristo . . . . . . . . . . 112
28. Binabasbasan Ako ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng Priesthood . . 116

Mga Aralin para sa mga Espesyal na Okasyon

29. Nabuhay na Mag-uli si Jesucristo (Paskua) . . . . . . . . . . 120
30. Si Jesucristo ang Anak ng Ama sa Langit (Pasko) . . . . . . . . . . 124

Munting aralin: Welcome sa Nursery . . . . . . . . . . 128

Munting aralin: Maligayang Kaarawan . . . . . . . . . . 129

Indeks ng mga Aktibidad . . . . . . . . . . 130

Indeks ng mga Biswal . . . . . . . . . . 131

# PAMBUNGAD

## ANG KLASE NG NURSERY

*Layunin* Ang layunin ng klase ng nursery ay tulungan ang mga bata na mapag-aralan ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo at ipamuhay ito. Dapat tulungan ng klase ng nursery ang mga bata na maragdagan ang kanilang pag-unawa at pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, magkaroon ng mga positibong karanasan sa Simbahan, at lalong pahalagahan ang sarili.

*Liham sa mga Magulang* Ilang linggo bago magsimulang dumalo sa klase ng nursery ang isang bata, dapat bigyan ng isang miyembro ng Primary presidency ang mga magulang ng bata ng isang kopya ng liham sa pahina 7.




*Mga Nursery Leader* Di kukulangin sa dalawang tao (isang nursery leader at isang assistant nursery leader) ang dapat matawag para sa bawat nursery class. Kung hindi isang mag-asawa ang mga nursery leader, dapat ay pareho ang kanilang kasarian. Dapat magtulungan ang mga nursery leader sa buong oras ng nursery class upang matiyak na ligtas at nasa mabuting kalagayan ang mga bata.

*Pisikal na Kapaligiran* Dapat maglaan ang klase ng nursery ng kapaligirang may pagmamahal, ligtas, at organisado para matuto ang mga bata. Dapat ay malinis, masaya, at kaakit-akit ang silid at malapit sa toilet kung maaari. Dapat ay malinis, ligtas, at nasa mabuting kundisyon ang mga laruan. Hindi dapat gumamit ng mga laruang naaakyatan.

*Iskedyul* Karaniwan ay nauubos ng klase ng nursery ang buong oras ng Primary. Ang oras na ito ay dapat hatiin sa ilang yugto, tulad ng oras para sa aralin, meryenda, musika, at laro.

Ang mga pangangailangan ng mga bata ay matutulungan kayong magpasiya sa pagkakasunud-sunod ng mga yugto at haba ng oras ng bawat yugto. Madaling umagapay ang mga bata kapag hindi kayo pabagu-bago, kaya sundin ang pagkakasunud-sunod na ito linggu-linggo.

- *Aralin:* Simulan at wakasan ang aralin sa panalangin, na karaniwan ay dapat ialay ng isa sa mga bata (sa tulong ng isa sa mga nursery leader kung kailangan). Sa oras ng aralin, ituro ang alinman o lahat ng aktibidad mula sa isang aralin sa manwal na ito. Mauulit ninyo ang mga aktibidad na ito sa buong oras ng klase ng nursery. Makakatulong din ang ibang sangguniang gawa ng Simbahan, tulad ng *Aklat ng mga Awit Pambata* at mga magasin ng Simbahan.
- *Laro:* Malayang ipalaro sa mga bata ang mga laruan, puzzle, at aklat. Natututo ang mga bata sa pamamagitan ng paglalaro. Pagkatapos ng laro, tulungang magligpit ang mga bata.



### MGA TIP SA PAGTUTURO

Para sa impormasyon tungkol sa mga katangian ng mga batang edad-nursery, tingnan sa *Pagtuturo: Walang Higit na Dakilang Tungkulin: Mapagkukunang Gabay sa Pagtuturo ng Ebanghelyo* (2000), 143–51.

***Iskedyul:*** Kapag nagpaplano ng iskedyul para sa inyong klase ng nursery, isipin ang mga pangangailangan ng mga bata. Hanggang kailan sila tatagal sa pagkakaupo bago sila maglilikot? Kailan sila magugutom at mangangailangan ng meryenda? Makakatulong ba ang tahimik na aktibidad para maihanda sila para sa aralin? Tandaan na madaling mainip ang mga batang musmos. Abangan ang pagkainip at iba pang mga pag-uugaling nagsasabi sa inyo na kailangan na ng mga bata ng ibang gagawin.

***Laro:*** Maraming batang edad-nursery na hindi handa ang damdamin o isipan para magpahiram ng mga laruan at makipaglaro. Huwag silang piliting magpahiram kung ayaw nila.

- *Meryenda:* Magbigay ng masustansyang meryendang madaling ihanda. Tanungin ang mga magulang kung may mga pagkaing hindi puwede sa kanilang mga anak. Tulungang maghugas ng mga kamay at magbasbas ng pagkain ang mga bata bago kumain. Ang pera para sa meryenda ay dapat manggaling sa badyet ng Primary.
- *Musika:* Magkantahan, tumugtog ng mga simpleng instrumentong musikal, o gumalaw o magmartsa ayon sa musika (tingnan sa "Musika sa Klase ng Nursery," sa pahina 4). Ang aktibidad na ito sa klase ng nursery ay maaaring gawing bahagi ng oras ng aralin, o ihiwalay para lamang sa musika.

Sa pagtatapos ng klase ng nursery, dapat tiyakin ng mga guro na mga magulang o iba pang miyembro ng kanilang pamilya lamang ang susundo sa mga bata. Hindi sila dapat pumayag na ibang tao ang kumuha sa mga bata maliban kung may pahintulot ng kanilang mga magulang.

*Mga Pagbabago sa Aktibidad* Bigyan ang mga bata ng isang aktibidad na tutulong sa kanila na maisagawa ang isa pang aktibidad. Halimbawa, maaari ninyong kantahin ang "Masayang Gawin" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 129), gamit ang mga katagang gaya ng, "Masayang magligpit ng mga laruan" o "Masayang maghugas ng mga kamay," at iba pa.

## TUNGKOL SA MGA ARALIN SA MANWAL NA ITO

Ang layunin ng mga aralin sa manwal na ito ay tulungan ang mga batang edad-nursery na matutuhan ang mga pangunahing doktrina ng ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo. Hilingin ang patnubay at hangarin ang impluwensya ng Espiritu sa paghahanda ninyong ituro ang mga araling ito (tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 125–29). Matuturuan ninyo sila anuman ang pagkakasunud-sunod, at maituturo ninyo ang iisang aralin nang sunud-sunod na linggo. Maituturo din ninyo nang dalawang beses ang iisang aralin sa isang klase ng nursery, depende sa mga pangangailangan at interes ng mga bata.

Mga sangguniang gawa lamang ng Simbahan ang gamitin sa klase ng nursery. Bukod pa sa mga aktibidad sa manwal na ito, maaari kayong gumamit ng mga laro, larawan, awit, kuwento, at iba pang aktibidad mula sa mga magasin ng Simbahan.

Gamitin ang mga banal na kasulatan sa pagtuturo ninyo sa mga bata. Kapag iminungkahi sa aralin na magkuwento kayo mula sa mga banal na kasulatan, buklatin ang mga banal na kasulatan at ituro kung saan mababasa ang kuwento. Ipinauunawa nito sa mga bata na ang itinuturo ninyo ay mula sa mga banal na kasulatan. Turuan silang pahalagahan at pagpitaganan ang mga banal na kasulatan. Kung wala kayong sariling kopya ng mga banal na kasulatan, tanungin ang inyong bishop o branch president kung paano kayo makakakuha ng kopya.

Sa pagtuturo ninyo ng mga araling ito, maging sensitibo sa mga sitwasyon ng mga bata sa bahay at pamilya. Kapag ang isang aralin ay patungkol sa mga magulang o pamilya ng mga bata, isaalang-alang ang damdamin ng sinumang mga batang pinalaki ng nag-iisang magulang, ng mga lolo't lola, o ng ibang kamag-anak.

Maging sensitibo rin sa damdamin ng sinumang mga bata sa inyong nursery na may pisikal na kapansanan. Magtuon sa mga bagay na *kayang* gawin ng mga bata, huwag sa hindi nila kayang gawin. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtuturo sa mga may kapansanan, tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin*, 47–49.

Ang mga pangunahing bahagi ng mga aralin ay ipinaliliwanag sa ibaba:

*Pambungad para sa Guro* Bawat aralin ay nagsisimula sa maikling paliwanag sa doktrinang ituturo, pati na mga reperensya sa banal na kasulatan. Ang pagbabasa at pagninilay sa pambungad na ito at sa kaugnay na mga banal na

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga aktibidad:*** Subaybayan ang pakikilahok ng mga bata sa mga aktibidad. Alam ninyo ang mga kakayahan at pangangailangan ng mga bata sa inyong nursery. Iakma ang mga aktibidad ayon sa pangangailangan. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 41–42.)

***Activity box:*** Maaari kayong gumawa ng isang activity box na maitatago sa silid ng nursery. Maaaring ilagay rito ang mga bagay na ginawa o ginamit ninyo sa mga aktibidad, tulad ng mga puzzle, larawan, puppet, kopya ng mga pahinang kukulayan, at iba pa. Magagamit ninyo ang mga ito anumang oras sa klase ng nursery.

kasulatan ay makakatulong sa espirituwal na paghahanda ninyo sa pagtuturo ng doktrina sa mga bata sa pamamagitan ng Espiritu. Hindi nilayong basahin ang pambungad na ito sa mga batang edad-nursery.

*Mga Aktibidad sa Pag-aaral* Layon ng mga aktibidad sa pag-aaral na ituro ang ebanghelyo sa mga bata sa pagbibigay sa kanila ng mga pagkakataong:

- Makinig tungkol sa doktrina.
- Makakita ng isang biswal tungkol sa doktrina.
- Kantahin (o makinig sa isang awit) tungkol sa doktrina.
- Gumawa ng isang pisikal na aktibidad tungkol sa doktrina.
- Magpahayag ng anuman tungkol sa doktrina.



Maghanda ng isang espesyal na lugar sa silid ng nursery na matitipon nang malapit sa inyo ang mga bata para sa mga aktibidad sa pag-aaral. Maaaring sa isang kumot o banig sa sahig, o sa mga silyang nakaayos nang pabilog. Umupo o lumuhod para malapit kayo sa mga bata at matitingnan ninyo sila sa mata. (Paalala: Manamit nang angkop para makaluhod, makaupo sa sahig, at makadukwang.)

*Mga Aktibidad sa Pagtitipon:* Simulan ang bawat aralin sa pagtitipon sa mga bata gamit ang isang awit o iba pang aktibidad na inaprubahan ng Simbahan. Habang iyon at iyon din ang ginagamit ninyong aktibidad sa pagtitipon linggu-linggo, malalaman ng mga bata na ang aktibidad ay tanda na nagsisimula na ang aralin, at maihahanda sila nito para sa aralin. Ang isang aktibidad sa pagtitipon ay maaaring kasingsimple ng pagpalakpak nang may ritmo at pag-anyaya sa mga bata na sabayan kayong pumalakpak. Mabisa ang halos anumang awit o aktibidad na inaprubahan ng Simbahan kung ito ay simple at lagi ninyong gagamitin linggu-linggo.

Narito ang ilang iba pang halimbawa ng mga aktibidad sa pagtitipon:

- Kumanta ng isang awiting gusto ng mga bata, tulad ng "Ako ay Anak ng Diyos" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 2–3) o "Mahalin ang Bawat Isa" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 74).
- Kantahin ang "Kung Ikaw ay Masaya" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 125), gamit ang sumusunod na mga kataga:
  Kung ikaw ay handa na, umupo ka.
  Kung ikaw ay handa na, umupo ka.
  Kung ikaw ay handa na, tiyak ang pagpapala.
  Kung ikaw ay handa na, umupo ka.
- Bigkasin ang sumusunod na activity verse (pagtula at pag-awit na may aksyon), at pasabayin ang mga bata sa mga aksyon ninyo:
  Nagagalak akong makasimba ngayon, *(pagdikitin ang dulo ng mga daliri sa kamay para maghugis-tore)*
  Para makilala si Jesus, kumanta, *(isalikop ang mga kamay sa bibig)* at magdasal. *(humalukipkip)*

## MGA TIP SA PAGTUTURO


***Pagtitipon:*** Purihin ang mga batang katabi ninyo sa upuan. Kung ayaw umupo ng ilan sa kanila, huwag silang pilitin, ngunit hikayatin sila sa iba't ibang aktibidad. Habang nagtuturo ang isang nursery leader, matutulungan ng isa pang nursery leader ang mga bata na magtuon ng pansin.

***Mga awit:*** Kung gagamit kayo ng isang awit o activity verse para sa inyong aktibidad sa pagtitipon, ilang beses itong ulitin, sa mas mahinang tinig tuwina.

Ang ***pag-uulit*** ay nakakatulong para matuto ang mga bata. Kung lalong nasisiyahan ang mga bata sa isang aktibidad sa pag-aaral o opsyonal na aktibidad, ulitin ito sa ibang mga pagkakataon sa klase ng nursery at sa mga linggong darating.

*Opsyonal na mga Aktibidad* Bawat aralin ay nagmumungkahi ng 2 hanggang 4 na opsyonal na mga aktibidad na mapagpipilian ninyo para idagdag sa aralin kung gusto ninyo. Magagamit din ninyo ang mga aktibidad na ito sa ibang mga pagkakataon sa klase ng nursery. Marami sa mga aktibidad na ito ang nangangailangan ng dagdag na paghahanda. Kung wala kayong mapagkunan ng mga kailangan, gumamit ng mga kahalintulad nito. Maaaring manggaling sa Primary budget ang pera para sa mga suplay na ito.

*Mga Biswal* Bawat aralin ay may dalawang pahina ng mga biswal: isang larawang may kulay at isang drowing. Layon nitong suportahan ang mga alituntuning itinuturo sa aralin sa pamamagitan ng mga larawan. May mga mungkahi sa paggamit ng mga biswal sa mga aralin.



*Mga Tip sa Pagtuturo* Sa gawing kanan ng bawat pahina ay may mga mungkahi at ideyang makakatulong para matagumpay ninyong maituro ang aralin. Ilan dito ay mga mungkahi tungkol sa pagtuturo ng isang partikular na aktibidad, pero karamihan ay mga pangkalahatang alituntuning magagamit anumang oras kayo magturo sa mga batang paslit.

## MUSIKA SA KLASE NG NURSERY

Ang mga batang edad-nursery ay handa at sabik matuto tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo, at makakatulong ang musika para matuto sila. Ang musika ay nag-aanyaya sa Espiritu, at makalilikha ito ng kapaligirang may pagmamahal, na magpapasaya sa klase ng nursery.

Huwag mag-alala kung hindi kayo mahusay kumanta. Pakikinggan ng mga bata ang mga kataga, mamasdan ang inyong mukha, at masisiyahan sa himig sa halip na magtuon sa kakayahan ninyong kumanta.

*Mga Paraan sa Paggamit ng Musika* Iba't iba ang mga layunin ng musika sa klase ng nursery. Magagamit ninyo ito para:

- Batiin ang mga bata. Halimbawa, makakapagpatugtog kayo nang mahina habang papasok ang mga bata sa nursery.
- Ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Karamihan sa mga aralin sa manwal na ito ay nagmumungkahi ng mga awiting nauugnay sa paksa ng aralin.
- Tulungang maghanda ang mga bata sa pagsisimula ng ibang aktibidad—halimbawa, para magkaroon ng mapitagang kapaligiran sa paghahanda para sa oras ng aralin.
- Bigyan ng pagkakataon ang mga bata na gumalaw at magsaya.
- Sanayin ang mga bata sa mga awiting kakantahin nila sa Primary.

*Pagtulong na Makalahok ang mga Bata* Para maituro sa mga bata ang isang awit, kantahin nang dalawang beses ang isang maikling linya pagkatapos ay pasabayin sila sa inyong pagkanta. Purihin sila sa kanilang mga pagsisikap. Sa una maaaring isa o dalawang kataga lamang ang kantahin nila, at baka nga hindi pa kumanta ang mga batang musmos, pero matututo at matutuwa pa rin silang makinig sa inyong pagkanta. Matutuwa rin silang gumawa

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga biswal:*** Para matulungang matuto ang mga bata mula sa mga larawan at drowing, ituro ang mga detalyeng may kinalaman sa mga alituntuning inyong itinuturo.

***Musika:*** Hindi ninyo kailangan ang piyano o CD player sa paggamit ng musika sa klase ng nursery. Magiging komportable ang mga bata kung ipapalibot lamang ninyo sila sa inyo at pakakantahin. Maging pamilyar sa mga titik ng awit para matingnan ninyo sa mata ang mga bata.

***Mga sanggunian sa musika:*** Maghanda ng isang kahon ng mga sanggunian sa musika na maitatago sa silid ng nursery. Maaaring ilagay rito ang isang listahan ng mga awit at activity verse na kinatutuwaan ng mga bata, mga simpleng larawang mahahawakan nila habang kumakanta kayo, o mga simpleng instrumentong musikal.

ng mga simpleng aksyon na babagay sa mga awit. Kalaunan matututuhan nila ang mga titik at sasabayan na kayo sa pagkanta, lalo na kung uulitin ninyo ang mga kanta.

*Iba pang mga Sanggunian*

Ang mga titik sa ilang awit ay kasama sa mga aralin sa manwal na ito. Magagamit din ninyo:

- Ang *Aklat ng mga Awit Pambata* at mga audio recording ng mga awit sa Primary. Mas angkop sa mga batang edad-nursery ang mga awiting simple at paulit-ulit ang mga kataga. Maaari kayong magdagdag ng mga simpleng aksyon na iminumungkahi ng mga titik.
- Ang Web site ng musika ng Simbahan, www.lds.org/churchmusic. Dito ay maririnig ninyo ang tugtog sa mga awit sa *Aklat ng mga Awit Pambata* at sa himnaryo.
- Ang tulong ng inyong Primary music leader.

## MGA MAGIGING PROBLEMA AT MGA POSIBLENG SOLUSYON

Ang sumusunod ay ilang karaniwang problemang maaaring mangyari sa klase ng nursery at ilang mungkahi sa paglutas sa mga ito. Sa lahat ng sitwasyon, taos na purihin ang bata kapag angkop ang kanyang pag-uugali. Ang piliting sumunod ang mga bata ay hindi solusyon sa mga problema sa pag-uugali. Tandaan na mahalagang makaranas ang bawat bata ng pagmamahal at kasayahan sa klase ng nursery.

| *PROBLEMA* | *POSIBLENG SOLUSYON* |
|---|---|
| Inihatid ng magulang ang anak sa klase ng nursery, at umiyak ang bata nang tangkaing umalis ng magulang. | Papanatilihin ang magulang hanggang tumahan at mapanatag ang bata. Sikaping akitin ang bata sa aktibidad na idinaraos sa klase ng nursery, at pasalihin siya. |
| Ang isang bata ay parang takot sa inyo o sa ibang mga bata, pagala-gala sa nursery, o ayaw makihalubilo kaninuman. | Magpasensya; huwag piliting sumali ang bata. Hayaang makilala muna niya kayo, ang ibang mga bata, at ang paligid. Paminsan-minsan ay aliwin ang bata, at patuloy siyang pasalihin sa aktibidad. Magbigay-katiyakan na mamahalin at masisiyahan ang mga bata sa klase ng nursery. |
| Nakakapit sa inyo ang isang bata at laging nagpapapansin sa inyo. | Ang mga batang musmos ay nangangailangan ng pagmamahal at pansin. Ang pagkausap at pakikihalubilo sa bata nang may pagmamahal ay madalas makasiya sa kanya. Pagkatapos ay hikayatin ang bata na sumali sa mga aktibidad sa nursery. |
| Ayaw maupo nang tahimik at makinig ang isang bata sa aralin. Ginugulo o iniinis niya ang ibang mga bata. | Maitutuon ng isang nursery leader ang pansin ng bata sa aktibidad habang nagtuturo ang isa pang lider. Ang pagbibigay sa bata ng isang bagay na mahahawakan ay makakatulong para aktibo siyang makalahok sa aralin. Maaaring kailanganin ninyong patabihin ang bata sa pangalawang guro para ligtas ang ibang mga bata at matuto sila sa aralin. Laging tandaang makihalubilo sa mga bata nang may pagmamahal at pagsuporta. |



| PROBLEMA | POSIBLENG SOLUSYON |
|---|---|
| Tumayo at lumakad ang isang bata palayo bago natapos ang isang aktibidad. | Maging listo at alamin ang mga pangangailangan, gusto, at ikli ng pansin ng bawat bata. Abangan ang mga palatandaan na naiinip na ang bata para maiakma ninyo ang aktibidad sa kanyang mga pangangailangan. Habang nangangasiwa ang isang guro sa aktibidad, mayayaya at mahihikayat ng isa pang guro ang isang batang nawalan ng gana. Huwag piliting makilahok ang isang bata sa anumang aktibidad. |
| Pinag-aawayan ng mga bata ang isang laruan. |  Mahirap magbigayan ang mga batang musmos. Maaaring kailanganin ninyong mamagitan para tulungan silang lutasin ang problema o pigilin silang magsakitan. Magmungkahi ng mga paraan para sabay nilang malaro ang laruan, o ibaling ang kanilang pansin sa ibang mga laruan at aktibidad. Tiyaking may sapat na mga laruan para sa bawat bata. Purihin ang mga bata sa paglalaro nang maayos. |
| Nagsimulang maglaro nang magulo ang isang bata—ibinabato, iwinawasiwas, o pinupukpok ang mga laruan. | Kailangan ninyong makialam sa pag-uugaling ito. Kailangang maging ligtas ang kapaligiran ng klase ng nursery para sa mga bata. Magiliw na ipaliwanag sa bata na hindi siya maaaring maglaro nang ganito, at ituon ang kanyang pansin sa ibang laro. Purihin ang bata sa kanyang wastong pag-uugali. |
| Nagsimulang umiyak at umungot ang isang bata. Nang subukan ninyo siyang patahanin, sabi niya, "Ayaw ko sa iyo" o "Hindi ikaw ang nanay ko" at nagpipiglas. | Ibaling ang pansin ng bata sa mga bagay na nangyayari sa nursery o sa isang laruan o aklat. Maaari nitong mapatahan ang bata. Kung hindi siya mapatahan, dalhin ang bata sa kanyang magulang. |

MAHAL NA MGA MAGULANG,

Inaasam naming makasama ang inyong anak sa klase namin sa nursery! Narito ang ilang bagay na magagawa ninyo para maging masaya ang karanasan ng inyong anak:

- Kuwentuhan ng magagandang bagay ang inyong anak tungkol sa klase ng nursery sa linggong ito bago siya unang dumalo.
- Ikuwento sa inyong anak kung ano ang mga ginagawa sa klase ng nursery. Ipaalam sa kanya kung ano ang aasahan dito.
- Papuntahin sa toilet at pakainin ang inyong anak bago siya dalhin sa klase ng nursery. Ang batang kailangang palitan ng lampin ay dadalhin sa magulang.
- Ipaalam sa mga nursery leader kung may di-pangkaraniwang problema ang inyong anak, tulad ng allergy sa pagkain.
- Samahan ang inyong anak sa klase ng nursery kung siya ay natatakot.
- Sabihin sa mga nursery leader kung saan kayo matatagpuan sa oras ng klase ng nursery.
- Tiyaking muli sa inyong anak na babalikan ninyo siya mamaya.
- Agad sunduin ang inyong anak pagkatapos ng klase ng nursery. Kung may ibang susundo sa inyong anak maliban sa magulang o kapatid, ipaalam sa mga nursery leader na may pahintulot ninyo ang taong ito.
- Pagtibayin sa tahanan ang araling itinuro sa nursery.
- Kung maaari, magbigay ng larawan ng inyong anak at ng pamilya ninyo.

Huwag dalhin ang inyong anak sa klase ng nursery kung siya ay maysakit o may anuman sa sumusunod na mga sintomas:

- Lagnat
- Tumutulong sipon
- Ubo
- Di-karaniwang pagkayamot
- Pagsusuka
- Pagtatae
- Butlig-butlig
- Pagmumuta
- Kuto
- Isang sakit o impeksyong ginagamot ng antibiotics nitong huling 48 oras
- Isang sakit na nakakahawa pa:
  Bulutong (pitong araw)
  Tigdas (hanggang maglaho ang mga butlig-butlig)
  Scarlet fever (hanggang maglaho ang mga butlig-butlig)
  Beke (hanggang maglaho ang pamamaga, karaniwan ay pitong araw)
  Impetigo (malubhang sakit sa balat na nakakahawa)

Kung ang inyong anak ay may allergy na nagsasanhi ng tumutulong sipon, ubo, o butlig-butlig, ipaalam sa mga nursery leader na hindi nakakahawa ang mga sintomas ng inyong anak.

Huwag mag-atubiling kontakin ang mga nursery leader kung may mga problema o tanong kayo:

| | |
|---|---|
| ______________________ | ______________________ |
| Nursery leader | Numero ng telepono |
| ______________________ | ______________________ |
| Nursery leader | Numero ng telepono |

# 1 AKO AY ANAK NG DIYOS



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Bawat isa sa atin ay pinakamamahal na espiritung anak ng mga magulang sa langit. Nakapiling natin sila bago tayo isinilang. Lubos tayong kilala ng ating Ama sa Langit at mahal Niya tayo. (Tingnan sa Awit 82:6; Mga Gawa 17:28–29; Mga Hebreo 12:9.)

## PAGHAHANDA

- Magdala ng isang kopya ng mga banal na kasulatan. Markahan ang Awit 82:6 at Moises 1:4 para madali ninyo itong mabuklat.
- Markahan ang pahina 99 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang unang taludtod ng "Ako ay Anak ng Diyos" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 2):

Ako ay Anak ng Diyos,
Dito'y isinilang;

Ulitin nang dalawa o tatlong beses, at pasabayin ang mga bata sa inyong pagkanta.

*Banal na Kasulatan* Sabihin sa mga bata na mayroon silang mga ina at ama sa mundo na nagmamahal sa kanila. Sabihin sa kanila na mayroon din silang Ama sa Langit na kilala at mahal sila. Buklatin ang Biblia sa Awit 82:6 at basahin ang, "Kayong lahat ay mga anak ng [Diyos."

*Kuwento sa Banal na Kasulatan* Ipakita ang larawang guhit ni Moises sa pahina 99 (takpan ang ibang mga larawang guhit sa pahinang ito para mapagmasdang mabuti ng mga bata si Moises). Ipaliwanag na si Moises ay isang dakilang propetang nabuhay noong unang panahon. Sabihin sa mga bata na si Moises ay nagtungo sa bundok upang manalangin. Pagkunwariin ang mga bata na umaakyat sila ng bundok; pagkatapos ay pahalukipkipin sila na parang nagdarasal. Buklatin ang Mahalagang Perlas sa Moises 1:4 at sabihing, "Sinabi ng Diyos kay Moises, 'Masdan, ikaw ay aking anak.' " Ipaliwanag na nalaman ni Moises na siya ay anak ng Diyos.

*Aktibidad sa Pag-uulit* Patayuin ang isang bata sa tabi ninyo sa harapan ng klase.

Sabihin: "Ito si [pangalan ng bata]."
Ipaulit sa mga bata ang [pangalan ng bata].
Sabihin: "Si [pangalan ng bata] ay anak ng Diyos."
Ipaulit sa mga bata ang: "Si [pangalan ng bata] ay anak ng Diyos."

Ulitin ang aktibidad para sa bawat bata sa nursery. Kung malaki ang klase ng nursery, maaari ninyong ipakilala nang sabay ang dalawang bata o iklian ang aktibidad kung kailangan.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga awit:*** Gumamit ng musika para ituro ang mga alituntunin ng ebanghelyo at anyayahan ang Espiritu. Susubukin ng ilang bata na sabayan kayo sa pagkanta, pero malamang ay panoorin lamang ng karamihan ang inyong pagkanta. Natututuhan nila ang mga awit sa pakikinig, at natutuwa sila sa mga awit kahit hindi sila kumakanta.

***Mga pangalan:*** Natutuwa ang mga batang nursery na marinig ang sarili nilang pangalan at personal na makibahagi sa aralin. Ipakita sa mga bata na mahal ninyo sila sa pagkabisado sa kanilang mga pangalan at pagpuri sa kanilang paglahok.

*Larawan* Ipakita ang larawan sa pahina 10, ituro ang isang batang nasa larawan, at itanong, "Ang bata bang ito ay anak ng Diyos?" Tumango at sabihing oo. Ulitin para sa bawat batang nasa larawan. Pagkatapos ay ituro ang sarili ninyo at itanong, "Ako ba ay anak ng Diyos?" Tumango at sabihing oo. Bigyang-diin na *lahat* ay anak ng Diyos at kilala at mahal Niya tayong lahat.

*Katapusan* Ibahagi ang inyong patotoo na tayong lahat ay anak ng Diyos at kilala at mahal Niya tayo.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa poster):* Pagdalhin ang mga magulang ng isang retrato ng anak nila sa nursery (maaaring nagbigay na sila ng retrato nang unang dumalo sa klase ng nursery ang bata; tingnan sa pahina 7. Sa itaas ng isang poster board, isulat, "Ako ay Anak ng Diyos." Mag-iwan ng malaking puwang para sa mga retrato ng mga bata.

*Para sa aktibidad sa larawang guhit:* Kopyahin ang mga larawang guhit sa pahina 11 para mabigyan ng isa ang bawat bata.

*Activity Verse (Pagtula at Pag-awit na May Aksyon)* Patayuin at pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsasagawa ng sumusunod na activity verse:

Kung napakatangkad mo, *(umunat at itaas ang mga bisig)*
Kilala at mahal ka ng Ama sa Langit.
Kung napakaliit mo, *(umupo at mamaluktot)*
Kilala at mahal ka ng Ama sa Langit.
Matangkad, *(umunat)*
Maliit, *(mamaluktot)*
Matangkad, *(umunat)*
Maliit, *(mamaluktot)*
Kilala at mahal tayong lahat ng Ama sa Langit.

*Poster* Idikit ang mga retrato ng mga bata sa poster na inihanda ninyo. Basahin sa mga bata ang pamagat ng poster at ipaalala sa kanila na tayong lahat ay anak ng Diyos. Idispley ang poster linggu-linggo at dagdagan iyon ng mga retrato ng ibang mga batang sumasali sa nursery.

*Larawang Guhit* Bigyan ang bawat bata ng isang kopya ng isa sa mga larawang guhit sa pahina 11. Ipaturo sa mga bata ang iba't ibang bahagi ng mukha (tulad ng mga mata, bibig, at iba pa). Pakulayan sa mga bata ang mga larawang guhit, kung gusto nila.


## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Panalangin:*** Kung kailangan ng tulong ng bata sa pagdarasal, bulungan siya ng maiikli at simpleng mga katagang mauulit niya. Maaaring manalangin ang nakatatandang mga bata gamit ang sarili nilang mga salita.

***Paggawa ng mga kopya:*** Kung wala kayong magamit na copy machine, mababakat ninyo ang mga larawang guhit sa isang malinis na papel.

***Pagkukulay:*** Hindi lahat ng bata ay gustong magkulay. Ang ilan ay maaaring gumawa lamang ng isa o dalawang guhit sa pahina. Layon ng mga larawang guhit sa mga araling ito na bigyan ng biswal na representasyon ng aralin ang mga bata na mahahawakan at maiuuwi nila. Hindi mahalaga na kulayan nila nang buong husay ang larawang guhit.





Ako ay Anak ng Diyos



Ako ay Anak ng Diyos

# 2 MAY PLANO ANG AMA SA LANGIT PARA SA AKIN



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Nabuhay tayo sa piling ng Ama sa Langit bilang mga espiritu bago tayo isinilang. Naghanda ng isang plano ang Ama sa Langit na nagtutulot sa ating pumarito sa lupa at magkaroon ng pisikal na katawan para maging katulad Niya at makabalik sa Kanyang kinaroroonan. Naging posible ito sa pamamagitan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo at ng ating pagsunod. Si Jesucristo ang hinirang na maging Tagapagligtas natin. (Tingnan sa Abraham 3:24–27; Mga Saligan ng Pananampalataya 1:3.)

## PAGHAHANDA

Markahan ang pahina 98 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin*

Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Kantahin ang Isang Kuwento*

Gamitin ang "Ako ay Anak ng Diyos" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 2–3) para ituro sa mga bata ang ilang mahahalagang detalye tungkol sa plano ng kaligtasan. Ang sumusunod na outline ay isang mungkahi:

Sabihin sa mga bata na nabuhay tayong lahat sa piling ng Ama sa Langit bago tayo isinilang.

Kantahin o bigkasin (pasabayin sa inyo ang mga bata):
Ako ay anak ng Diyos,
Dito'y isinilang.

Sabihin sa mga bata na may plano ang Ama sa Langit para sa atin. Sinabi Niya sa atin na maninirahan tayo sa mundo. Tuwang-tuwa tayo kaya humiyaw tayo sa galak. Pasigawin ang mga bata ng, "Yehey!"

Ipakita ang larawan ng isang pamilya sa pahina 14. Sabihin sa mga bata na pumarito tayo sa lupa upang manirahan sa piling ng isang pamilyang nagmamahal sa atin. Pahalukipkipin ang mga bata at payakapin sa sarili.

Kantahin o bigkasin:
Handog sa 'kin ay tahana't
Mabuting magulang.

Sabihin sa mga bata na habang narito tayo sa lupa, nais ng Ama sa Langit na maging maligaya tayo at sumunod sa Kanyang mga utos.

Kantahin o bigkasin:
Akayin at patnubayan,
Sa tamang daan.

Ipakita ang larawan ni Jesucristo sa pahina 98. Sabihin sa mga bata na pinili ng Ama sa Langit si Jesucristo para tulungan tayong makabalik

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Paghahanda:*** Maghanda ng mga larawan, larawang guhit, at iba pang mga materyal bago magsimula ang nursery. Tutulutan nitong matuon ang inyong pansin sa mga bata.

***Mga aktibidad sa pag-aaral:*** Para maakit ang mga bata at maituon ang kanilang pansin sa aralin, ipalibot sila nang malapit sa inyo. Kung maaari, lumuhod o umupo para matitigan ninyo sila sa mata. Hawakan ang mga larawan nang malapit sa kanila.

sa Kanya. Ipaliwanag na dahil kay Jesus, makakapiling natin ang Ama sa Langit at ating mga pamilya magpakailanman kung susundin natin ang mga kautusan.

Kantahin o bigkasin:

'Turuan ng gagawin
Nang S'ya'y makapiling.

Kantahin ang buong awit, na ipinapakita ang mga larawan habang kumakanta kayo ng:

Ako ay Anak ng Diyos,
Dito'y isinilang,
Handog sa 'kin ay tahana't *(ipakita ang larawan ng pamilya sa pahina 14)*
Mabuting magulang.

Akayin at patnubayan,
Sa tamang daan.
'Turuan ng gagawin *(ipakita ang larawan ni Jesus sa pahina 98)*
Nang S'ya'y makapiling.

*Katapusan* Ibahagi ang inyong patotoo tungkol sa plano ng Ama sa Langit para sa atin.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.


## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa bag game:* Kopyahin at gupitin ang mga larawang guhit sa pahina 15. Magdala ng pantakip sa mga larawang guhit, tulad ng maliit na bag o tela.

*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Kopyahin ang pahina 15 para sa bawat bata. Gupitin ang mga larawang guhit at wordstrip. Magdala ng pisi o sinulid at teyp para makagawa ng mga *mobile* para sa mga bata.

*Bag Game* Ilagay ang mga larawang guhit sa bag. Papiliin ng isang larawan ang isang bata mula sa bag. Basahin o kantahin ang caption at pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit o pagkanta ng mga salita. Ulitin hanggang matapos ang bawat batang gustong sumali.

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng mga larawang guhit sa pahina 15 at ipa-uwi ito sa kanila para ipakita sa kanilang mga magulang ang natutuhan nila sa nursery. Kung may oras pa kayo, gamitin ang pisi o sinulid at teyp upang gumawa ng mga *mobile* para sa mga bata tulad ng nasa diagram sa kanan.



## MGA TIP SA PAGTUTURO


***Mga sanggunian:*** Mga sangguniang gawa lamang ng Simbahan ang gamitin sa klase ng nursery (tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 137). Kung kailangan ninyo ng iba pang ipagagawa sa mga bata, pumili ng ibang mga kuwento, laro, puppet, o aktibidad sa pagkukulay mula sa manwal na ito o sa mga magasin ng Simbahan. Magagamit ninyo ang mga aktibidad na ito hangga't gusto ninyo, at maituturo ninyo ang isang aralin nang dalawa o tatlong sunud-sunod na linggo.

Ang ***mga opsyonal na aktibidad*** ay ibinigay sa inyo para idagdag sa inyong aralin kung gusto ninyo. Kung wala kayong mapagkunan ng mga kailangan, gumamit ng mga kahalintulad nito.

***Pagkukulay:*** Habang nagkukulay ang mga bata, repasuhin ang mga alituntuning itinuturo sa aralin. Ituro ang mga detalye sa mga larawan at ipaliwanag sa mga bata ang kanilang kinukulayan. Basahin sa kanila ang mga salita sa larawang guhit.




# May Plano ang Ama sa Langit para sa Akin



Ako ay anak ng Diyos,
dito'y isinilang.



Handog sa 'kin ay
tahana't mabuting
magulang.



'Turuan ng gagawin
nang S'ya'y makapiling.

# 3 MAAARI AKONG MANALANGIN SA AMA SA LANGIT



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Sa panalangin makakausap natin ang ating Ama sa Langit. Sinasabi natin sa Kanya na mahal natin Siya, pinasasalamatan natin Siya sa mga biyaya, at humihingi tayo ng tulong para sa atin at sa mga ibang nangangailangan. Winawakasan natin ang ating mga panalangin sa pangalan ni Jesucristo. Ang panalangin ay isa sa mga pinakadakilang biyaya sa atin habang narito tayo sa lupa. (Tingnan sa Mateo 6:9–13; Alma 34:18–27; 3 Nephi 18:19–21.)

## PAGHAHANDA

- Magdala ng ilang maliliit na bagay o larawang kumakatawan sa mga bagay na pinasasalamatan natin (tulad ng damit, pagkain, mga banal na kasulatan, at kung anu-ano pa) sa isang malaking bag. Isulat sa bag ang "Nagpapasalamat po kami." Magdala ng isa pang bag na may mga bagay o larawang kumakatawan sa mga bagay na maaari nating hilingin sa panalangin (tulad ng masayang pamilya, malakas na pangangatawan, pagmamahalan, at iba pa). Isulat sa bag na ito ang "Biyayaan Po Ninyo Kami."
- Markahan ang pahina 106 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Mga Larawan* Ipakita ang larawan ng batang si Jesus na nagdarasal (pahina 18). Sabihin sa mga bata na ito ay larawan ni Jesus na nagdarasal noong Siya ay bata pa. Ipakita ang larawan ng isang batang nagdarasal (pahina 18). Ipaliwanag na kausap natin ang Ama sa Langit kapag nagdarasal tayo; nagsisimula tayo sa pagsambit ng, "Ama namin sa Langit." Ipasambit sa mga bata ang, "Ama namin sa Langit."

Sabihin sa mga bata na pasasalamatan naman natin Siya para sa ating mga biyaya. Papiliin ang isang bata ng isang bagay mula sa bag na may nakasulat na "Nagpapasalamat Po Kami." Sambitin ang, "Nagpapasalamat po kami para sa [bagay na napili ng bata]." Ipasambit sa mga bata ang, "Nagpapasalamat po kami." Ulitin ang aktibidad na ito hanggang sa mapili ang lahat ng bagay. Pagkatapos ay sabihin sa mga bata na hihiling naman tayo sa Ama sa Langit ng mga biyaya, at ulitin ang aktibidad sa bag na may nakasulat na "Biyayaan Po Ninyo Kami." Ipasambit sa mga bata ang, "Biyayaan po ninyo kami."

Ipakita ang larawan ni Jesus sa pahina 106. Sabihin sa mga bata na winawakasan natin ang ating panalangin sa, "Sa pangalan ni Jesucristo, amen." Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsambit nito.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse at pasabayin sa inyo ang mga bata:

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Panalangin:*** Malaki ang maitutulong ninyo para magpitagan ang mga bata habang naghahanda para sa panalangin. Halimbawa, ipaalala sa kanila na maupo nang tahimik at humalukipkip. Maituturo din ninyo ang wika ng panalangin, sa pagtulong sa kanila na gumamit ng mapitagang mga salita tulad ng *"Kayo, Ninyo,* at *Inyo* sa halip na *ikaw, mo,* at *iyo.* Matuturuan ninyo silang magdasal hanggang matuto silang gumamit ng sarili nilang mga salita.

***Paghingi ng sagot:*** Mahalaga ang tono ng boses, pagtingin sa mata, at galaw kapag nagtuturo. Kapag humihingi ng sagot, tingnan ang mga bata, at sa nanghihikayat na boses ay sabihing, "Masasabi mo bang, 'Pinasasalamatan namin Kayo'?" Purihin ang mga bata sa paglahok.

Nagsisimula ako sa pagsasabi ng “Mahal na Ama sa Langit”; *(itaas ang isang daliri—panatilihing nakataas ang mga daliri sa buong activity verse)*
Pinasasalamatan ko siya sa mga biyayang ipinagkakaloob niya; *(itaas ang pangalawang daliri)*
At mapakumbaba akong humihiling ng mga bagay na kailangan ko, *(itaas ang pangatlong daliri)*
Sa pangalan ni Jesucristo, Amen. *(itaas ang pang-apat na daliri)*
[“I Pray in Faith,” *Children’s Songbook,* 14]

*Katapusan* Ipaalala sa mga bata na kausap nila ang Ama sa Langit kapag nagdarasal sila. Magpatotoo na dinidinig ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.


## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa flip-book:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 19. Kulayan kung gusto ninyo. Gumawa ng flip book sa paggupit sa tuwid na mga linya at pagtupi sa tulduk-tuldok na mga linya.

*Para sa kuwento sa banal na kasulatan:* Basahin ang Enos 1:1–8 at maghandang ibuod ang kuwentong ito sa mga bata. Magdala ng isang kopya ng Aklat ni Mormon. Markahan ang Enos 1 para madali ninyo itong mabuklat.

*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 19 para makulayan ng bawat bata. Gupitin sa tuwid na mga linya bago magsimula ang nursery.

*Flip Book* Ulitin ang mga tagubilin sa pahina 16 kung ano ang sasambitin natin sa panalangin, gamit sa pagkakataong ito ang flip book na inihanda ninyo. Habang ipinaliliwanag ninyo ang bawat bahagi ng panalangin, angatin ang angkop na *flap* o ipaangat ang mga *flap* sa isang bata. Magagamit din ninyo ang flip book habang binibigkas ninyo ang activity verse sa pahina 16. Maaari ninyong itago ang flip book para magamit sa klase ng nursery sa darating na mga linggo.





*Kuwento sa Banal na Kasulatan* Buklatin ang Aklat ni Mormon sa Enos 1 at ikuwento sa mga bata ang pagdarasal ni Enos. Nasa ibaba ang isang halimbawa:

Isang araw nagpunta si Enos sa gubat *(ipataas sa mga bata ang kanilang mga bisig at pagkunwariin silang mga puno)* para mangaso *(pagkunwariin silang nagpapana)*. Habang nasa gubat, nagdasal siya sa Ama sa Langit *(paluhurin ang mga bata na parang nagdarasal; tapusin ang kuwento habang sila ay nakaluhod)*. Sinagot ng Ama sa Langit ang kanyang dalangin, at natuwa si Enos. Batid niyang pagpapalain siya ng Ama sa Langit.

Sabihing, “Maaari akong manalangin sa Ama sa Langit.” Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit nito, nang dahan-dahan.

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng larawang guhit sa pahina 19. Pagkatapos nila, itupi sa tulduk-tuldok na mga linya.



### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Patotoo:*** Magpatotoo sa simple at maikling paraan; halimbawa: “Alam ko na dinidinig ng Ama sa Langit ang ating mga dalangin.”

***Nakatatandang mga bata:*** Magpatulong sa nakatatandang mga bata sa pagtuturo ng pagdarasal sa mga batang musmos. Magandang paraan ito para mapagtibay ang inyong naituro.


***Mga kuwento:*** Kapag isinasadula ng mga bata ang mga kaganapan sa isang kuwento, mas nauunawaan at naaalala nila ito. Tandaan na hindi dapat pagampanan ang papel ng Diyos Ama kapag nagsasadula ng isang kuwento. Huwag pagampanan ang papel ni Jesucristo maliban sa tagpo ng Kanyang pagsilang. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 219–20.)

***Pagkukulay:*** Habang nagkukulay ang mga bata, repasuhin ang mga alituntuning itinuro sa aralin. Ituro ang mga detalye sa mga larawan, at ipaliwanag sa mga bata ang kanilang kinukulayan. Basahin sa kanila ang mga salita sa larawang guhit.





Nagsisimula ako sa pagsasabing, “Ama namin sa Langit.”



Pinasasalamatan ko Siya para sa mga biyaya.




Hinihilingan ko Siya ng mga biyaya.



Sa pangalan ni Jesucristo, amen.

Maaari Akong Manalangin sa Ama sa Langit

# 4 MAHAL AKO NG AMA SA LANGIT AT NI JESUCRISTO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Sakdal ang pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo para sa bawat isa sa atin. Minahal Nila tayo bago tayo pumarito sa lupa; patuloy Nila tayong minamahal ngayon; at hindi magbabago ang dakilang pagmamahal Nila sa atin kailanman. Sa Kanyang pagmiministeryo sa lupa, nagpakita ng dakilang pagmamahal ang Tagapagligtas lalo na sa mga batang musmos (tingnan sa Mateo 18:5, 10; Marcos 10:13–16; 3 Nephi 17:11–24).

## PAGHAHANDA

- Basahin ang 3 Nephi 17:11–12, 21–24 at maghandang ibuod nang maikli ang kuwentong ito para sa mga bata.
- Magdala ng isang kopya ng Aklat ni Mormon.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Pagtuturo ng Doktrina* Sabihin sa mga bata na mahal ninyo sila, at magsalita nang maikli tungkol sa iba pang mga taong nagmamahal sa kanila, tulad ng kanilang mga magulang, kapatid, lolo't lola, at iba pa. Pagkatapos ay ipaliwanag na may dalawa pang nagmamahal sa kanila nang higit kaninuman—ang Ama sa Langit at si Jesucristo. Sabihin sa mga bata, "Alam ng Ama sa Langit at ni Jesus kung sino kayo. Alam Nila ang inyong pangalan, at mahal Nila kayo." Ituro ang isa sa mga bata, at sabihing, "Mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus si [pangalan ng bata]." Ulitin para sa bawat bata.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Kilala ako ng Ama sa Langit *(ituro ang sarili)*
At alam Niya ang gusto kong gawin.
Alam Niya ang pangalan ko at tirahan. *(pagdikitin ang dulo ng mga daliri sa kamay para maghugis-bubong ng bahay)*
Alam kong mahal din Niya ako. *(yakapin ang sarili)*

*Kuwento sa Banal na Kasulatan* Idispley ang larawan sa pahina 22. Sabihin sa mga bata na nalalaman natin sa mga banal na kasulatan na mahal ni Jesus ang mga batang musmos. Buklatin ang Aklat ni Mormon at ibuod nang maikli ang kuwento nang basbasan ni Jesucristo ang mga batang Nephita (3 Nephi 17:11–12, 21–24). Nasa ibaba ang isang halimbawa:

Tinuturuan ni Jesus ang mga tao *(ituro si Jesus sa larawan)*. Hiniling Niya sa kanila na dalhin sa Kanya ang mga musmos nilang anak *(ituro ang mga bata sa larawan)*. Naupo sila sa lupa sa paligid Niya, at lumuhod si Jesus at nanalangin *(paluhurin at pagyukuin ng ulo ang mga bata)*. Pagkatapos ay isa-isa Niyang binasbasan ang mga bata. Ginawa ito ni Jesus dahil mahal Niya ang mga batang musmos *(payakapin sa sarili ang mga bata)*.

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Pambungad:*** Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan na nakalista sa bahaging "Pambungad para sa Guro" ay mabuting paraan para maanyayahan ang Espiritu sa paghahanda ng inyong aralin (tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 16).

***Mga aksyon:*** Maaari kayong magkuwento sandali tungkol sa mga aksyong akma sa mga awit o activity verse. Halimbawa, maipaliliwanag ninyo na kapag pinagdikit nila ang dulo ng mga daliri nila sa kamay (linya 3 ng activity verse na ito) makagagawa sila ng hugis-bubong ng bahay, at ang aksyong ito ay akma sa katagang "tirahan."

*Awit* Kantahin o bigkasin ang sumusunod na mga titik sa "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo" *(Aklat ng mga Awit Pambata,* 42–43) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Aking nadarama *(ilagay ang mga kamay sa tapat ng puso)*
Ang pag-ibig ni Cristo. *(iunat ang mga bisig)* . . .
Aking nadarama, *(ilagay ang mga kamay sa tapat ng puso)*
Pag-ibig n'ya sa akin. *(ituro ang sarili)*

*Katapusan* Magpatotoo sa mga bata na mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus ang bawat isa sa kanila. Ipaulit sa mga bata ang mga katagang, "Mahal ako ng Ama sa Langit at ni Jesus," nang dahan-dahan.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa salamin:* Magdala ng isang salaming sapat ang laki para makita ng mga bata ang kanilang mukha.

*Para sa aktibidad sa larawan:* Magdala ng apat o limang larawan ng mga bagay na ipinagkaloob sa atin ng Ama sa Langit, tulad ng isang pamilya, isang tahanan, mga puno, mga banal na kasulatan, at iba pa. Maaari ninyong gamitin ang mga larawan sa mga magasin ng Simbahan, mga kopya ng mga larawan sa aklat na ito, o mga simpleng larawang kayo mismo ang nagdrowing.


*Para sa aktibidad sa paglalarawan:* Kopyahin at gupitin ang larawang guhit sa pahina 23 para makulayan ng bawat bata (isang bilog para sa bawat bata). Lagyan ng sinulid o pisi ang ibabaw ng bawat bilog para makagawa ng isang kuwintas.

*Aktibidad sa Salamin* Paupuin nang pabilog ang mga bata. Umikot sa loob ng bilog hawak ang salamin, at patingnan sa bawat bata ang kanyang mukha. Habang nakatingin ang bawat bata sa salamin, ipabigkas sa bata ang kanyang pangalan (kung kaya ng bata). At sabihing, "Mahal ng Ama sa Langit at ni Jesus si [pangalan ng bata]."

*Mga Larawan* Ilagay ang mga larawang dala ninyo sa iba't ibang lugar sa buong silid. Sabihin sa mga bata na binigyan tayo ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ng maraming biyaya dahil mahal Nila tayo. Isama sila sa paglakad ninyo papunta sa isa sa mga larawan, at tulungan silang sabihin ang biyayang kinakatawan nito. Ipagawa sa kanila ang aksyong nauugnay sa biyayang iyon (magkunwaring nagbabasa ng mga banal na kasulatan, magkunwaring isang puno, at iba pa). Ulitin para sa iba pang mga larawan.

*Activity Verse* Bigkasin ang activity verse sa pahina 9.

*Pagkukulay* Pakulayan ang mga kuwintas na inihanda ninyo para sa kanila. Basahin sa kanila ang mga salita sa larawang guhit.



### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Awit:*** Kung napakahaba ng isang awit o activity verse para sa mga bata sa inyong nursery, bahagi lamang nito ang gamitin.

***Mga batang musmos:*** Para mapanatili ang pansin ng mga batang musmos at lumahok sila sa mga aktibidad, maaari silang tulungan at bigyang-pansin ng isang nursery leader habang nagtuturo ang isa pang nursery leader.

***Patotoo:*** Ang pagpapatotoo ay nag-aanyaya sa Espiritu. Ipahayag ang inyong patotoo sa simple at maikling paraan; halimbawa: "Alam ko na mahal tayong lahat ng Ama sa Langit at ni Jesus."

***Nakaraang mga aralin:*** Kung kailangan pa ninyo ng ibang ipagagawa sa mga bata, pumili ng mga aktibidad mula sa nakaraang mga aralin. Maaaring ituro ang lahat o bahagi ng mga aralin nang mahigit sa isang beses. Natutuwa ang mga bata sa paulit-ulit, at ito ay magandang pagrerepaso.




Mahal Ako ng Ama sa Langit at ni Jesucristo


Mahal Ako ng Ama sa Langit at ni Jesucristo

# 5 IPINAKITA SA ATIN NI JESUCRISTO KUNG PAANO MAHALIN ANG IBA

## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Si Jesucristo ay nagpakita ng sakdal na halimbawa ng kabaitan at pagmamahal. Sa buong pagmiministeryo Niya sa lupa, nagpakita ng pagmamahal si Jesus sa iba sa pagbabasbas at paglilingkod sa mga dukha, maysakit, at namimighati. Sinabi Niya sa Kanyang mga disipulo, "Ito ang aking utos, na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, na gaya ng pagibig ko sa inyo" (Juan 15:12; tingnan din sa Juan 13:34–35; Moroni 7:46–48).

## PAGHAHANDA

- Markahan ang pahina 22 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.
- Magdala ng isang kopya ng mga banal na kasulatan.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* — Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Awit* — Sabihin sa mga bata na nang manahan sa lupa si Jesucristo, tinuruan Niya tayong mahalin ang iba; ipinakita Niya ito sa atin sa mga bagay na Kanyang ginawa. Kantahin o bigkasin ang koro ng "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 40–41) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Magmahal ka nang tulad ni Jesus. *(yakapin ang sarili at ibiling-biling ang katawan)*
Ang kabutiha'y 'pakitang lubos. *(tumangu-tango)*
Maging mahinahon sa diwa't kilos, *(yakapin ang sarili at ibiling-biling ang katawan)*
Ito ang turo ni Jesus. *(tumangu-tango)*

*Mga Kuwento sa Banal na Kasulatan* — Ipakita sa mga bata ang isang kopya ng mga banal na kasulatan. Sabihin sa kanila na nalalaman natin sa mga banal na kasulatan kung paano nagmahal si Jesus. Ikuwento nang maikli ang mga sumusunod:

*Kuwento 1* (ipakita ang larawang guhit sa pahina 27): Maraming taong dumating para makinig sa pagtuturo ni Jesus. Matagal sila roon at nagutom sila nang husto *(pagkunwariing nagugutom ang mga bata)*. Hindi sapat ang tinapay at isda para mapakain ang lahat ng tao. Binasbasan ni Jesus ang pagkain at sinabi sa Kanyang mga disipulo na ibigay ito sa mga tao. Lahat ay nakakain nang sapat, at marami pang pagkaing natira *(pagkunwariing kumakain ang mga bata)*. (Tingnan sa Mateo 14:13–21.)

Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsambit ng, "Ipinakita sa atin ni Jesus kung paano mahalin ang iba," nang dahan-dahan.

*Kuwento 2* (ipakita ang larawan sa pahina 26): Isang araw nakita ni Jesus ang isang lalaking bulag—hindi ito makakita *(patakpan sa mga bata ang kanilang mga mata)*. Binasbasan ni Jesus ang lalaki para makakita ito *(ipaalis sa mga bata ang takip nila sa mga mata)*. (Tingnan sa Juan 9:1–12.)



## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga awit:*** Gusto ng mga bata ang mga bagay na nakita at narinig na nila. Kumanta ng mga awit o gumawa ng mga activity verse mula sa araling ito o sa mga nakaraang aralin anumang oras sa klase ng nursery. Makakatulong ang pagrerepasong ito para matutuhan nila ang mga awit at maalala ang mga alituntunin ng ebanghelyong naituro na ninyo.

***Mga kuwento:*** Bago magkuwento, basahin ito nang ilang beses para maging pamilyar kayo rito. Habang nagkukuwento kayo, tingnan sa mata ang mga bata para mapanatili ang kanilang pansin. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 230–31.)

Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsambit ng, “Ipinakita sa atin ni Jesus kung paano mahalin ang iba.”

*Kuwento 3* (ipakita ang larawan sa pahina 22): Nang mabuhay na mag-uli si Jesus, dinalaw Niya ang mga Nephita. Dahil mahal Niya ang mga bata, binasbasan Niya ang bawat isa sa kanila *(payakapin sa sarili ang mga bata).* (Tingnan sa 3 Nephi 17:21–24.)

Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsambit ng, “Ipinakita sa atin ni Jesus kung paano mahalin ang iba.”


*Awit* Muling kantahin o bigkasin ang koro ng “Sinisikap Kong Tularan si Jesus.” Pasabayin ang mga bata sa pagkanta at mga aksyon ninyo.

*Katapusan* Magpatotoo na maaari nating mahalin ang iba tulad ng ginawa ni Jesus.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*Paghahanda* *Para sa puzzle:* Magdala ng isang larawan ng Tagapagligtas (magagamit ninyo ang larawan sa pahina 106 kung gusto ninyo). Humanap ng papel na kasukat ng larawan (o gumupit ng papel na kasukat nito) at gupitin ang papel sa tatlo o apat na piraso para makagawa ng puzzle. Isulat ang “Mamahalin Ko ang Iba” sa likod ng bawat piraso.



*Para sa aktibidad sa banal na kasulatan:* Magdala ng isang kopya ng Biblia. Markahan ang Juan 15:12 para madali ninyo itong mabuklat.

*Para sa aktibidad sa larawang guhit:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 27 para sa bawat bata.

*Puzzle* Takpan ng mga piraso ng puzzle ang larawan ni Jesus. Papiliin ng isang piraso ang isang bata. Basahin ang mga kataga sa papel at ipaulit ito sa lahat ng bata. Magtalakay ng isang paraan na maipapakita natin ang pagmamahal sa iba (magpasalamat, magbahagi, gawin ang ipinagagawa ni Inay o Itay, iligpit ang mga laruan, at iba pa). Ulitin gamit ang bawat piraso ng papel hanggang sa tuluyang mawalan ng takip ang larawang guhit. Pagtibayin ang konseptong ipinakita sa atin ni Jesucristo kung paano mahalin ang iba.

*Banal na Kasulatan* Sabihin sa mga bata na itinuro sa atin ni Jesus sa mga banal na kasulatan na magmahalan tayo. Buklatin ang Biblia sa Juan 15:12 at basahin ang, “Kayo’y mangagibigan.” Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit ng mga katagang ito.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa “Mahalin Bawat Tao, Sabi ni Cristo” (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 39) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Mahalin bawat tao; *(iunat ang mga bisig)*
Sabi ni Cristo. *(tumangu-tango)*
At sila’y magmamahal, *(ilagay ang kamay sa tapat ng puso)*
Nang lubos sa ‘yo. *(yakapin ang sarili)*

*Larawang Guhit* Bigyan ang bawat bata ng isang kopya ng larawang guhit sa pahina 27. Tanungin ang mga bata tungkol sa larawang guhit para maipaalala sa kanila ang kuwento ninyo kanina. Halimbawa:

Nakikita ba ninyo si Jesus sa larawan? *(ipaturo sa mga bata si Jesus sa mga kopya nila ng larawang guhit)*
Ano ang nasa mga basket? *(pagkunwariing kumakain ang mga bata)*

## MGA TIP SA PAGTUTURO

Ang ***mga batang musmos*** ay maaaring hindi makayang ulitin ang mga katagang ito. Tulungan silang sambitin ang mahahalagang salitang gaya ng “Jesus” at “pagmamahal.”

***Opsyonal na mga aktibidad:*** Para mapanatili ang aktibong paglahok at pagkatuto, palitan ng mga aktibidad na may aksyon ang pakikinig. Panatilihin sa dalawa o tatlong minuto ang haba ng bawat aktibidad.


***Pag-uulit:*** Gusto ng mga batang edad-nursery ang pag-uulit, at nakakatulong ito para matuto sila. Kung interesado at nakikinig pa ang mga bata, ulitin ang mga aktibidad para may pagkakataong lumahok ang bawat bata.





Ipinakita sa Atin ni Jesucristo
Kung Paano Mahalin ang Iba

# 6 TINUTULUNGAN AKO NG ESPIRITU SANTO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ang Espiritu Santo ay miyembro ng Panguluhang Diyos, kasama ng Ama sa Langit at ni Jesucristo. Siya ay isang personaheng espiritu (tingnan sa D at T 130:22). Ang misyon ng Espiritu Santo ay patotohanan ang Ama at ang Anak at ang katotohanan ng lahat ng bagay (tingnan sa 3 Nephi 11:36; Moroni 10:5). Maaari din Niya tayong gabayan sa paggawa ng mga matwid na desisyon at aliwin (tingnan sa D at T 31:11). Ang paraan ng pakikipag-usap sa atin ng Espiritu Santo ay inilarawan sa mga banal na kasulatan bilang "marahang bulong na tinig" (tingnan sa I Mga Hari 19:11–12).

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Awit* Sabihin sa mga bata na kakanta kayo tungkol sa Ama sa Langit. Kantahin o bigkasin ang mga titik sa unang taludtod ng "Aking Ama'y Buhay" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 8) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Aking Ama'y buhay Mahal N'ya ako. *(ilagay ang kamay sa dibdib)*
Espiritu'y bumubulong: "Ito ay totoo, *(isalikop ang kamay sa tainga)*
Ito ay totoo."

*Aktibidad sa Pag-uulit* Ipasambit sa mga bata ang "Espiritu." Sabihin sa kanila na ang isa pang tawag sa Espiritu ng Diyos ay Espiritu Santo. Ipasambit sa mga bata ang "Espiritu Santo." Ipaliwanag na ipinaaalam sa atin ng Espiritu Santo na mahal tayo ng Ama sa Langit.

*Dula-dulaan* Sabihin sa mga bata na kapag ginagawa natin ang tama, ipinaaalam sa atin ng Espiritu Santo na tama ang ating pasiya. Pasalihin ang mga bata sa pagdudula-dulaan ninyo ng pagsasagawa ng mga bagay na tama. Halimbawa:

Tama lamang ang magsimba. Magkunwari tayong naglalakad papunta sa simbahan *(iimbay ang mga kamay habang naglalakad nang pabilog)*.

Ulitin sa iba pang mga halimbawa, tulad ng pagpapahiram ng laruan, pagtulong kay Inay sa pagwawalis ng sahig, at iba pa.

*Kuwento* Ipaliwanag na matutulungan din tayo ng Espiritu Santo kapag natatakot tayo. Ikuwento ang sumusunod:

Isang araw may malakas na bagyo sa lugar nina David. Malakas ang kulog *(patakpan sa mga bata ang kanilang mga tainga)* at hangin *(paihipin ang mga bata na parang hangin)* at ulan *(ipagaya sa mga bata ang ulan gamit ang kanilang mga daliri)*. Natakot si David. Sabi ng kanyang ina, tuwing matatakot siya nagdarasal siya sa Ama sa Langit *(ipakita ang larawan sa pahina 30.* Ipinagdasal ni David at ng kanyang ina na panatilihin silang ligtas ng Ama sa Langit. Sa gayon ay hindi na natakot si David at sumaya na siya.

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Espiritu Santo:*** Kahit bata pa, matututo ang mga bata na madama ang impluwensya ng Espiritu Santo. Sa anumang aralin, tulungan silang madama ang init ng pagmamahal na nagmumula sa Espiritu Santo—lalo na kapag nag-aaral sila tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

***Mga batang musmos:*** Tandaan na karamihan sa mga bata ay nahihirapang magtuon ng pansin nang napakatagal. Abangan ang mga palatandaan na kailangan na nila ng bagong gagawin. Kung matagal na silang nakaupo, magsagawa ng isang aktibidad na maigagalaw nila ang kanilang katawan.

Sabi ng kanyang ina, ipinadala ng Ama sa Langit ang Espiritu Santo para madama niya iyon at hindi siya matakot.

Ipasambit sa mga bata ang "Espiritu Santo."

*Katapusan* Magpatotoo tungkol sa Espiritu Santo. Maaaring ibilang dito ang isang simple at maikling karanasan ninyo sa buhay nang kayo ay gabayan ng Espiritu Santo.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa banal na kasulatan:* Magdala ng isang kopya ng Biblia. Markahan ang Juan 14:26 para madali ninyo itong mabuklat.

*Para sa aktibidad sa larawang guhit:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 31 para sa bawat bata.

*Para sa cube game:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 31 at kulayan ito kung gusto ninyo. Gupitin sa tuwid na mga linya at itupi sa tulduk-tuldok na mga linya. Iteyp o idikit ang mga pananda para makagawa ng isang cube.


*Activity Verse* Bumuo ng bilog kasama ang mga bata at bigkasin ang sumusunod na activity verse:

Mahina ang bulong ng Espiritu Santo. *(idantay ang daliri sa mga labi)*
Hindi Siya sumisigaw, iyan ay totoo. *(isalikop ang mga palad sa bibig na parang sumisigaw)*
Babasbasan at tutulungan at gagabayan niya kayo *(maghawakan sa kamay at maglakad nang pabilog)*
Sa lahat ng bagay na ginagawa ninyo. *(umupo)*

*Banal na Kasulatan* Sabihin sa mga bata na itinuro ni Jesus sa mga banal na kasulatan na tuturuan tayo ng Espiritu Santo. Buklatin ang Biblia sa Juan 14:26 at basahin ang, "Ang Espiritu Santo . . . ang magtuturo sa inyo ng lahat ng mga bagay." Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit ng mga katagang ito, nang dahan-dahan.

*Larawang Guhit* Idispley ang larawang guhit sa pahina 31 at bigyan ang bawat bata ng kopya nito. Ituro ang larawan ng gusali ng Simbahan at ipaliwanag na ipinaaalam sa atin ng Espiritu Santo na tama lamang ang magsimba. Ipaturo sa mga bata ang gusali ng Simbahan sa kanilang kopya. Ulitin para sa iba pang mga larawang guhit.

*Cube Game* Pagulungin ang cube na ginawa ninyo. Basahin ang caption sa ibabaw ng cube, at pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit nito. Pagkatapos ay magpagawa sa mga bata ng ilang simpleng aksyong akma sa larawan. Kapag lumitaw ang bahaging may nakasulat na "Tinutulungan Ako ng Espiritu Santo," sabihin sa mga bata na ipinaaalam sa atin ng Espiritu Santo kapag nakagawa tayo ng kabutihan. Ulitin, at bigyan ang bawat bata ng pagkakataong pagulungin ang cube.





## MGA TIP SA PAGTUTURO


***Sariling mga karanasan:*** Ang pagkukuwento ng sariling karanasan ay magpapakita sa mga tinuturuan ninyo kung paano naiimpluwensyahan ng ebanghelyo ang ating pang-araw-araw na buhay (tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 55, 236–37). Para sa ganitong edad, ang karanasang ibabahagi ninyo ay dapat maging napakasimple at maikli—hindi hihigit sa isa o dalawang pangungusap.

***Mga banal na kasulatan:*** "Kapag tinuturuan ninyo ang mga bata, dapat ninyong gamitin nang madalas ang mga banal na kasulatan at humanap ng mga paraan na maging palagay ang loob ng mga bata sa paggamit ng mga banal na kasulatan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 71). Matutulungan ninyo silang mahalin ang mga banal na kasulatan bago pa sila matutong magbasa. Kahit maikling bahagi lamang ng talata ang babasahin ninyo sa mga bata, basahin ang buong talata sa paghahanda ninyo para sa aralin.


Ang ***pagsasalitan*** ay mahirap para sa mga batang musmos. Kung maraming bata sa inyong klase ng nursery, maaaring kayo mismo ang magpagulong sa cube tuwina sa halip na magsalitan ang mga bata.




# Tinutulungan Ako ng Espiritu Santo



Magsimba




Manalangin



Maging mabait




Sundin ang mga magulang



Magbasa ng mga banal na kasulatan

# 7 NILIKHA NI JESUCRISTO ANG DAIGDIG PARA SA AKIN



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Sa patnubay ng Ama sa Langit, nilikha ni Jesucristo ang magandang daigdig na tinitirhan natin (tingnan sa Moises 2:1). Nilikha ang daigdig para bigyan tayo ng isang lugar kung saan maaari tayong subukan at magtamo ng mga karanasan upang higit tayong maging katulad ng ating Ama sa Langit (tingnan sa Abraham 3:24–25). Ang kahanga-hangang mga kagandahan ng daigdig ay saksi sa kapangyarihan at malaking pagmamahal ng Ama sa Langit at ni Jesucristo (tingnan sa Moises 6:63).

## PAGHAHANDA

Magdala ng isang kopya ng Biblia. Markahan ang Genesis 1:1 para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga salita sa "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 16–17) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

T'wing maririnig, huni ng ibon *(isalikop ang kamay sa tainga)*
O langit ay mamasdan, *(tumingala, magkunwaring tinatabingan ng kamay ang mga mata)*
T'wing madarama patak ng ulan *(idantay ang dulo ng mga daliri ng kamay sa mukha)*
At ang hangin na kay-inam, *(ikaway ang mga kamay)*
T'wing masasamyo ang bulaklak *(pagsalikupin ang mga kamay)*
O daraan sa puno, *("pagapangin" ang dalawang daliri paakyat sa kabilang bisig)*
Anong ligaya ako'y mapabilang *(ituro ang sarili)*
Sa mundong likha ng Maylalang. *(pagsalikupin nang pabilog ang mga kamay sa ulunan)*

*Banal na Kasulatan* Buklatin ang Biblia sa Genesis 1:1 at basahin ang, "Nang pasimula ay nilikha ng Dios ang langit at ang lupa." Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit ng banal na kasulatang ito, nang dahan-dahan. Ipaliwanag na ipinalikha ng Ama sa Langit kay Jesucristo ang daigdig at lahat ng narito; nilikha rin ni Jesus ang araw para bigyan tayo ng liwanag. Ipasalikop sa mga bata nang pabilog ang kanilang mga kamay sa kanilang ulunan at ipasambit ang "araw."

Sabihin sa mga bata na nilikha ni Jesus ang mga bituing nakikita natin sa gabi. Ipabukas-sara sa mga bata ang kanilang mga kamay na parang mga bituing kumikislap at ipasambit ang "mga bituin."

*Larawan* Ipakita ang larawan sa pahina 34. Ituro ang mga puno at sabihin sa mga bata na nilikha ni Jesus ang mga halaman. Patayuin ang mga

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga awit:*** "Ang karamihan sa mga bata ay natutuwang sumali sa mga gawaing musikal. Ang kaakit-akit na ritmo ng musika ay tumutulong sa mga bata na maalaala . . . ang mga mensahe ng mga salita. Ang musika ay nakadaragdag sa pang-unawa ng mga bata sa mga alituntunin ng ebanghelyo at nakapagpapalakas sa kanilang patotoo" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 229).

***Mga batang musmos:*** Kung hindi na mapakali ang mga bata bago ninyo matapos ang lahat ng aktibidad sa pag-aaral, maaari ninyong itigil ang aralin at gumawa kayo ng isang aktibidad na makakagalaw ang mga bata, tulad ng paglakad, pag-imbay, o paggalaw ng kanilang mga bisig. Habang lumalaki ang mga bata, magagawa nilang magtuon ng pansin nang mas matagal.

bata at ipataas ang kanilang mga kamay, na nagkukunwaring mga punong hinihipan ng hangin. Ipasambit sa kanila ang "mga puno."

Ituro ang mga hayop sa larawan at ipaliwanag na nilikha ni Jesus ang mga hayop. Magpabanggit at magpalikha sa mga bata ng tunog ng ilang hayop.

*Katapusan* Ipaliwanag na nilikha ni Jesus ang lahat ng ito dahil mahal Niya tayo. Magpasalamat para sa ating magandang daigdig.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa binhi:* Dalhan ng basong plastik ang bawat bata. Magdala rin ng kaunting lupang ilalagay sa mga baso at ilang binhi (tulad ng binhi ng bins, mais, o trigo) na itatanim ng bawat bata. Sa bawat baso isulat ang, "Nilikha ni Jesucristo ang mga Binhi para sa Akin." Maghanda ng isang maikling tagubiling maiuuwi ng mga bata na nagpapaliwanag kung paano alagaan ang binhi.

*Para sa aktibidad sa aklat:* Gumawa ng kopya ng pahina 35 para makulayan ng bawat bata. Magdala ng teyp o pandikit.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Kayganda ng Mundo" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 123) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Kayganda ng mundo! Ako'y masaya *(Diinan ang magkabilang sulok ng bibig)*
Sa lahat ng para sa 'ki'y nilikha— *(ituro ang sarili)*
Ang mga bulaklak, *(magkunwaring sumasamyo ng bulaklak)*
araw, *(pagsalikupin nang pabilog ang mga kamay sa ulunan)*
at bituin, *(ibukas-sara ang mga kamay na parang mga bituing kumikislap)*
Tahana't pamilyang mahal sa akin. *(yakapin ang sarili)*

*Aktibidad sa Binhi* Lagyan ng kaunting lupa ang bawat basong dala ninyo at pataniman ito ng binhi sa bawat bata. Habang ginagawa nila ito, sabihin sa kanila na kung didiligan nila ang kanilang mga binhi at ilalagay ang mga ito sa may sikat ng araw, lalago at magiging halaman ang mga binhi. Ipaalala sa kanila na nilikha ni Jesucristo ang mga binhi, lupa, ulan, at sikat ng araw. Ipauwi sa mga magulang ang baso ng kanilang mga anak para mabantayan nila ang paglago ng kanilang mga binhi. Angkop na angkop ang aktibidad na ito sa nakatatandang mga bata.


*Aklat* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng larawang guhit sa pahina 35. Habang nagkukulay sila, repasuhin ang mga bagay na itinuro ninyo sa aralin. Kapag natapos na sila, itupi ang larawang guhit at iteyp o idikit ito ayon sa mga tagubiling nasa larawan. Pagkatapos ay basahin ang aklat sa mga bata.





### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Aktibidad sa binhi:*** Kung pipiliin ninyong gawin ang aktibidad na ito, itago ang mga baso ng lupa sa isang ligtas na lugar hanggang uwian na ng mga bata. Kung nagkaklase ang inyong nursery bago mag-sacrament meeting, huwag ipadala sa mga bata ang mga baso ng lupa sa loob ng kapilya. Sa halip, ibigay ang mga baso sa mga magulang pagkatapos ng sacrament meeting.

***Aklat:*** Pag-isipang gumawa ng isang activity box na maitatago sa nursery. Maaaring ilagay dito ang aklat na ginawa ninyo para sa araling ito at iba pang mga bagay na ginagawa o ginagamit ninyo sa iba pang mga aktibidad. Pagkatapos ay maaari ninyong ulitin ang mga aktibidad na iyon sa susunod na mga klase ng nursery para marepaso ang nakaraang mga aralin. Maaari kayong magrepaso anumang oras sa klase ng nursery.




# Nilikha ni Jesucristo ang Daigdig para sa Akin




Nilikha ni Jesus ang araw.




Nilikha Niya ang buwan at mga bituin.



Nilikha Niya ang mga halaman.



Nilikha Niya ang mga hayop.



Nilikha Niya ang mga ibon.

1. Hatiin at itupi sa linyang ito


2. Itupi sa linyang ito

3. Itupi sa linyang ito

4. Maglagay ng teyp o pandikit sa panel na ito

5. Itupi sa linyang ito

# 8 LINGGO ANG ARAW PARA ALALAHANIN ANG AMA SA LANGIT AT SI JESUCRISTO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Noon pang panahon ng Lumang Tipan, itinalaga na ng mga tao ng Diyos ang isa sa pitong araw bilang araw ng Sabbath—isang araw ng pamamahinga mula sa mga gawain at pagsamba sa Diyos (tingnan sa Genesis 2:2–3; Exodo 20:8–11). Inulit ng Panginoon ang kautusang ito sa ating panahon, at nangako Siya na kapag pinanatili nating banal ang araw ng Sabbath, mananatili tayong "walang bahid-dungis mula sa sanlibutan" (tingnan sa D at T 59:9–10).

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Larawan* Ipakita ang larawan ng pamilyang naglalakad papunta sa simbahan sa pahina 38 at sabihin sa mga bata na ang pamilyang ito ay papunta sa simbahan sa araw ng Linggo. Ipaliwanag na ang Linggo ay espesyal na araw at nagsisimba tayo tuwing Linggo upang sambahin ang Ama sa Langit at si Jesucristo at mag-aral tungkol sa Kanila.

*Mga awit* Sabihin sa mga bata, "Kunwari ay magsisimba tayo." Palakarin sila nang pabilog at ipakanta o ipabigkas sa kanila ang sumusunod na mga titik sa "Masayang Gawin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 129):

Ang magsimba ay kaysaya,
Kaysaya, O kaysaya!
Ang magsimba ay kaysaya,
O kaysaya, saya!

Paupuin ang mga bata, at sabihin sa kanila na kapag nagsisimba tayo naaalala natin *(ituro ang inyong ulo)* at naiisip *(muling ituro ang inyong ulo)* ang Ama sa Langit at si Jesus. Kantahin o bigkasin ang unang taludtod ng "Tahimik, Taimtim" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 11):

Tahimik, taimtim, kayo ay iisipin.

Ipakita ang larawan ng pamilyang nasa tahanan sa pahina 38. Ituro ang iba't ibang miyembro ng pamilya at ipaliwanag na pagkatapos magsimba, sa ating tahanan, maaaring alalahanin ng ating pamilya ang Ama sa Langit at si Jesus. Maaari tayong sama-samang magbasa ng mga banal na kasulatan *(sabihan ang mga bata na magkunwaring binabasa nila ang mga banal na kasulatan)* at sama-samang manalangin *(ipahalukipkip sa mga bata ang kanilang mga kamay)* at magmahalan *(ipalagay sa mga bata ang kanilang mga kamay sa tapat ng kanilang puso)*. Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Isang Masayang Pamilya" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 104). Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Mahal ko ang nanay ko,
Mahal ko ang tatay ko.
Ako'y mahal din nila;
Mag-anak nami'y kaysaya.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga awit:*** Habang naghahanda kayong magturo, sikaping isaulo ang mga titik sa mga awit at activity verse. Itutuon nito ang inyong pansin sa mga bata at sa kanilang pag-aaral. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 211.)

***Mga awit:*** Pag-isipang gumawa ng listahan ng mga awiting pinag-aaralan ng mga bata, lalo na ang mga awiting gustung-gusto nilang kantahin. Kantahin ang mga ito sa buong klase ng nursery bawat linggo, habang ang mga bata ay naglalaro ng mga laruan, bago o pagkatapos ng meryenda, o habang hinihintay ng mga bata ang kanilang mga magulang. Mabuting paraan ito upang marepaso ang nakaraang mga aralin. Kahit hindi sumabay ang mga bata sa pagkanta ninyo sa una, nakikinig sila at natututo.

*Katapusan* Paalalahanan ang mga bata na ang Linggo ay araw upang alalahanin ng ating pamilya ang Ama sa Langit at si Jesus sa simbahan at sa tahanan. Ipasambit sa mga bata ang, “Linggo.”

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa bag game:* Gumawa ng kopya ng pahina 39. Gupitin ang mga larawang guhit at kulayan ang mga ito, kung gusto ninyo. Ilagay ang mga larawang guhit sa isang bag o sa ibang sisidlan.

*Para sa aktibidad sa banal na kasulatan:* Magdala ng isang kopya ng Biblia. Markahan ang Genesis 2:2 para madali ninyo itong mabuklat. Markahan din ang pahina 34 sa manwal na ito.

*Para sa aktibidad sa aklat:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 39 para makulayan ng bawat bata.

*Bag Game* Papiliin ng isang larawan ang isang bata mula sa bag. Basahin ang caption at ipagawa sa mga bata ang aksyong iminumungkahi sa larawan (tulad ng paglakad sa kinatatayuan para sa “Sa Linggo makakasimba ako” o pagturo sa kanilang ulo para sa “Ang Linggo ay araw ng pag-alaala sa Ama sa Langit at kay Jesucristo”). Ipabigkas sa mga bata ang mga pangunahing salita mula sa bawat caption, tulad ng “Jesus,” “mga banal na kasulatan,” “pamilya,” at “simbahan.” Ulitin ito sa bawat larawan o hanggang makatapos ang bawat batang gustong sumali.


*Banal na Kasulatan* Ipakita ang larawan sa pahina 34 at repasuhin sa mga bata ang kuwento ng Paglikha (tingnan sa Genesis 1 at aralin 7 sa manwal na ito). Ipaliwanag na nilikha ni Jesus ang daigdig sa loob ng anim na araw.

Sabihin sa mga bata na babasahin ninyo ang isang banal na kasulatan na nagsasabi sa atin kung ano ang ginawa ni Jesus sa ikapitong araw. Buklatin ang Biblia sa Genesis 2:2 at basahin, “[Siya ay] nagpahinga ng ikapitong araw sa madlang gawa niyang ginawa.” Bigyang-diin ang salitang *nagpahinga* habang binabasa ninyo ito.

Itanong: “Ano ang ginawa ni Jesus sa ikapitong araw?”
Sagot: “Siya ay nagpahinga.”

Sabihin sa mga bata na sa anim na araw ng linggo tayo ay nagtatrabaho. Ipaakto sa kanila ang iba’t ibang uri ng trabaho, tulad ng pagwalis ng sahig, pagbungkal sa halamanan, at iba pa. Ipaliwanag na nagpapahinga tayo sa araw ng Linggo. Paupuin ang mga bata, at sabihin sa kanila kung gaano kalaki ang pasasalamat ninyo sa Ama sa Langit na binigyan tayo ng isang araw upang makapagpahinga mula sa ating mga gawain.

*Aklat* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng pahina 39. Habang nagkukulay sila, sabihin sa kanila ang tungkol sa mga larawang guhit at ipaalala na ito ang mga bagay na ginagawa natin upang alalahanin at sambahin ang Ama sa Langit at si Jesucristo sa araw ng Linggo. Kapag tapos na silang magkulay, itupi sa tulduk-tulok na mga linya upang makagawa ng aklat. Pagkatapos ay basahin ang aklat sa mga bata.




## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Bag game:*** Kung wala kayong bag o iba pang sisidlan, maaari ninyong itaob ang mga larawang guhit at papiliin ang isang bata ng isang larawang ititihaya.


Ang ***pagsasalitan*** ay maaaring mahirap para sa mga bata. Makakatulong kung paupuin sila sa silya o sa sahig habang naghihintay ng kanilang turno. Maaari din ninyong sabihan ang isa sa mga nursery leader na tulungan sila sa paghihintay habang nagtuturo ang isa pang nursery leader.

***Aklat:*** Hikayatin ang mga bata na ipakita ang kanilang mga aklat sa kanilang mga pamilya. Bibigyan nito ng pagkakataon ang kanilang mga magulang na repasuhin sa kanilang mga anak ang mga natutuhan nila. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 220.)







Maaari akong magsimba
sa araw ng Linggo.



Maaari akong magpakita ng
espesyal na pagmamahal sa aking
pamilya sa araw ng Linggo.






Mababasa ko ang mga banal na
kasulatan sa araw ng Linggo.



Ang linggo ay araw para
alalahanin ang Ama sa
Langit at si Jesucristo.

# 9 AKO AY MAY KATAWANG KATULAD NG SA AMA SA LANGIT



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Bawat isa sa atin ay anak ng Diyos. Itinuturo ng mga banal na kasulatan na "nilalang ng Dios ang tao ayon sa kaniyang sariling larawan" (Genesis 1:27; tingnan din sa Moises 2:26–27; Abraham 4:26–27). Ibig sabihin nito ang ating mga katawan ay katulad ng sa Kanya. Nakita ni Propetang Joseph Smith ang Ama sa Langit at si Jesucristo, at itinuro niya na "ang Ama ay may katawang may laman at mga buto na nahihipo gaya ng sa tao; ang Anak din" (D at T 130:22).

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Awit* Kantahin ang unang taludtod ng "Ako ay Anak ng Diyos" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 2):

Ako ay Anak ng Diyos,
Dito'y isinilang,
Handog sa 'kin ay tahana't
Mabuting magulang.

Ulitin, at sabihin sa mga bata na pakinggan o sabayan kayo sa pagkanta. Sabihin sa kanila na kapag sinasabi nating "Diyos" ang ibig nating sabihin ay Ama sa Langit.

*Kuwento sa Banal na Kasulatan* Ipakita ang larawan sa pahina 42. Ikuwento nang maikli ang Unang Pangitain ni Joseph Smith upang maituro sa mga bata na ang Ama sa Langit ay may katawang tulad ng sa atin (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17). Nasa ibaba ang isang halimbawa:

Noong bata pa si Joseph Smith *(ituro si Joseph sa larawan),* nagdasal siya sa Ama sa Langit. May nangyaring napakaganda. Nakita ni Joseph ang Ama sa Langit at si Jesucristo *(ituro ang Ama sa Langit at si Jesus sa larawan)*. Pinuntahan at kinausap nila si Joseph. Nakita ni Joseph na ang Ama sa Langit ay katulad nating may katawan. Ang Ama sa Langit ay may mga bisig. Mayroon ba kayong mga bisig? Ipakita ninyo sa akin ang inyong mga bisig. Ang Ama sa Langit ay may mga kamay. Mayroon ba kayong mga kamay? Ipakita ninyo sa akin ang inyong mga kamay. Ang Ama sa Langit ay may mukha. Mayroon ba kayong mukha? Hipuin ang inyong mukha. Kayo ay tunay na tao. Ang Ama sa Langit ay tunay na tao. Nilikha Niya ang inyong katawan. Mayroon kayong katawan na katulad ng sa Ama sa Langit.

*Activity Verse* Patayuin at pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsasagawa ng sumusunod na activity verse:

Espesyal ang katawan ko
Ama sa Langit ang nagbigay nito. *(ilagay ang kamay sa dibdib)*
Upang makarinig binigyan Niya ako ng tainga *(isalikop ang kamay sa tainga)*
At mga mata upang makakita. *(ituro ang mga mata)*

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga aktibidad sa pag-aaral:*** Subaybayan ang pakikilahok ng mga bata sa mga aktibidad. Alam ninyo ang mga kakayahan at pangangailangan ng mga bata sa inyong nursery. Iakma ang mga aktibidad kung kailangan. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 41–42.)

***Mga activity verse:*** Maaari ninyong gamitin ang mga activity verse anumang oras sa klase ng nursery, tuwing kailangang gumalaw ang mga bata, o kapag kailangan ninyong kunin ang kanilang pansin. Mabuting paraan din ang mga ito upang marepaso ang mga alituntuning naituro na ninyo.

Binigyan ng mga kamay upang pumalakpak, *(pumalakpak)*
Dalawang paa upang ipanyapak. *(umikot)*
At kapag gusto ko hinlalaki'y abot ko *(yumukod at hipuin ang hinlalaki sa paa)*
Habang ako'y nakayuko.

Kapag naiisip ko ang aking katawan, *(ilagay ang daliri sa ulo)*
Talaga namang napakainam
Na ito'y pinlano ng ating Ama
Na maging katulad ng sa Kanya. *(tahimik na maupo)*

*Katapusan* Pasundan sa mga bata ang pagsambit ninyo, nang dahan-dahan, ng "Ako ay may katawang katulad ng sa Ama sa Langit." Magpasalamat para sa inyong katawan.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD


*PAGHAHANDA* *Para sa kuwentong gumagamit ng finger-puppet:* Kopyahin, kulayan, at gupitin ang mga finger puppet na nasa pahina 91.
*Para sa aktibidad sa pagbabakat:* Magdala ng blangkong papel para sa bawat bata at panulat.
*Para sa aktibidad sa larawang guhit:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 43 para sa bawat bata.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Ulo, Balikat, Tuhod, at Paa" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 129) at ituro ang bawat bahagi ng katawan na babanggitin ninyo. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Ulo, balikat, tuhod, at paa,
Tainga, at bibig, ilong at mata.

Ulit-ulitin hangga't gusto ng mga bata. Paalalahanan sila na binigyan tayo ng Ama sa Langit ng katawan na katulad ng sa Kanya.

*Kuwentong Gumagamit ng Finger-Puppet* Muling ikuwento ang Unang Pangitain, gamit ang ginawa ninyong mga finger puppet (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:11–17; tingnan din ang halimbawa sa pahina 88). Bigyang-diin ang katotohanan na nakita ni Joseph Smith na may katawan ang Ama sa Langit at si Jesucristo na katulad ng sa atin.



*Pagbabakat* Bakatin ang kamay ng bawat bata sa isang papel. Pakulayan sa kanila ang binakat na mga kamay. Isulat sa papel ang pangalan at edad ng bata at ang petsa.

*Larawang Guhit* Idispley ang larawang guhit sa pahina 43 at bigyan ng kopya ang bawat bata. Ituro ang mukha ng batang lalaki at ipaalala sa mga bata na tayo ay mayroong mukha at gayundin ang Ama sa Langit. Ipaturo sa mga bata ang mukhang nasa kopya nila ng larawang guhit. Ulitin ito sa iba pang mga bahagi ng katawan. Pakulayan sa mga bata ang mga larawang guhit, kung gusto nila.

### MGA TIP SA PAGTUTURO


***Mga finger puppet:*** Kapag gumawa ka ng mga finger puppet o iba pang mga pantulong sa pagtuturo para sa isang aralin sa nursery, itabi ang mga ito. Baka magamit ninyong muli ang mga ito sa susunod na mga aralin.

***Pagrerepaso:*** Ulitin ang mga aktibidad mula sa nakaraang mga aralin hangga't gusto ninyo. Natutuwa ang mga bata sa pag-uulit, at nakakatulong ito para matuto sila.



# Ako ay May Katawan Katulad ng Ama sa Langit

Ako ay may mukha katulad ng Ama sa Langit.



Ako ay may dalawang kamay katulad ng Ama sa Langit.

Ako ay may dalawang paa katulad ng Ama sa Langit.

# 10 AALAGAAN KO ANG AKING KATAWAN



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ang isa sa mga dakilang biyaya ng plano ng kaligtasan ay ang pagkakataong tumanggap ng pisikal na katawan. Nais ng Panginoon na igalang natin ang ating katawan at pangalagaan ang mga ito. Pinagpapala Niya tayo kapag ginagawa natin ito (tingnan sa 1 Corinto 3:16; D at T 89:18–21).

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Larawan* Sabihin sa mga bata na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ang ating katawan at marami tayong magagawang kahanga-hangang bagay sa pamamagitan ng ating katawan. Ipakita ang larawan sa pahina 46. Ituro ang bawat miyembro ng pamilya na nasa larawan; kapag itinuro ninyo ang sanggol, magtanong na katulad ng nasa ibaba. Pagkatapos ng bawat tanong, pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsagot ng "Hindi" habang umiiling-iling kayo nang sobra.

- Makakalakad ba ang isang sanggol?
- Makakapagsalita ba ang isang sanggol?
- Maihahagis ba ng isang sanggol ang bola?

Sabihin sa mga bata na dati silang mga sanggol, ngunit ngayon ay lumalaki na sila.

*Awit* Patayuin ang mga bata. Kantahin o bigkasin ang sumusunod na mga titik sa himig ng "May Isang Taong Niyebe" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 121) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Dati ako'y sanggol, sanggol, sanggol. *(magkunwaring naghehele ng sanggol)*
Dati ako'y sanggol, maliit. *(unti-unting bumaluktot)*
Ngayo'y malaki na, malaki na. *(dahan-dahang tumayo)*
Ngayo'y malaki na't matangkad. *(iunat ang mga kamay sa ulunan)*

*Larawan* Ipakita muli ang larawan at ituro ang batang nakikipaglaro sa kanyang ama. Sabihin sa mga bata na halos kasinlaki nila ang batang ito. Magtanong sa mga bata ng katulad ng nakalista sa ibaba. Pagkatapos ng bawat tanong, pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsagot ng "Oo" habang tumatangu-tango kayo nang sobra.

- Makakalakad ba kayo? *(palakarin ang mga bata sa kanilang kinatatayuan)*
- Makakapagsalita ba kayo? *(magbilang kayo ng mga bata hanggang lima)*
- Maihahagis ba ninyo ang isang bola? *(pagkunwariin ang mga bata na naghahagis ng bola at saluhin ito)*

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Paalala:*** Sa araling ito, maging sensitibo sa damdamin ng sinumang bata sa inyong nursery na may mga kapansanan sa katawan. Maaaring kailanganin ninyong baguhin ang mga itatanong sa oras ng mga aktibidad sa larawan. Magpokus sa mga bagay na *kayang* gawin ng mga bata, huwag sa hindi nila kayang gawin. Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa pagtuturo sa mga may kapansanan, tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 47–49.

Sabihin sa mga bata na lumalaki sila dahil kumakain sila ng masusustansyang pagkain, nahihiga at natutulog, at hinuhugasan ang sarili para manatiling malinis.

*Dula-dulaan* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 47. Ituro ang larawan ng batang babaeng natutulog at ipaliwanag na ang pagtulog ay isang paraan ng pag-aalaga sa ating katawan. Pagkunwariin ang mga bata na natutulog. Ulitin para sa iba pang mga larawan sa larawang guhit.

*Katapusan* Magpasalamat para sa katawang ibinigay sa atin ng Ama sa Langit. Ipasambit sa mga bata ang, "Aalagaan ko ang aking katawan," nang dahan-dahan.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD


*PAGHAHANDA* *Para sa larong hulaan:* Magdala ng tatlo o apat na masustansyang pagkain, tulad ng mga prutas at gulay, sa isang plato. Magdala ng pantakip sa plato ng pagkain, tulad ng malaking tela.
*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 47 para makulayan ng bawat bata.

*Larong Hulaan* Ipakita sa mga bata ang platong may pagkain. Ituro ang bawat pagkain, at tulungan ang mga bata na ibigay ang pangalan ng mga ito. Takpan ng tela ang pagkain; pagkatapos ay bawasan ito ng isa at saka alisan ng takip. Pahulaan sa mga bata kung alin ang nawawala. Angkop na angkop ang aktibidad na ito sa nakatatandang mga bata.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Matutulog na itong munting bata. *(itaas ang isang daliri)*
Doon sa unan siya'y mahihiga. *(ilagay ang daliri sa palad ng kabilang kamay)*
Ibabalot ang sarili sa makapal na kumot, *(takpan ng kamay ang daliri)*
At sa ganitong paraan magdamag na matutulog.
Mata niya'y nakamulat na pagsapit ng umaga.
Masiglang inalis ang kumot sa kanya. *(buksan ang kamay upang ipakita ang daliring nagpapahinga)*
At siya'y titindig at magbibihis at hahayo, *(itayo ang daliri)*
Handa nang ngumiti at magtrabaho at maglaro.

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng larawang guhit sa pahina 47. Habang nagkukulay sila, ituro na ipinapakita sa larawang guhit ang mga paraan ng pag-aalaga sa ating katawan.




## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Dula-dulaan:*** Maaaring hindi alam ng mga batang musmos kung paano gawin ang ilan sa mga aksyong iminungkahi sa dula-dulaan. Bilang alternatibo, maaari ninyong ipaturo sa kanila ang iba't ibang bahagi ng kanilang katawan. Halimbawa, ituro ang bibig ninyo at sabihing, "Ito ang bibig ko. Puwede ba ninyong ipakita sa akin ang bibig ninyo?" Pumalakpak at purihin ang mga bata. Ulitin ito para sa iba pang mga bahagi ng katawan.

***Sa mga opsyonal na aktibidad*** matutugunan ninyo ang mga pangangailangan ng mga bata sa inyong nursery. Maaari ninyong piliin kahit alin o lahat ng ito, at maaari ninyo itong ulitin hangga't gusto ninyo. Piliin ang mga aktibidad na makasisiya sa mga bata at tutulong sa kanila na matuto. Huwag mag-atubiling iakma ang mga ito sa mga sitwasyon at pangangailangan ninyo.

***Pagkukulay:*** Hindi lahat ng bata ay gustong magkulay. Ang ilan ay maaaring gumawa lamang ng isa o dalawang guhit sa pahina. Matututo pa rin sila mula sa mga larawang guhit, kahit hindi sila mag-ukol ng maraming oras sa pagkukulay sa mga ito.



# Aalagaan Ko ang Aking Katawan



# 11 MAHAL KO ANG AKING PAMILYA



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ang pamilya ang sentro ng plano ng kaligtasan. Itinatag ng Ama sa Langit ang mga pamilya upang magdulot sa atin ng kaligayahan at ihanda tayo para sa buhay na walang hanggan. Sa isang pamilya ay matututuhan natin ang mga tamang alituntunin sa isang kapaligirang may pagmamahalan. Mahalaga sa magpapamilya ang magmahalan at pangalagaan ang isa't isa. Nagpapakita tayo ng pagmamahal sa pagiging matulungin at magalang (tingnan sa Efeso 6:1–3). Tinuturuan tayo ng mga banal na kasulatan na "magmagandang-loob [tayo] sa isa't isa [at maging] mahabagin" (Efeso 4:32; tingnan din sa "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign*, Nob. 1995, 102).

## PAGHAHANDA

Bakatin o gumawa ng kopya ng mga hugis ng miyembro ng pamilya sa pahina 51. Kulayan ang mga ito, kung gusto ninyo. Gupitin ang mga ito at ilagay sa isang sisidlan.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Larawan* Ipakita ang larawan ng isang maligayang pamilya sa pahina 50. Sabihin sa mga bata na binigyan ng Ama sa Langit ng pamilya ang bawat isa sa atin. Ipaliwanag na mahal tayo ng ating pamilya at maipapakita natin ang ating pagmamahal sa pamilya sa pagiging mabait at matulungin.

*Dula-dulaan* Hawakan ang sisidlan at papiliin ng isang hugis ng miyembro ng pamilya ang isang bata. Sabihin sa mga bata kung sino ang miyembrong ito ng pamilya (ina, ama, kapatid na lalaki, kapatid na babae, o sanggol), at pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit nito. Magmungkahi ng isang paraan kung paano nila maipapakita ang pagmamahal sa kapamilyang iyon (sa pagdampot ng mga laruan, pagbabahagi, pagngiti, at iba pa). Pagkunwariin silang ginagawa ang aksyon. Ulitin ang aktibidad na ito sa bawat hugis ng miyembro ng pamilya.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Isang Masayang Pamilya" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 104) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Mahal ko ang nanay ko. *(ipatong ang kamay sa dibdib)*
Mahal ko ang tatay ko; *(tumango-tango)*
Ako'y mahal din nila, *(iunat ang mga kamay)*
Mag-anak nami'y kaysaya. *(yakapin ang sarili)*

Mahal ko ang ate ko, *(ipatong ang kamay sa dibdib)*
Mahal ko ang kuya ko; *(tumango-tango)*
Ako'y mahal din nila, *(iunat ang mga kamay)*
Mag-anak nami'y kaysaya. *(yakapin ang sarili)*

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga hugis:*** Kung walang kayong magamit na copy machine, patungan ng malinis na papel ang ibabaw ng mga hugis at bakatin ang mga ito ng lapis o bolpen. Huwag mag-alala kung hindi mabakat ang buong detalye; basta't bakatin ang mga outline at sapat na detalye para matukoy ang mga hugis.

Itabi ang mga hugis na ito para magamit sa susunod na mga aralin (katulad sa aralin 13). Magagamit din ninyo ang mga ito upang marepaso ang araling ito anumang oras sa anumang klase ng nursery.

***Paalala:*** Sa araling ito, maging sensitibo sa mga sitwasyon ng mga bata sa tahanan at pamilya.

*Katapusan* Hikayatin ang mga bata na maging mapagmahal at mabait sa kanilang mga kapamilya. Ipasambit sa kanila ang "Mahal ko ang aking pamilya."

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa kuwento:* Markahan ang pahina 18 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.

*Para sa poster:* Hingan ang mga magulang ng bawat bata sa nursery ng maliit na retrato na kasama ng bata ang kanyang pamilya (maaaring naibigay na nila ang retratong ito nang unang sumali sa klase ng nursery ang bata; tingnan sa pahina 7). Ilagay ang mga retrato sa isang poster board. Isulat sa itaas ang "Mahal Ko ang Aking Pamilya."

*Kuwento* Ipakita sa mga bata ang larawan ni Jesus at ng Kanyang ina (pahina 18). Ituro si Jesus at sabihin sa mga bata na ito ay larawan ni Jesus noong Siya ay bata pa. Ituro si Maria at sabihin na ito ang ina ni Jesus. Ipaliwanag na si Jesus ay may mapagmahal na pamilyang nag-alaga nang mabuti sa Kanya noong bata pa Siya, at mahal na mahal Niya ang Kanyang pamilya. Magmungkahi ng mga paraan na maipapakita ng mga bata ang pagmamahal sa kanilang ina (sa pagngiti, pagtulong sa paglilinis, pagyakap, at iba pa). Pagkunwariin silang ginagawa ang mga bagay na iyon.

*Awit* Dagdagan ng bagong mga titik ang awiting "Masayang Gawin" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 129) upang turuan ang mga bata ng ilang paraan na maipapakita nila ang pagmamahal sa kanilang pamilya. Halimbawa, sabihin sa mga bata, "Ipakita natin kung paano mahalin si Ate." Kantahin ang "Ang magpahiram ng laruan ay masayang gawin" at gawin ang mga simpleng aksyon. Ang iba pang mga salitang magagamit ninyo ay, "Pagliligpit ng laruan ay masayang gawin," "Paglilinis ng silid ay masayang gawin," "Ang pagngiti ay masayang gawin," "Pagtulong kay Itay ay masayang gawin," at iba pa.

*Poster* Idispley ang poster na inihanda ninyo. Ituro ang isang retrato at sabihing, "Ito ang pamilya ni [pangalan ng bata]. Narito si [pangalan ng bata]." Ulitin para sa bawat bata. Bigyang-diin na tayong lahat ay may mga pamilyang nagmamahal sa atin at mahal natin sila. Idispley ang poster bawat linggo at pasagutin ang mga bata sa mga tanong tungkol sa kanilang pamilya ("Nasaan ang pamilya ni [pangalan ng bata]?" "Nasaan si [pangalan ng bata]?" "Nasaan si Itay?" at iba pa). Magdagdag ng mga retrato sa poster tuwing may sasaling ibang mga bata sa nursery.


### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Paghahanda:*** Ang mga paghahandang ginagawa ninyo bago magsimula ang nursery ay magtutuon sa inyong pansin sa mga bata pagdating nila. Batiin sila nang nakangiti. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 99.)

***Pag-uulit:*** Ang isa sa pinakamahahalagang paraan ng pagtuturo sa mga batang edad-nursery ay pag-uulit. Gustung-gustong marinig ng mga bata ang mga awit at kuwento nang paulit-ulit. Gamitin ang mga salita ring iyon tuwina.



# Mahal Ko ang Aking Pamilya



# 12 MAAARI KAMING MANALANGIN NG AKING PAMILYA



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Sabi ng Tagapagligtas, "Manalangin kayo sa inyong mag-anak sa Ama, lagi sa aking pangalan, nang ang inyong mga asawa at inyong mga [pamilya] ay pagpalain" (3 Nephi 18:21). Sa pagdarasal nang sama-sama, mas mapapalapit ang mga pamilya sa Ama sa Langit at sa isa't isa at maaanyayahan ang Espiritu Santo sa tahanan (tingnan sa D at T 19:38).

## PAGHAHANDA

- Markahan ang pahina 106 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.
- Magdala ng isang kopya ng Aklat ni Mormon. Markahan ang 3 Nephi 18:21 para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Awit* Ipasambit sa mga bata ang mga salitang "panalangin ng pamilya" nang ilang beses. Sabihin sa kanila na pag-aaralan ninyo ang isang awitin tungkol sa panalangin ng pamilya. Bumuo ng bilog kasama ang mga bata, at maghawakan sa kamay. Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Panalangin ng Mag-anak" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 101) at tulungang makasabay sa inyo ang mga bata sa paggawa ng mga aksyon:

Ang mag-anak ay tipunin *(lumakad nang pabilog)*
Sa pananalangin *(tumigil sa paglakad at lumuhod; pasundan sa mga bata ang pagsambit ninyo ng "panalangin")*
Ama'y pasalamatan *(humalukipkip)*
Sa biyayang nakamtan.

*Larawan* Ipakita ang larawan ng isang pamilyang nagdarasal sa pahina 54. Tulungan ang mga bata na matukoy ang iba't ibang miyembro ng pamilya, at ituro na sila ay nakaluhod at nakahalukipkip, nakayuko ang mga ulo, at nakapikit. Sabihin sa kanila na nagdarasal ang pamilya. Ipasambit sa mga bata ang mga salitang "panalangin ng pamilya." Paluhurin sila, pahalukipkipkin, at pagyukuin ng mga ulo. Ipaliwanag na kapag nagdarasal ang ating pamilya, kausap natin ang Ama sa Langit. Pinasasalamatan natin Siya para sa ating mga biyaya, at hinihiling sa Kanya na tulungan at pagpalain ang ating pamilya.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Ito ang nanay ko, na tinutulungan akong maglaro. *(itaas ang hinlalaki)*
Ito ang tatay ko, na maghapong nagtatrabaho. *(itaas ang ikalawang daliri)*
Ito ang kuya ko, na matangkad at malakas din. *(itaas ang ikatlong daliri)*
Ito ang ate ko, na bola ang gustong laruin. *(itaas ang ikaapat na daliri)*
At ito naman ako; ako ay masaya *(itaas ang ikalimang daliri)*

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga awit:*** Para maituro ang isang awit o activity verse, isaulo ninyo mismo ang mga titik at aksyon bago ito gawin. Habang kinakanta o binibigkas ninyo ang mga titik, bigyang-diin ang bawat titik at aksyon. Maaari kayong magdagdag ng simple at angkop na mga aksyon sa anumang awit o taludtod para matulungan ang mga bata na makinig at matuto nang husto. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 211.)

Ang ***mga batang musmos*** ay madaling mainip. Kung hindi mapakali ang mga bata bago ninyo matapos ang lahat ng aktibidad, maaari ninyong itigil ang aralin para patayuin ang mga bata at pagalawin at saka ninyo balikan ang aralin.

Sama-samang nakaluhod at nagdarasal ang aming pamilya. *(itikom ang kamao)*

*Banal na Kasulatan* Idispley ang larawan ni Jesucristo sa pahina 106. Buklatin ang Aklat ni Mormon sa 3 Nephi 18:21 at sabihing, "Sinabi ni Jesus, 'Manalangin kayo sa inyong mag-anak.' " Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit ng pahayag na ito, nang dahan-dahan.

*Katapusan* Ipasambit sa mga bata ang, "Maaari akong manalangin na kasama ang aking pamilya," nang dahan-dahan.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.


## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa kuwentong gumagamit ng finger-puppet:* Kopyahin at gupitin ang mga finger puppet sa pahina 59. Kulayan ang mga ito kung gusto ninyo.

*Para sa bag game:* Sa apat na maliliit na bag isulat ang "Nagpapasalamat Tayo para sa Ating mga Biyaya." Sa bawat bag maglagay ng larawan ng isang bagay na ipinagpapasalamat natin (tulad ng pagkain, damit, bahay, pamilya, at iba pa). Kung gusto ninyo, maaari kayong gumamit ng mga kopya ng mga larawang guhit sa pahina 55 o saanman sa manwal na ito.

*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 55 para makulayan ng bawat bata. Magdala ng gunting at teyp.


*Kuwentong Gumagamit ng Finger-Puppet* Gamitin ang mga finger puppet para ikuwento ang sumusunod tungkol sa panalangin ng pamilya:



Narito ang isang pamilya. Ito ang tatay, at ito ang nanay. Narito ang ate at kuya. Ito si Peter, ang bunso *(ituro ang puppet na sanggol)*. Isang araw naglalaro si Peter at nasaktan ang kanyang mata *(patakpan ng kanilang kamay ang mata ng mga bata)*. Dinala siya nina Itay at Inay sa doktor *(alisin ang puppet sa daliri at ihiga sa sahig)*. Lumuhod ang pamilya ni Peter at nanalangin *(paluhurin ang mga bata)*. Hiniling nila sa Ama sa Langit na basbasan si Peter. Narinig ng Ama sa Langit ang kanilang dalangin. Tinulungan Niyang gumaling si Peter *(muling isuot ang puppet sa daliri)*. At muling nanalangin si Peter at ang kanyang pamilya para pasalamatan ang Ama sa Langit sa pagbabasbas kay Peter.

*Bag Game* Ilagay ang mga bag sa sahig. Sabihan ang lahat na maghawak-kamay, bumuo ng bilog sa palibot ng mga bag, at lumakad nang pabilog habang kinakanta ninyo ang "Panalangin ng Mag-anak." Pagkatapos ay tumigil sa paglakad, at papiliin ng bag ang isang bata at ipakita niya ang larawang nasa loob. Sabihing, "Nagpapasalamat kami para sa [tawag sa bagay na nasa larawan]." Purihin ang mga bata sa kanilang paglahok. Ulitin hanggang matapos ang bawat batang gustong sumali.

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng pahina 55. Kapag natapos na sila, gupitin ang mga papel, at pagdugtung-dugtungin ng teyp ang mga ito para makagawa ng kadenang papel na maiuuwi ng bawat bata.



## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga banal na kasulatan:*** Gamitin ang mga banal na kasulatan sa pagtuturo ninyo sa mga bata at paghahandang magturo. Inaanyayahan nito ang Espiritu, at tinutulungan ang mga bata na mahalin ang salita ng Diyos. Ipakita sa kanila na ang itinuturo ninyo sa kanila ay mula sa mga banal na kasulatan.

***Mga puppet:*** "Ang mga puppet ay magagamit upang isadula ang mga bahagi ng isang aralin o kuwento, batiin ang mga bata sa klase, magbigay ng mga tagubilin, kumanta ng mga awit, tumulong sa pagsasadula, magtanong, o tulungan ang mga bata na manatiling alisto" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 232–233).


***Bag game:*** Kung wala kayong mga bag o sako, maitataob ninyo ang mga larawan at papiliin ang isang bata ng isang itihaya.

***Paalala:*** Ilayo ang gunting at iba pang mapanganib na bagay sa abot-tanaw at abot-kamay ng mga bata.







Maaari Kaming Manalangin ng Aking Pamilya



Nagpapasalamat tayo para sa ating pamilya.



Nagpapasalamat tayo para sa ating tahanan.




Nagpapasalamat tayo para sa pagkaing ating kinakain.



Nagpapasalamat tayo para sa ating mga damit.

# 13 MAAARING MAGKASAMA-SAMA ANG AKING PAMILYA MAGPAKAILANMAN



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ginawang posible ng Ama sa Langit na magpatuloy ang mga ugnayan ng pamilya hanggang sa kabilang buhay. Kung nabuklod ang magpapamilya sa templo at tapat nilang sinusunod ang mga kautusan, maaari silang magkasama-sama bilang pamilya magpasawalang-hanggan at mabuhay sa piling ng Ama sa Langit. (Tingnan sa Mateo 16:19; D at T 138:47–48.)

## PAGHAHANDA

Kung maaari, magdala ng isang larawan ng templo sa inyong lugar.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Larawan* Ipakita ang isang larawan ng templo sa inyong lugar (o ipakita ang larawan sa pahina 58). Sabihin sa mga bata na ito ay isang larawan ng templo. Ipaliwanag ang larawan sa kanila, na itinuturo ang tore, mga bintana, pinto, at iba pa. Ipaulit sa kanila ang salitang "templo" nang ilang beses. Pagkunwariin silang isang magandang templo sa pagsasalikop ng kanilang mga kamay sa kanilang ulunan para maghugis-tore ng templo.

*Awit* Patayuin ang mga bata. Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Templo'y Ibig Makita" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 99) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Templo'y ibig makita. *(pagdikitin ang dulo ng mga daliri sa kamay para magmukhang tore)*
Doon ay pupunta *(lumakad sa kinatatayuan)*
Espiritu'y daramhin, *(ipatong ang kamay sa tapat ng puso)*
Alay ko'y dalangin. *(humalukipkip)*

Sabihin sa mga bata na ang templo ay bahay ng Panginoon. Ipasambit sa kanila ang, "Bahay ng Panginoon." Bigyang-diin na ang templo ay napakaespesyal na lugar; dahil sa templo, maaaring magkasama-sama ang ating mga pamilya magpakailanman.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Ito si Inay. *(itaas ang kamay; ituro ang hinlalaki)*
Ito si Itay. *(ituro ang hintuturo)*
Ito si Kuyang matangkad. *(ituro ang gitnang daliri)*
Ito si Ate. *(ituro ang palasingsingan)*
Ito si Baby. *(ituro ang kalingkingan)*
Ah, mahal ko silang lahat. *(ilagay ang dalawang kamay sa dibdib)*

*Awit* Kantahin o bigkasin ang unang dalawang linya ng koro ng "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 98):

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Paalala:*** Maging sensitibo sa sitwasyon ng mga bata sa pamilya at tahanan sa araling ito.

***Mga awit:*** Isiping ilista ang mga awit na ikinasisiyang kantahin ng mga bata, at kantahin ang mga ito bawat linggo sa iba't ibang pagkakataon sa klase ng nursery. Halimbawa, maaari kayong kumanta habang naglalaro ng mga laruan ang mga bata, bago o pagkatapos magmeryenda, o habang hinihintay ng mga bata ang kanilang mga magulang. Mabuting paraan ito upang marepaso ang nakaraang mga aralin.

Mag-anak ay magsasama-sama
Sa plano ng Ama.

Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit ng mga linyang ito nang ilang beses at dahan-dahan.


*Katapusan* Ibahagi nang maikli ang inyong damdamin tungkol sa templo. Magpatotoo na maaaring magkasama-sama ang mga pamilya magpakailanman.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa activity verse:* Kopyahin o gupitin ang mga finger puppet sa pahina 59 o gamitin ang mga puppet na ginawa ninyo para sa opsyonal na aktibidad sa aralin 12. Kulayan ang mga puppet kung gusto ninyo.

*Para sa larong hulaan:* Kopyahin at gupitin ang mga hugis ng mga miyembro ng pamilya sa pahina 51 o gamitin ang mga hugis na inihanda ninyo para sa aralin 11. Magdala ng pantakip sa mga hugis, tulad ng kumot o tela. Kung maaari, magdala ng isang larawan ng templo sa inyong lugar.




*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Kopyahin at gupitin ang mga bilog sa pahina 59 para sa bawat bata. Lagyan ng sinulid o pisi ang ibabaw ng bawat bilog para makagawa ng kuwintas.

*Aktibidad sa Daliri* Sabihin sa mga bata na kailangan tayong maghanda sa pagpunta sa templo. Ipataas ang limang daliri nila, at tulungan silang maglista sa kanilang mga daliri ng limang bagay na magagawa nila para makapaghanda sa pagpunta sa templo kapag nasa edad na sila (manalangin, sumunod sa mga magulang, mahalin ang iba, magsimba, sundin ang propeta, at iba pa). Mas angkop sa nakatatandang mga bata ang aktibidad na ito.

*Activity Verse* Ulitin ang activity verse sa pahina 56, gamit naman ngayon ang mga finger puppet.

*Larong Hulaan* Ilapag ang mga hugis ng mga miyembro ng pamilya sa sahig sa tabi ng larawan ng templo (ang dala ninyo o ang nasa pahina 58). Takpan ng kumot o tela ang mga hugis. Alisin ang isa sa mga puppet. Alisin ang takip at pahulaan sa mga bata kung sino ang nawawala. Pagkatapos ay ibalik sa lugar ang nawawalang hugis at sabihin sa mga bata na nais ng Ama sa Langit na magkasama-sama ang lahat ng pamilya magpakailanman, na walang nawawala ni isa. Mas angkop sa nakatatandang mga bata ang aktibidad na ito.

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang mga kuwintas na inihanda ninyo. Habang nagkukulay sila, muling bigyang-diin ang alituntunin na dahil sa templo, maaaring magkasama-sama ang mga pamilya magpakailanman.



## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Katapusan:*** Maaaring paikliin ang katapusang ito; halimbawa: "Mahal ko ang templo! Alam ko na maaaring magkasama-sama ang mga pamilya magpakailanman."

***Mga finger puppet:*** Makabubuting itabi ang mga larawang guhit, finger puppet, laro, at iba pang bagay na inihanda ninyo para sa mga araling ito. Magagamit ninyo ang mga ito sa susunod na mga aralin o anumang oras sa klase ng nursery upang marepaso ang mga alituntuning naituro na ninyo.

***Pagkukulay:*** Hikayatin ang mga bata na ipakita ang kanilang mga kuwintas sa kanilang pamilya. Makakatulong ito upang matandaan nila ang natutuhan nila, at binibigyan nito ng pagkakataon ang kanilang mga magulang na talakayin sa kanila ang mga alituntunin ng aralin. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 211.)









Kopyahin ang pahinang ito at gupitin ang mga finger puppet sa tuwid na mga linya. Itupi sa tulduk-tuldok na mga linya. Pagkatapos ay lagyan ng teyp ang mga gilid, na iniiwang bukas ang mga gilid sa ibaba upang mailagay ng mga bata ang mga puppet sa kanilang mga daliri.



# 14 SUSUNOD AKO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ibinigay ng Ama sa Langit sa mga magulang ang pangunahing responsibilidad na ituro sa kanilang mga anak ang mga kautusan, maglaan para sa kanilang pisikal at espirituwal na mga pangangailangan, at ilayo sila sa kapahamakan. Hinihikayat Niya tayong igalang at sundin ang ating mga magulang, at binibiyayaan Niya tayo ng kaligtasan at kaligayahan kapag ginagawa natin ito. (Tingnan sa Exodo 20:12; Efeso 6:1–3; Colosas 3:20; "Ang Mag-anak: Isang Pagpapahayag sa Mundo," *Ensign,* Nob. 1995, 102.)

## PAGHAHANDA

- Magdala ng isang kopya ng Biblia. Markahan ang Efeso 6:1 para madali ninyo itong mabuklat.
- Markahan ang pahina 106 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Mga Aksyon* Pagawin ng lima o anim na aksyon ang mga bata, tulad ng pagtayo, pagtaas ng mga kamay, pag-ikot, pagpalakpak, at pag-upo. Purihin sila sa pagsunod sa inyo.

*Larawan* Ipahawak sa isang bata ang larawan sa pahina 62. Ituro ang ama at ina sa larawan. Ipaliwanag na pinatulong ng ama at ina ang mga anak sa hardin, at sinabi ng mga bata, "Susunod ako." Ituro ang mga batang nasa larawan at bigyang-diin na tinutulungan nila ang kanilang mga magulang.

*Banal na Kasulatan* Sabihin sa mga bata na nalaman natin sa mga banal na kasulatan na nais ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na sundin natin ang ating mga magulang. Buklatin ang Biblia sa Efeso 6:1 at basahin ang, "Mga anak, magsitalima kayo sa inyong mga magulang sa Panginoon: sapagka't ito'y matuwid." Ipasambit sa mga bata ang, "Susunod ako." (*Paalala:* Maaaring ang ilang mga bata ay pinalalaki ng mga lolo't lola o ng iba pang mga kamaganak. Maging sensitibo sa gayong mga kalagayan sa araling ito.)

*Awit* Patayuin ang mga bata. Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Susunod Ako" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 71) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Pagtawag ni nanay, *(isalikop ang kamay sa bibig)*
Susunod ako. *(tahimik na tumakbo sa kinalalagyan)*
Araw-araw kong gagawin *(tumangu-tango)*
Ang tama't wasto.

Pagtawag ni tatay, *(isalikop ang kamay sa bibig)*
Susunod ako. *(tahimik na tumakbo sa kinalalagyan)*

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Pagmamahal:*** Sikaping mahalin ang mga bata sa nursery. "Kapag minamahal natin ang ating mga tinuturuan, ipinananalangin natin ang bawat isa sa kanila. . . . Iniaangkop natin ang ating pagtuturo upang matugunan ang kanilang mga pangangailangan, kahit na ito ay nangangailangan ng maraming oras at pagsisikap. Napapansin natin kung sila ay wala at kinikilala sila kapag sila ay naroroon. Nag-aalay tayo ng tulong kapag ito ay kailangan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 40).

Araw-araw kong gagawin *(tumangu-tango)*
Ang tama't wasto.

Ang Ama sa Langit, *(yakapin ang sarili)*
Mahal N'ya ako. *(patuloy na yakapin ang sarili habang ibinibiling-biling ang katawan)*
Araw-araw kong gagawin *(tumangu-tango)*
Ang tama't wasto.


*Larawan* Ipakita ang larawan ni Jesus sa pahina 106. Sabihin sa mga bata na sumunod si Jesus sa Ama sa Langit, at nais din Niyang sumunod tayo.

*Katapusan* Magpatotoo na liligaya tayo kung tayo ay susunod.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa isang bagay:* Magdala ng isang kahon, basket, o ibang sisidlan na may lamang ilang bagay na nagbibigay ng proteksyon, tulad ng payong, sapatos, sumbrero, pangginaw, o guwantes. Sikaping makapagdala ng isang bagay na mahahawakan ng bawat bata.
*Para sa aktibidad sa puppet:* Kopyahin at gupitin ang larawang guhit sa pahina 63 para makulayan ng bawat bata. Idikit o iteyp sa mga patpat o supot na papel ang mga ito para makagawa ng mga puppet.



*Dula-dulaan* Sabihin o gawin ninyo ng mga bata ang sumusunod:
Sabi ni Inay, "Sige na, magbihis na kayo." Magbihis na tayo *(magkunwaring nagbibihis)*.
Sabi ni Itay, "Sige na, maghilamos na kayo." Maghilamos na tayo *(magkunwaring naghihilamos)*.
Ulitin sa iba pang aksyon, tulad ng "mag-almusal na kayo," "matulog na kayo," at iba ba. Purihin ang mga bata sa pagsunod.

*Aktibidad sa Isang Bagay* Papiliin ang isang bata ng isang bagay mula sa kahon at ipasuot ito. Sabihin sa mga bata kung anong uri ng proteksyon ang ibinibigay ng bagay na iyon (halimbawa, hindi narurumihan o nasasaktan ang ating mga paa dahil sa sapatos; hindi tayo nauulanan o naiinitan dahil sa mga payong; at iba pa). Ipaliwanag na pinananatili tayong ligtas ng mga bagay na ito; magiging ligtas at masaya rin tayo kapag sumunod tayo sa ating mga magulang.


*Aktibidad sa Puppet* Pakulayan sa mga bata ang mga puppet na inihanda ninyo. Basahin ang mga tagpong ito (o lumikha ng sarili ninyo). Pagkatapos ng bawat isa, ipagamit sa mga bata ang kanilang puppet sa pagsagot ng, "Susunod ako."
Sabi ni Inay, "Maging mabait ka sana sa kapatid mong babae." Ano ang sasabihin ninyo?
Sabi ni Itay, "Oras na para matulog." Ano ang sasabihin ninyo?
Sabi ni Lola, "Halinang kumain." Ano ang sasabihin ninyo?
Sabi ng guro, "Maghanda na tayong magdasal." Ano ang sasabihin ninyo?
Sabi ni Jesus, "Mahalin ninyo ang isa't isa." Ano ang sasabihin ninyo?
Mas angkop sa nakatatandang mga bata ang aktibidad na ito.


## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Panalangin:*** Kung kailangan ng tulong ng bata sa panalangin, bulungan siya ng maikli at simpleng kataga na uulitin niya. Maaaring makapanalangin ang nakatatandang mga bata gamit ang sarili nilang mga salita.


Ang ***papuri*** ay mahalaga sa mga bata. Sila ay mapagmahal at nais nilang sila ay mahalin at tanggapin. Tulungan silang magkaroon ng tiwala sa sarili at ipakita sa kanila ang inyong pagmamahal sa taos na pagpuri sa kanilang mga pagsisikap hangga't maaari.

***Pagrerepaso:*** Pag-alis ng mga bata sa klase ng nursery, tulungan silang ipaliwanag sa kanilang mga magulang ang natutuhan nila.





# 15 MAGPAPASALAMAT AKO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Iniutos ng Panginoon, "Pasalamatan ninyo ang Panginoon ninyong Diyos sa lahat ng bagay" (D at T 59:7). Dapat tayong magpakita ng pasasalamat sa Diyos sa maraming biyayang ibinibigay Niya sa atin. Dapat din tayong magpasalamat sa mga magulang, guro, kaibigan, at iba pa na tumutulong sa atin sa anumang paraan. (Tingnan din sa Mga Awit 100:3–4.)

## PAGHAHANDA

- Basahin ang Lucas 17:11–19, at maghandang ibuod nang maikli ang kuwento tungkol sa 10 ketongin.
- Magdala ng isang kopya ng Biblia. Markahan ang Lucas 17:11–19 para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Pagtuturo ng Doktrina* Sabihin sa mga bata na binigyan tayo ng Ama sa Langit ng maraming biyaya, tulad ng ating katawan, mga halaman at hayop, ating pamilya, at Simbahan. Ipaliwanag na maipapakita natin ang ating pagmamahal sa Kanya sa pagsasabi ng "salamat po" at maaari din nating sabihan ng "salamat" ang ating pamilya at mga kaibigan at sinumang may ginawang kabutihan sa atin.

*Kuwento sa Banal na Kasulatan* Idispley ang larawan sa pahina 66. Ituro si Jesus at ang mga taong may matinding karamdaman. Buklatin ang Biblia sa Lucas 17:11–19 at ikuwento ang tungkol sa 10 ketongin. Narito ang isang halimbawa:

> May 10 lalaki na may matinding karamdaman. Pinagaling sila ni Jesus at bumuti ang kanilang pakiramdam *(ituro si Jesus sa larawan)*. Napakasaya nilang lahat *(ituro ang mga ketongin sa larawan)*. Ngunit isang tao lamang ang nagsabing "salamat" kay Jesus *(ituro ang nagpasalamat na ketongin sa larawan)*. Maaari nating sabihing "salamat" *(ipasambit sa mga bata ang "salamat")*.

*Larawan* Ipakita ang larawang guhit sa pahina 67. Sabihin sa mga bata na nagpapakita tayo ng pagmamahal sa Ama sa Langit sa pasasalamat sa Kanya sa lahat ng bagay na ibinibigay Niya sa atin. Ituro ang isa sa mga larawang guhit at ipagawa sa mga bata ang isang aksyong nauugnay roon (tulad ng pagsalikop ng kanilang mga kamay sa kanilang ulunan para maghugis-bubong ng bahay, pagkunwariin silang namimitas ng prutas mula sa isang puno at kainin ito, pagkunwariin silang nagsusuot ng sapatos, at iba pa). Ulitin ito para sa bawat larawang guhit.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa mga talata 1 at 2 ng "Pasasalamat sa Ating Ama" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 15) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

> Salamat sa 'ting Ama, ang ating hatid, *(humalukipkip)*
> Sapagkat bawat bagay, ay kanyang alay. *(iunat ang mga kamay)*

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga aktibidad sa pagtitipon:*** Tiwala ang mga bata kapag may mga regular na gawain at pamilyar na pagbabago sa mga aktibidad. Nakakatulong ito para magtuon sila ng pansin at makihalubilo.

***Mga kuwento:*** Maging sensitibo sa kakayahan ng mga bata na makaunawa. Iwasan ang pagsasalita na parang bata o napakahihirap na mga salita. Halimbawa, gamitin ang "mga taong may matinding karamdaman" sa halip na "mga ketongin."

Ang mga mata't tainga, kamay at paa, *(ituro ang mga mata, tainga, kamay, at paa)*
Kasuotang kayganda, *(ituro ang damit)* at pagkain pa. *(magkunwaring kumakain)*

*Katapusan* Ipabigkas sa mga bata ang "salamat." Ibahagi nang maikli ang pasasalamat ninyo sa Ama sa Langit at kay Jesucristo.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa mga larawan:* Magdala ng mga larawan ng mga bagay na ipinagpapasalamat ninyo; magagamit ninyo ang mga larawan sa manwal na ito o sa mga magasin ng Simbahan, o magdrowing ng sarili ninyong larawan.

*Para sa akibidad sa pagkukulay at sa larong pagtutugma-tugma:* Kopyahin ang mga larawang guhit sa pahina 67 para makulayan ng bawat bata. Magdala ng maliliit na piraso ng papel o ng isang bagay na katulad nito para magamit na pangmarka ng mga bata sa larong pagtutugma-tugma; magdala ng sapat para may apat na pangmarka ang bawat bata.


*Activity Verse* Sabihin sa mga bata na nagpapasalamat tayo sa Ama sa Langit para sa ating mga katawan. Patayuin at pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsasagawa ng sumusunod na activity verse. Mag-isip ng mga aksyong iminumungkahi sa mga kataga.

Hipuin ang ilong, hipuin ang mata,
Hipuin ang tainga, hipuin ang paa,
Iunat ang kamay nang napakataas,
Na halos abot ang alapaap.
Ilagay ang inyong kamay sa inyong buhok.
Tahimik na maupo sa inyong bangko.

Ituro ang inyong bibig at sabihing, "Salamat at may bibig ako." Ipaulit sa mga bata ang mga kataga at ang aksyon. Ulitin para sa mga mata, ilong, tainga, kamay, at paa. Magpamungkahi sa mga bata ng mga bagay na ipinagpapasalamat nila, at ipaulit ang mga kataga para sa mga bagay na babanggitin nila.

*Mga Larawan* Ipakita sa mga bata ang mga larawang dala ninyo at ipaliwanag nang maikli kung bakit kayo nagpapasalamat para sa mga bagay na ito. Pabanggitin ang mga bata ng isang bagay na ipinagpapasalamat nila.

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng pahina 67. Habang nagkukulay sila, ituro ang mga detalye sa mga larawan at ipaliwanag sa mga bata ang kanilang kinukulayan. Basahin sa kanila ang mga salita sa larawang guhit.





*Larong Pagtutugma-tugma* Bigyan ng apat na maliliit na papel ang bawat bata. Idispley ang mga larawang guhit sa pahina 67, ituro ang larawang guhit ng pamilya, at basahin sa mga bata ang caption. Magpalagay sa mga bata ng maliit na papel sa pamilya sa sarili nilang kopya. Pasabayin sila sa inyo sa pag-uulit ng mga kataga sa larawang guhit. Ulitin ang aktibidad na ito para sa iba pang mga larawang guhit.

### MGA TIP SA PAGTUTURO


Ang ***mga batang musmos*** ay maaaring hindi makilahok sa buong aralin. Gayunman, sa pagmamahal at panghihikayat, matuturuan ninyo silang gayahin ang ginagawa ninyo. Tulungan silang magsabi ng "salamat" sa angkop na mga pagkakataon. Maaaring ang halimbawa ninyo ang maging pinakamabisang gamit ninyo sa pagtuturo. Matututuhan ng mga bata ang mga paguugali, asal, at wika sa pagmamasid sa inyo. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 141.)

Ang ***pag-uulit*** ay nakakatulong sa mga bata na matuto, at masaya ito para sa kanila. Gusto nilang marinig ang mga bagay-bagay nang paulit-ulit. Maaari nilang matutuhan ang maiikling katagang inuulit-ulit at tiyak.







Nagpapasalamat ako para
sa aking pamilya.



Nagpapasalamat ako para
sa aking mga damit.



Nagpapasalamat ako para
sa aking tahanan.



Nagpapasalamat ako para
sa pagkaing kakainin.

# 16 MAGSASABI AKO NG “SORRY”



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Sa tuwing may nagagawa tayong masama o mali, dapat nating aminin ang ating pagkakasala at sikaping itama ito (tingnan sa Santiago 5:16). Ang kahandaan nating magpakumbaba at humingi ng paumanhin ay magpapalambot ng mga puso at maghahanda sa atin na lumapit kay Cristo (tingnan sa 3 Nephi 12:23–24).

## PAGHAHANDA

- Markahan ang pahina 106 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.
- Basahin ang 1 Nephi 17:7–8, 17–19, 49–55; 18:1. Paghandaang ibuod nang maikli ang kuwento tungkol sa paggawa ng sasakyang-dagat ni Nephi at ng kanyang mga kapatid.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Larawan* Ipakita ang larawan ni Jesucristo sa pahina 106. Sabihin sa mga bata na tinuruan tayo ni Jesus kung paano lumigaya. Ipaliwanag na ang pagbibitiw ng magagandang salita ay magpapasaya sa atin at sa iba; kapag nagkamali tayo o gumawa ng hindi maganda, kailangan nating sambitin ang magagandang salitang ito: “Sorry.” Ipasambit sa mga bata ang, “Sorry.”

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa koro ng “Sinisikap Kong Tularan si Jesus” (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 40–41) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Magmahal ka nang tulad ni Jesus. *(yakapin ang sarili at ibiling-biling ang katawan)*
Ang kabutiha’y ‘pakitang lubos. *(tumangu-tango)*
Maging mahinahon sa bawat kilos, *(yakapin ang sarili at ibiling-biling ang katawan*
Ito ang turo ni Jesus. *(tumangu-tango)*

*Kuwento sa Banal na Kasulatan* Ipakita ang larawan ni Nephi na gumagawa ng sasakyang-dagat (pahina 70) at ikuwento ang paggawa ng sasakyang-dagat ni Nephi at ng kanyang mga kapatid. Nasa ibaba ang isang halimbawa:

Ito si Nephi *(ituro si Nephi sa gitna ng larawan)*. Sinabi ng Panginoon kay Nephi na gumawa ng sasakyang-dagat. Ang sasakyang-dagat ay isang malaking barko *(ituro ang barko sa larawan)*. Ito ang mga kapatid ni Nephi *(ituro sila sa larawan)*. Ilan sa kanila ang nagsalita ng hindi maganda kay Nephi at ayaw siyang tulungang gawin ang barko. Nalungkot si Nephi *(pagkunwariing malungkot ang mga bata)*. Kalaunan nagsisi ang mga kapatid ni Nephi at tinulungan siyang gawin ang barko. Muling sumaya ang lahat *(pagkunwariing masaya ang mga bata)*.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga awit:*** Para matutuhan ng mga bata ang isang awit, kantahin ang ilang kataga at pasundan sa mga bata ang pag-uulit ninyo nito. Pagkatapos ay ipaulit sa kanila ang isang buong taludtod at pagkatapos ay ang buong awit.

***Mga kuwento:*** Natututo ang mga bata sa pag-uulit. Muling isalaysay ang mga kuwentong gustung-gusto ng mga bata anumang oras sa klase ng nursery. Nakatutuwang paraan ito para marepaso sa mga bata ang natutuhan nila.

Ipaalala sa mga bata na kapag nagsasabi tayo ng, “sorry,” maaari tayong lumigaya at mapapaligaya natin ang iba. Ipasambit sa mga bata ang, “Sorry.”

*Pagsasadula* Pagkunwariing tinutulungan ng mga bata si Nephi na gawin ang barko—putulin ang kahoy, dalhin ito sa pampang, pakuan ang kahoy, at itaas ang mga layag. Gawin ang mga kilos, tunog, at galaw para mas madama ito ng mga bata.


*Katapusan* Magpatotoo na maaari tayong lumigaya kapag nagsasabi tayo ng, “sorry.”

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa larong hulaan:* Gawan ng kopya ang pahina 71, at gupitin ang isa sa mga bilog. Kulayan ito kung gusto ninyo. Magdala ng tatlong panyo o maliliit na telang retaso.

*Para sa aktibidad sa pulseras:* Kopyahin at gupitin ang mga bilog sa pahina 71 para magkaroon ng tig-iisa ang bawat bata. Pagdugtung-dugtungin ng tali o makapal na sinulid ang mga bilog para makagawa ng pulseras o kuwintas para sa bawat bata.




*Larong Hulaan* Ilapag sa sahig ang tatlong panyo. Pagtakipin ng mata ang mga bata habang itinatago ninyo ang mukhang ginupit ninyo sa ilalim ng isa sa mga panyo. Pagsalit-salitin ang mga bata sa pag-aangat ng panyo hanggang sa makita nila ang mukha. Pagkatapos ay basahin sa kanila ang caption at pasabayin sila sa inyo sa pag-uulit nito. Ulitin ang laro hanggang matapos ang bawat batang gustong sumali.

*Mga Kuwento* Magsalaysay ng ilang simpleng kuwento para matulungan ang mga bata na magsabi ng “sorry,” tulad ng:

- Inagawan ng laruan ng isang batang babae ang kapatid niyang lalaki. Nalungkot ang batang lalaki *(pasimangutin ang mga bata)* Pagkatapos ay sinabi niya, “sorry” at ibinalik ang laruan *(ipasambit sa mga bata ang, “sorry”)*. Sumaya ang kapatid niya! *(pangitiin ang mga bata)*.
- Tumatakbo ang isang batang lalaki at nabunggo ang kapatid niyang babae. Nalungkot ang kapatid niya (*pasimangutin ang mga bata)*. Pagkatapos ay sinabi niyang, “sorry” *(ipasambit sa mga bata ang, “sorry”)*. Sumaya ang kapatid niya! *(pangitiin ang mga bata)*.

Ulitin sa iba pang mga halimbawa.


*Mga Pulseras* Bigyan ng maisusuot na pulseras o kuwintas ang bawat bata. Basahin sa kanila ang mga nakasulat sa larawang guhit.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Pagsasadula:*** Ang pagsasadula ng mga kuwento mula sa mga banal na kasulatan ay nakakatulong para maunawaan at maalala ng mga bata ang itinuturo ninyo. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 230–31.)

***Mga sanggunian:*** Mga sanggunian lamang na gawa ng Simbahan ang gamitin sa klase ng nursery. Kung kailangan ninyo ng iba pang ipagagawa sa mga bata, pumili ng mga kuwento, laro, puppet, o aktibidad sa pagkukulay mula sa manwal na ito o sa mga magasin ng Simbahan. Magagamit ninyo ang mga aktibidad na ito hangga’t gusto ninyo, at maituturo ninyo ang isang aralin nang dalawa o tatlong sunud-sunod na linggo.

***Pag-uulit:*** Kapag naririnig ng mga bata ang isang parirala nang maraming beses, maaari itong maging bahagi ng bokabularyong naririnig nila. Kapag sinasambit nila ang isang parirala nang maraming beses, maaari itong maging bahagi ng bokabularyong sinasambit nila.




Magiging masaya ako kapag nagsasabi ako ng "sorry."


Magiging masaya ako kapag nagsasabi ako ng "sorry."


Magiging masaya ako kapag nagsasabi ako ng "sorry."


Magiging masaya ako kapag nagsasabi ako ng "sorry."

# 17 MAGBABAHAGI AKO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ang mga tunay na tagasunod ni Jesucristo ay noon pa kilala sa kahandaan nilang magbahagi sa iba ng anumang mayroon sila (tingnan, halimbawa, sa Mga Gawa 2:44–45; Mosias 18:28; 4 Nephi 1:3). Sa pagbabahagi ng ating mga biyaya sa mga nangangailangan, kinikilala nating galing sa Diyos ang mga biyayang ito, at ipinapakita natin ang ating pagmamahal para sa lahat ng anak Niya.

## PAGHAHANDA

Magdala ng isang simpleng bagay na magagamit ninyo para maipamalas ang pagbabahagi (magagamit din ninyo ang isang bagay sa silid ng nursery, tulad ng laruan o aklat).

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa koro ng "Sinisikap Kong Tularan si Jesus" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 40–41) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Magmahal ka nang tulad ni Jesus. *(yakapin ang sarili at ibiling-biling ang katawan)*
Ang kabutiha'y 'pakitang lubos. *(tumangu-tango)*
Maging mahinahon sa bawat kilos, *(yakapin ang sarili at ibiling-biling ang katawan)*
Ito ang turo ni Jesus. *(tumangu-tango)*

Sabihin sa mga bata na gusto ng Ama sa Langit na maging mabait tayo sa isa't isa. Ipaliwanag na kapag nagbabahagi tayo, nagpapakita tayo ng kabaitan.

*Pagpapamalas* Sabihin sa mga bata na magpapraktis kayong magbahaginan. Ipakita sa kanila kung paano magbahagi sa pagsasabi ng, "magbabahagi ako" habang ibinibigay ninyo sa isa pang nursery leader ang bagay na dinala ninyo. Bigyang-diin ang sayang dulot ng pagbabahagi. Ipasambit sa mga bata ang, "magbabahagi ako."

*Mga Larawan* Ipakita ang unang larawan sa pahina 74. Ituro ang batang babae sa kaliwa at sabihin sa mga bata na ang batang ito ay may manyikang gustung-gusto niyang paglaruan; kapag dumarating ang kaibigan niya para makipaglaro, sinasabi niya, "pahihiramin kita ng manyika ko." Ipaliwanag na pareho silang masaya. Ipasambit sa mga bata ang, "magbabahagi ako."

Ipakita ang pangalawang larawan sa pahina 74. Ituro ang batang lalaki sa kanan at sabihin sa mga bata na gustung-gustong laruin ng batang ito ang kanyang mga laruan; kapag dumarating ang kaibigan niya para makipaglaro, sinasabi ng bata, "pahihiramin kita ng mga laruan

### MGA TIP SA PAGTUTURO

Ang ***pagbabahagi*** kadalasan ay mahirap para sa mga bata. Matututo sila sa inyong halimbawa. Sa oras ng aralin at sa buong oras ng klase ng nursery, ipakita sa kanila kung paano kayo nagbabahagi at ipagawa ito sa kanila. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 222.) Kung nag-aatubili sila, ipakita lang itong muli sa kanila, nang hindi sila pinipilit magbahagi.

ko." Ipaliwanag na pareho na silang masaya ngayon. Ipasambit sa mga bata ang, "magbabahagi ako."

*Awit* Kantahin o bigkasin ang sumusunod na mga titik sa "Masayang Gawin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 253) habang kunwari ay nagbabahagi kayo sa mga bata. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Pagbahagi'y kaysaya,
Kaysaya kaysaya.
Pagbahagi'y kaysaya,
Kaysaya-saya!

*Katapusan* Sabihin sa mga bata ang sayang nadarama ninyo kapag nagbabahagi kayo. Ipaliwanag na masaya rin ang Ama sa Langit kapag nagbabahagi tayo.


*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa larawang guhit:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 75 para sa bawat bata.
*Para sa cube game:* Kopyahin at gupitin ang larawan sa pahina 75. Kulayan ito kung gusto ninyo. Itupi sa tulduk-tuldok na mga linya, at iteyp o idikit ang mga tab para makagawa ng cube.

*Larawang Guhit* Idispley ang larawang guhit sa pahina 75 at bigyan ng isang kopya ng larawang guhit ang bawat bata. Ituro sa larawan ang nakangiting batang lalaki at ipaliwanag na maaari nating ibahagi ang ating ngiti. Ipaturo sa mga bata ang nakangiting batang lalaki sa kanilang kopya. Ulitin para sa iba pang mga larawang guhit.

*Cube Game* Pagulungin ang cube na ginawa ninyo. Pagawin ng ilang simpleng aksyon ang mga bata na aakma sa larawang nasa ibabaw ng cube. Pagkatapos ay pasabayin ang mga bata sa inyo sa pagsambit ng, "Ibabahagi ko ang aking [mga ngiti, laruan, pagkain, at iba pa]." Kapag lumitaw ang panig [ng cube] na may mga kataga lamang na "Magbabahagi Ako," papalakpakin ang mga bata at pasambitin ng, "Magbabahagi ako." Ulitin hanggang sa matapos magpagulong ng cube ang bawat bata.




*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na aktibidad at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Gusto kong si Jesus ay sundin,
Maging mabait at mapagmahal din. *(yakapin ang sarili)*
Ang iba'y ngingitian; *(ituro ang bibig at ngumiti)*
Mga laruan ko'y ipahihiram. *(magkunwaring nagpapahiram ng laruan)*
Ang gusto Niyang gawin ko ay iyan.

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Paggawa ng mga kopya:*** Kung wala kayong magagamit na copy machine, maglagay ng malinis na papel sa ibabaw ng mga larawang guhit at bakatin ang mga ito ng lapis o bolpen. Huwag nang bakatin pa ang lahat ng detalye; bakatin lang ang mga outline at sapat na detalye para matukoy ang mga larawang guhit.


***Cube game:*** Kung maraming bata sa klase ninyo sa nursery, kayo na lang ang laging magpagulong ng cube sa halip na magsalitan ang mga bata.

***Mga activity verse:*** Gustung-gusto ng mga bata ang mga tula at awit na may mga simpleng aksyon. Magagamit ninyo ang mga activity verse na inaprubahan ng Simbahan para maipadama sa mga bata na sila ay kabilang, gustuhin nilang magdasal, matuto sila ng mga alituntunin ng ebanghelyo, o makilahok sa aralin.







Magpapahiram ako ng mga krayola.



Magpapahiram ako ng mga laruan.




Ngingiti ako.




# Magbaba-hagi Ako

Mamimigay ako ng pagkain.



Magpapahiram ako ng mga aklat.



# 18 MAMAHALIN KO ANG IBA



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ang pagmamahal sa iba, kahit sa mga taong naiiba sa atin, ay isa sa pinakamahahalagang paraan na masusunod natin ang Tagapagligtas na si Jesucristo (tingnan sa Juan 13:34–35). Nagpapakita tayo ng pagmamahal sa iba kapag mabait, nakikinig, nag-aaliw, at naglilingkod tayo sa kanila. (Tingnan sa Mateo 25:34–40; Mosias 18:8–9.)

## PAGHAHANDA

- Basahin ang Lucas 10:25–37, at paghandaang isalaysay nang napakasimple ang kuwento ng mabuting Samaritano.
- Magdala ng isang kopya ng Biblia.
- Markahan ang pahina 74 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Mga Larawan* Ipakita ang mga larawan sa pahina 74. Ipaliwanag na ang mga bata sa mga larawang ito ay mabait na nakikipaglaro sa isa't isa. Kapag mabait tayo sa iba, ipinapakita nating mahal natin sila.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Mahalin Bawat Tao, Sabi ni Cristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 39) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Mahalin bawat tao; *(iunat ang mga bisig)*
Sabi ni Cristo.
At sila'y magmamahal, *(ilagay ang kamay sa dibdib)*
Nang lubos sa 'yo. *(yakapin ang sarili)*

*Kuwento sa Banal na Kasulatan* Idispley ang larawan ng mabuting Smaritano sa pahina 78. Buklatin ang Biblia at sabihin sa mga bata na isasalaysay ninyo ang kuwento ni Jesus tungkol sa pagmamahal sa iba. Gamit ang simpleng mga salita, ikuwento ang mabuting Samaritano. Nasa ibaba ang halimbawa:

Isang araw may isang lalaking nakahiga sa daan *(ituro ang nakabulagtang lalaki sa larawan)*. Siya ay sugatan. Dalawang lalaki ang nagdaan. Nakita nila ito, pero hindi sila tumulong. Dumating ang ikatlong lalaki *(ituro ang mabuting Samaritano sa larawan)*. Nakita niya ang nakahigang lalaki, at tinulungan ito. Nagpakita siya ng pagmamahal.

*Dula-dulaan* Sabihin sa mga bata na sinabi ni Jesus na magpakita rin tayo ng pagmamahal. Pagkunwariin silang naglalakad, at bigyan sila ng mga pagkakataong magkunwaring nagpapakita ng pagmamahal sa iba. Halimbawa:

Maglakad tayo *(lumakad sa kinatatayuan)*. Tingnan ninyo, may isang kaibigang natumba. Tulungan natin siyang makatayo *(magkunwaring tinutulungang makatayo ang kaibigan)*. Magpatuloy

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Paghahanda:*** "Habang nagtuturo tayo ng ebanghelyo, dapat nating kilalanin nang may pagpapakumbaba na ang Espiritu Santo ang totoong guro. Ang ating pribilehiyo ay magsilbing mga instrumento kung saan ang Espiritu Santo ay makapagtuturo, makapagpapatotoo, makapagbibigay-kapanatagan at inspirasyon. Kung gayon ay dapat tayong maging karapat-dapat na tanggapin ang Espiritu. . . . Habang espirituwal ninyong inihahanda ang inyong sarili at binibigyang-halaga ang Panginoon sa inyong pagtuturo, kayo ay magiging instrumento sa Kanyang mga kamay. Palalakasin ng Espiritu Santo ang inyong mga salita nang may kapangyarihan" *(Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 51).

***Mga banal na kasulatan:*** Gamitin ang mga banal na kasulatan sa pagtuturo ng mga bata. Kapag nagkuwento kayo mula sa mga banal na kasulatan, ituro ang lugar sa banal na kasulatan na katatagpuan sa kuwento. Turuan ang mga bata na pahalagahan at igalang ang mga banal na kasulatan.

tayo sa paglakad. May nakita tayong kaibigang nauuhaw. Painumin natin ang ating kaibigan *(magkunwaring nagpapainom ng tubig).* Magpatuloy tayo sa paglakad. Nakita natin sina mommy at daddy. Yakapin natin sila at sabihing, "Mahal ko kayo" *(yakapin ang sarili at sabihing, "Mahal ko kayo").*

*Katapusan* Sabihin nang taimtim sa mga bata na mahal ninyo sila. Sabihin sa kanila kung gaano kayo kasaya kapag minamahal ninyo ang iba.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.


## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa banal na kasulatan:* Magdala ng isang kopya ng Biblia. Markahan ang Juan 15:12 para madali ninyo itong mabuklat.
*Para sa aktbidad sa pagkukulay at aktibidad sa pusong papel:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 79 para makulayan ng bawat bata.

*Banal na Kasulatan* Sabihin sa mga bata na nalalaman natin sa mga banal na kasulatan na itinuro sa atin ni Jesus na magmahalan tayo. Basahin ang Juan 15:12 at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Ito ang aking utos,
Na kayo'y mangagibigan sa isa't isa, *(ilagay ang dalawang kamay sa dibdib)* na gaya ng pagibig ko sa inyo. *(iunat ang mga bisig)*

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng larawang guhit sa pahina 79. Habang nagkukulay sila, ipaunawa sa kanila na tayong lahat ay mga anak ng Diyos at espesyal ang bawat isa sa atin. Ipaalala sa kanila na gusto ng Ama sa Langit at ni Jesucristo na mahalin natin ang lahat ng tao.



*Aktibidad sa Pusong Papel* Basahin ang sumusunod na mga halimbawa (o gumawa ng sarili ninyo), at itanong, "Nagpapakita ba ito ng pagmamahal?" Pagkatapos ng bawat halimbawa, ipataas sa mga bata ang kanilang mga pusong papel at sabihing, "Pagmamahal."


Kapag tumutulong kayong maglinis.
Kapag nagsasabi kayo ng "paki" at "salamat."
Kapag nagpapahiram kayo ng laruan.
Kapag tinutulungan ninyo ang isang taong nasaktan.

Purihin ang mga bata sa paglahok. Mas angkop sa nakatatandang mga bata ang aktibidad na ito.


### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Katapusan:*** Ngumiti habang sinasabi ninyo sa mga bata na mahal ninyo sila. Titigan sila sa mga mata. Mas maraming ihahayag ang inyong mukha at mga kilos sa mga bata kaysa mga sasabihin ninyo.


***Pagkukulay:*** Maaaring hindi pa kaya ng mga batang musmos na magkulay nang hindi lumalampas sa linya. Maaaring interesado lang silang gumawa ng isa o dalawang guhit sa pahina. Masayang purihin ang kanilang mga pagsisikap nang hindi sila pinagkukulay sa gusto ninyong paraan. Layon ng mga larawang guhit sa manwal na ito na bigyan ang mga bata ng biswal na representasyon ng mga alituntunin sa aralin.



# Mamahalin Ko ang Iba



# 19 MAAARI AKONG SUMAYA



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Gusto ng ating Ama sa langit na maging masaya tayo; ang planong nilikha Niya para sa atin ay madalas tawaging "dakilang plano ng kaligayahan"(Alma 42:8). Bagaman mahalagang bahagi ng buhay ang paghihirap, mapipili nating gandahan ang ating pananaw, at mas gaganda rin ang pananaw ng iba kapag masaya tayo.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Kuwento* Ipahawak sa isang bata ang larawan sa pahina 82. Ikuwento ang sumusunod:

> Mamamasyal si Mary at ang mommy niya *(ituro si Mary at ang Mommy niya sa larawan)*. Nakasimangot ang ilang taong nadaanan nila *(pasimangutin ang mga bata)*. Tinanong ni Mary ang Mommy niya, "Bakit lungkot na lungkot sila?" Sabi ng Mommy niya, "Ewan ko, pero siguro puwede natin silang ngitian para sumaya sila." Habang namamasyal, nakita ni Mary ang isang babaeng papalapit sa kanila. Ngumiti nang husto si Mary *(pangitiin nang husto ang mga bata)*. Pagkakita ng babae sa masayang mukha ni Mary, nginitian siya nito. Sabi ni Mary, "Totoo nga!" Sabi ng Mommy niya, "Kapag pinili nating maging masaya, sumasaya rin ang iba."

Pangitiin ang mga bata para sa inyo. Sabihin sa kanila na nagpapasaya sa iba ang kanilang ngiti. Ipasambit sa mga bata ang "masaya."

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Mga Ngiti" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 39) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

> Kung nakasimangot ka, *(batakin pababa ang sulok ng bibig para makasimangot)*
> Huwag patagalin. *(umiling-iling)*
> Agad itong baliktarin
> At pagngiti'y gawin. *(diinan ang mga sulok ng bibig para makangiti)*
> Huwag nang magsimangot pa, *(hatakíng pababa ang mga sulok ng bibig para makasimangot)*
> Ngumiti ka na. *(diinan ang mga sulok ng bibig para makangiti)*
> Ang mundo ay gaganda
> 'Pag laging masaya. *(tumangu-tango)*

*Laro* Patayuin sa bilog ang mga bata. Sabihin sa kanila na magpapraktis kayong magngitian. Tumayo sa harapan ng isang bata at ngitian siya. Pangitiin ang bata. Pagkatapos ay sabihing, "Ngitian natin ang iba." Hawakan sa kamay ang bata, puntahan ang isa pang bata, at ngumiti. Pahawakan sa pangalawang bata ang kamay ng unang bata at ngitian ang isa pang bata. Magpatuloy hanggang magkakahawak-kamay na ang lahat ng bata.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga awit:*** Gustung-gusto ng mga bata ang mga bagay na nakita at narinig na nila. Kantahin ang mga awit sa araling ito o sa naunang mga aralin anumang oras sa klase ng nursery. Makakatulong ang pagrerepasong ito para matutuhan nila ang mga awit at maalala ang mga alituntunin ng ebanghelyong naituro na ninyo.

***Laro:*** Tulad sa anumang aktibidad, iakma ang larong ito sa dami ng mga bata sa inyong nursery. Kung maraming bata sa nursery, maaari ninyong ngitian nang sabay ang dalawa o tatlong bata.

*Katapusan* Sabihin sa mga bata na kapag pinipili nating maging masaya, mapapasaya rin natin ang iba. Ipasambit sa mga bata ang, "Maaari akong sumaya!"

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa pagrerepaso:* • Markahan ang pahina 67 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat. Magdala ng mga larawan ng mga bagay na ipinagpapasalamat ninyo; magagamit ninyo ang mga larawan sa manwal na ito o sa mga magasin ng Simbahan, o gumawa ng sarili ninyo.

*Para sa aktibidad sa larawang guhit:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 83 para sa bawat bata.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Kung Ikaw ay Masaya" *(Aklat ng mga Awit Pambata,* 125) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Kung ikaw ay masaya, pumalakpak. *(klap, klap)*
Kung ikaw ay masaya, pumalakpak. *(klap, klap)*
Kung ikaw ay masaya,
Buhay mo ay sisigla. *(ngumiti; ituro ang mukha)*
Kung ikaw ay masaya, pumalakpak. *(klap, klap)*

Ulitin, at palitan ang "pumalakpak" ng ibang aksyon, tulad ng "umikot ka," "pumadyak ka," at iba pa.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Pagngiti'y nakakahawa. (*diinan ang mga sulok ng bibig para makangiti)*
Kaya 'pag malungkot ako. *(batakin ang mga sulok ng bibig para makasimangot)*
Nginingitian ko ang iba, *(diinan ang mga sulok ng bibig para makangiti)*
At sumasaya ako! *(ilagay ang dalawang kamay sa dibdib)*

*Pagrerepaso* Ulitin ang dalawang aktibidad sa larawan mula sa aralin 15 (mga pahina 64 at 65). Ipaliwanag na ang pag-alaala sa lahat ng magagandang bagay na ibinigay sa atin ng Ama sa Langit ay magpapasaya sa atin.

*Larawang Guhit* Bigyan ang bawat bata ng mukhang nakangiti at nakasimangot na nasa pahina 83. Patingnan sa mga bata ang kopya nila ng mga larawan habang kinakanta ninyong muli ang awit na "Mga Ngiti." Ipabaligtad sa kanila ang mga mukhang nakasimangot para lumitaw ang mukhang nakangiti sa mga angkop na oras ng awitin.


## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Opsyonal na mga aktibidad:*** Para mapanatili ang interes at aktibong pakikibahagi ng mga bata, gumamit ng iba't ibang pamamaraan sa pagtuturo; salitan ng mga kanta, activity verse, laro, at galaw ng katawan ang mga kuwento. Planuhing tapusin ang bawat aktibidad sa loob ng dalawa o tatlong minuto. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 87–88, 113–115.)


***Pagrerepaso:*** Ulitin ang mga aktibidad mula sa naunang mga aralin gaano man kadalas ninyo gusto. Natutuwa ang mga bata sa pag-uulit, at nakakatulong ito para matuto sila.



Maaari Akong Sumaya



# 20 MAGPIPITAGAN AKO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ang kapitagan ay matinding paggalang at pagmamahal sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Higit pa ito sa pagiging tahimik at pag-upo nang walang imik sa oras ng aralin, bagaman kadalasan ay naipapakita ang ating kapitagan sa ating kilos sa simbahan at sa iba pang sagradong lugar. Habang sinisikap nating maging mas mapitagan, higit nating madarama ang impluwensya ng Espiritu Santo sa ating buhay. (Tingnan sa D at T 63:64; 84:54; 109:21.)

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Larawan* Ipakita ang mga larawan sa pahina 86. Sabihin sa mga bata na ang pamilyang ito ay nasa simbahan at mapitagan sila. Ipasambit sa mga bata ang "mapitagan." Ipaliwanag na ang pagpipitagan ay tahimik na pag-iisip sa Ama sa Langit at kay Jesucristo. Ituro ang mga bagay na ginagawa ng pamilyang nasa larawan para maipakitang sila ay mapitagan. Magtuon ng pansin lalo na sa mga bata sa larawan.

*Praktis* Ipaunawa sa mga bata na kapag nagsisimba tayo maipapakita natin na mahal natin ang Ama sa Langit at si Jesus sa pagiging mapitagan. Ilarawan ang ilang paraan na maipapakita natin ang kapitagan sa simbahan, at praktisin ito sa mga bata. Halimbawa:

- Nagsasalita tayo nang mahina. *(praktising magsalita nang mahina)*
- Naglalakad tayo nang tahimik. *(praktising maglakad nang tahimik)*
- Umuupo tayo nang tahimik. *(praktising maupo nang tahimik)*
- Nakikinig tayo sa ating mga guro. *(isalikop ang kamay sa tainga)*
- Iniisip natin si Jesus. *(ituro ang ulo)*

*Awit* Ipaliwanag na ang isa pang paraan para maipakita natin ang kapitagan ay sa pagkanta ng mapipitagang awitin. Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Sisikapin Kong Maging Magalang" *(Aklat ng mga Awit Pambata,* 13) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Ang Diyos Ama'y mahal ko, *(ilagay ang mga kamay sa dibdib)*
Aking sisikaping *(ituro ang sarili)*
Tahanan n'ya'y igalang. *(pagdikitin ang dulo ng mga daliri para magmukhang bubong ng bahay)*
Nang s'ya'y mapasa 'kin. *(yakapin ang sarili)*

*Katapusan* Purihin ang mga bata sa pagiging mapitagan. Ipaliwanag na ang mga bagay na ito ay makakatulong sa atin at sa mga nasa paligid natin na maisip ang Ama sa Langit at si Jesus. Ipasambit sa mga bata ang, "Magpipitagan ako." Hikayatin silang maging mapitagan ngayon.

*Panalangin* Sabihin sa mga bata na oras na para sa pangwakas na panalangin. Itanong, "Paano kayo magiging mapitagan habang nagdarasal?" Tulungan silang magpraktis na humalukipkip, magyuko ng ulo,

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Kapitagan:*** "Asamin ang mga simpleng bagay na magagawa ninyo upang paalalahanan [ang mga bata] na maging mapitagan. Maaari ninyong maibalik ang kapaligirang may pagpipitagan sa pamamagitan ng marahang pag-awit o paghuni ng isang awit na mapitagan, pagpapakita ng larawan, o paggamit ng senyas ng kamay na makikilala ng mga bata bilang paalala na maging mapitagan.

"Alalahanin na napakahirap para sa mga bata na manatiling nakaupo nang matagal. Tulungan ang mga bata na makinig at makilahok nang aktibo. [Pagpahingahin sila] maya't maya" *(Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,*104).

***Pag-uulit ng mga kataga:*** May ilang batang aayaw na sabayan kayo sa pag-uulit ng mga kataga. Ok lang iyon. Matututo pa rin sila sa panonood at pakikinig sa inyo at sa ibang mga bata.

at pumikit habang nagdarasal kayo. Ipaalala sa mga bata na nakakatulong ito para maipakita natin sa Ama sa Langit at kay Jesus na mahal natin Sila. Purihin sila sa pagpapakita ng kapitagan.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa flip-book:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 87; kulayan kung gusto ninyo. Gupitin sa tuwid na linya para makagawa ng dalawang flap. Itupi nang pabaligtad ang mga flap para matakpan ang drowing.
*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 87 para makulayan ng bawat bata. Gupitin sa tuwid na linya para maigawa ng mga flip book ang mga bata.




*Flip Book* Itaas ang larawang guhit na inihanda ninyo, na natatakpan ng mga flap ang drowing. Sabihin sa mga bata na magpapakita kayo ng ilang larawan sa kanila na nagpapakita sa atin kung paano maging mapitagan sa oras ng panalangin. Buksan ang flap na nasa ibabaw at basahin ang mga nakasulat sa likod nito. Gawin din ito sa flap na nasa ilalim. Ulitin ang aktibidad; sa pagkakataong ito ay pagpraktisin ang mga bata sa pagyuko ng ulo, pagpikit, at paghalukipkip.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Ibukas, isara; *(ibukas-sara ang mga kamay)*
Ibukas, isara; *(ibukas-sara ang mga kamay)*
Pumalakpak; *(pumalakpak)*
Ibukas, isara; *(ibukas-sara ang mga kamay)*
Ibukas, isara; *(ibukas-sara ang mga kamay)*
Ilapag sa kandungan. *(paghawakin ang mga kamay sa kandungan)*

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng mga flip book na inihanda ninyo para sa kanila.



## MGA TIP SA PAGTUTURO


***Pagpuri:*** "Huwag gantimpalaan ng mga premyo o pagkain ang pag-uugaling mapitagan. Huwag magpaligsahan upang malaman kung sino ang pinakamapitagan. Ang mga ito ay malamang matuon sa mga maling bagay. Magturo hinggil sa mga tunay na gantimpala ng pagpipitagan, katulad ng pinalawak na pang-unawa at ang impluwensya ng Espiritu" *(Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 105). Sabihan ng partikular na papuri ang mga bata kapag sila ay mapitagan; halimbawa: "Natutuwa ako kay Mary kasi tahimik siyang nakaupo. Salamat, Mary."

***Pagkukulay:*** Habang nagkukulay ang mga bata, repasuhin ang mga alituntuning itinuro sa aralin. Ituro ang mga detalye sa mga larawan, at ipaliwanag sa kanila ang kanilang kinukulayan. Basahin sa kanila ang mga nakasulat sa larawang guhit.




Pipikit ako at
magyuyuko ng ulo

at hahalukipkip
habang nagdarasal.



# 21 NAKITA NI JOSEPH SMITH ANG AMA SA LANGIT AT SI JESUCRISTO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Si Joseph Smith ang unang propeta ng ating panahon. Nakita niya at nakausap ang Diyos Ama at si Jesucristo. Sa pamamagitan ni Propetang Joseph, ipinanumbalik ng Panginoon ang totoong Simbahan at ang kabuuan ng ebanghelyo. (Tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:9–19.)

## PAGHAHANDA

- Basahin ang Joseph Smith—Kasaysayan 1:9–19 at maghandang ikuwento nang maikli ang Unang Pangitain.
- Magdala ng isang kopya ng Biblia.
- Magdala ng isang kopya ng Mahalagang Perlas. Markahan ang Joseph—Smith Kasaysayan 1:17 para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Kuwento sa Banal na Kasulatan* Ipakita ang larawan sa pahina 90 habang ikinukuwento ninyo nang maikli ang Unang Pangitain (tingnan sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:9–19). Nasa ibaba ang isang halimbawa:

> Ito ang larawan ni Joseph Smith *(ituro si Joseph; ipasambit sa mga bata ang "Joseph Smith")*. Gusto niyang malaman kung aling simbahan ang totoo. Nabasa niya sa Biblia *(buklatin ang Biblia)* na makapagdarasal tayo para malaman ang katotohanan *(pagkunwariin ang mga bata na nagbabasa)*. Nagpunta si Joseph Smith sa kakahuyan *(ituro ang mga puno)* para manalangin sa Ama sa Langit. Habang siya ay nagdarasal, nakita niya ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

Buklatin ang Mahalagang Perlas sa Joseph Smith—Kasaysayan 1:17 at sabihin sa mga bata na babasahin ninyo ang sinabi ng Ama sa Langit kay Joseph Smith. Ipaliwanag na itinuro Niya si Jesucristo at sinabing: "Ito ang Aking Pinakamamahal na Anak. Pakinggan Siya!" Ipaliwanag na sinabi ni Jesus kay Joseph na ibabalik Niya ang totoong Simbahan ni Jesucristo.

*Pagsasagawa* Muling isalaysay ang kuwento. Sa pagkakataong ito, patayuin ang mga bata na nakaunat ang mga bisig para magkunwaring mga puno sa Sagradong Kakahuyan. Hilingin sa mga bata na umuguy-ugoy na parang hinihipan ng hangin habang ikinukuwento ninyo ang tungkol sa pagdarasal ni Joseph. Pagkatapos ay hilingan silang pumanatag at tumahimik kapag ikinuwento na ninyo sa kanila ang pagpapakita ng Ama sa Langit at ni Jesus kay Joseph.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang sumusunod na mga titik sa "Nang Minsan ay Tagsibol" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 57) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga kuwento:*** Madaling mainip ang mga batang musmos. Magplano ng mga paraan para maisali sila sa kuwento. Halimbawa, pahawakan ninyo ang mga larawan o ipaulit ang mga kataga sa kanila. Tumigil nang madalas para ituro ang mga detalye sa mga larawan, at panatilihin itong nakadispley hanggang sa makita ng bawat bata bago kayo magpatuloy sa kuwento. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 238.)

***Mga awit:*** "Ang kaakit-akit na ritmo ng musika ay tumutulong sa mga bata na maalaala ang kanilang inaawit at ang mga mensahe ng mga salita" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 229.) Ang musika ay isa ring epektibong paraan para maanyayahan ang Espiritu sa klase.

Nang minsan ay tagsibol—sa kakahuyan, *(itaas ang mga bisig na parang mga puno)*
Ang Diyos Ama't Anak kay Joseph ay nagpakita. *(lumuhod at humalukipkip)*


*Katapusan* Magbahagi ng maikling patotoo na nakita ni Joseph Smith ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa finger-puppet:* Kopyahin at gupitin ang mga finger puppet sa pahina 91 o gamitin ang mga puppet na ginawa ninyo para sa opsyonal na aktibidad sa aralin 9. Kulayan ang mga puppet kung gusto ninyo.
*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 91 para makulayan ng bawat bata.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse, at pasabayin sa inyo ang mga bata:
Lumuhod si Joseph sa kakahuyan, *(itaas ang mga bisig na parang mga puno)*
At umusal ng espesyal na dalangin. *(humalukipkip)*
Nakita niya ang Ama at ang Anak *(tumingala, tabingan ng kamay ang mga mata)*
At doon ay nakinig sa Kanila. *(isalikop ang kamay sa tainga)*



*Aktibidad sa Finger-Puppet* Muling ikuwento nang maikli ang Unang Pangitain, na sa pagkakataong ito ay gamit ang mga finger puppet na inihanda ninyo. Pahawakan sa mga bata ang mga puppet kung gusto nila.

*Pagkukulay* Pakulayan sa bawat bata ang isang kopya ng larawang guhit sa pahina 91. Habang nagkukulay sila, repasuhin ang kuwento ng Unang Pangitain. Ituro ang mga detalye sa larawan at ipaliwanag sa mga bata ang kanilang kinukulayan. Basahin sa kanila ang mga salita sa larawang guhit.


## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Patotoo:*** Ipahayag ang inyong patotoo nang simple at maikli; halimbawa: "Alam ko na nakita ni Joseph Smith ang Ama sa Langit at si Jesucristo."

***Mga finger puppet:*** Kung pipiliin ninyong gawin ang aktibidad na ito, maaari kayong gumawa ng sapat na dami ng mga finger puppet na mapaglalaruan ng bawat bata.


***Nakatatandang mga bata:*** Pagkuwentuhing muli ang nakatatandang mga bata sa mga batang musmos tungkol sa Unang Pangitain. Ipakita sa kanila kung paano gamitin ang mga finger puppet o ang larawan sa pahina 42 sa pagkukuwento. Ang pagtulong sa mga bata na magturuan ay isang mahusay na paraan para mapagtibay ang naituro ninyo.






Nakita ni Joseph Smith ang Ama sa Langit at si Jesucristo.

Kopyahin ang pahinang ito at gupitin ang mga finger puppet sa tuwid na mga linya. Itupi sa tulduk-tuldok na mga linya. Pagkatapos ay iteyp ang mga gilid, at huwag pagdikitin ang mga gilid sa ilalim para maipasok ng mga bata ang kanilang mga daliri sa mga puppet.









# 22 TINUTURUAN AKO NG AKLAT NI MORMON TUNGKOL KAY JESUCRISTO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ang Aklat ni Mormon ay isang makapangyarihang saksi kay Jesucristo. Naglalaman ito ng patotoo ng mga sinaunang propetang nakinita ang Kanyang pagdating at naunawaan ang Kanyang misyon. Naglalaman din ito ng isang talaan ng Kanyang pagdalaw sa mga lupain ng Amerika matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli (tingnan sa 3 Nephi 11–27). Ang pinakalayunin ng Aklat ni Mormon ay kumbinsihin ang lahat ng tao "na si Jesus ang Cristo, ang Diyos na Walang Hanggan, nagpapatunay ng kanyang sarili sa lahat ng bansa" (pamagat na pahina ng Aklat ni Mormon; tingnan din sa 1 Nephi 13:40–41; 2 Nephi 25:26; 33:10–11).

## PAGHAHANDA

- Markahan ang mga pahina 22, 94, at 126 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.
- Magdala ng isang kopya ng Aklat ni Mormon.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Awit* Kantahin ang koro ng "Babasahin, Uunawain at Mananalangin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 66) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Babasahin, *(magkunwaring binubuklat ang isang aklat)* uunawain, *(ituro ang ulo)* at mananalangin *(humalukipkip)*
Hilig kong laging binabasa, kasulatang banal. *(ituro ang sarili)*
Espiritu'y dama, sa puso ko t'wina, *(ilagay ang kamay sa dibdib)*
Nalalamang aklat ay tunay. *(ituro ang ulo)*

*Mga Larawan* Itaas ang Aklat ni Mormon. Sabihin sa mga bata, "Ito ang Aklat ni Mormon. Tinuturuan tayo ng Aklat ni Mormon tungkol kay Jesucristo." Ipasambit sa mga bata ang "Aklat ni Mormon." Buklatin ang Aklat ni Mormon at ilagay ito sa harapan ninyo.

Idispley ang larawan ng Pagsilang ni Jesucristo (pahina 126 sa manwal na ito). Ituro ang Aklat ni Mormon at sabihin sa mga bata na itinuturo ng Aklat ni Mormon na naparito si Jesucristo sa mundo.

Idispley ang larawan ni Jesus na pinagagaling ang mga Nephita (pahina 94). Ituro ang Aklat ni Mormon at sabihin sa mga bata na itinuturo ng Aklat ni Mormon na pinagaling ni Jesucristo ang mga maysakit.

Idispley ang larawan ni Jesus na binabasbasan ang mga batang Nephita (pahina 22). Ituro ang Aklat ni Mormon at sabihin sa mga bata na itinuturo ng Aklat ni Mormon na binasbasan ni Jesucristo ang mga bata.

*Katapusan* Ipasambit sa mga bata ang, "Tinuturuan ako ng Aklat ni Mormon tungkol kay Jesucristo," nang dahan-dahan. Sabihin sa kanila na alam ninyong totoo ang Aklat ni Mormon.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Paghahanda:*** Kung pinaghandaan ninyong mabuti ang mga kuwento, larawan, at laro bago magsimula ang klase sa nursery, maitutuon ninyo ang inyong pansin sa mga bata. Hangarin ang patnubay ng Espiritu sa panalangin habang naghahanda kayong magturo.


***Mga awit:*** Magagamit ninyo ang mga awit ng Primary sa halos anumang aralin para simulan o ibuod ang isang ideya. Nakakatulong ang mga awit sa Primary para matutuhan at maalala ng mga bata ang mga alituntunin ng ebanghelyo. Natututuhan ding magpatotoo ng mga bata nang simple at maganda.

***Mga banal na kasulatan:*** Ang pagbubuklat ng mga banal na kasulatan at pagturo sa mga ito habang kayo ay nagtuturo ay nagpapaunawa sa mga bata na ang mga kuwento tungkol kay Jesus ay nagmumula sa mga banal na kasulatan.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa bag game:* Kopyahin ang mga larawang guhit sa pahina 95. Gupitin sa tulduk-tuldok na mga linya. Ilagay ang mga larawan sa isang bag o ibang sisidlan.
*Para sa aklat:* Gumawa ng isang kopya ng pahina 95 para makulayan ng bawat bata.





*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse, at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Basahin ang Aklat ni Mormon. *(magsimula na magkadaop-palad, pagkatapos ay buklatin na parang aklat)*
Araw-araw itong basahin.
Bago magsimulang mag-aral, *(ituro ang ulo)*
Huwag kalimutang magdasal. *(humalukipkip)*
[Terri Clark, "Read the Book of Mormon," *Friend,* Mar. 2004, 11

*Bag Game* Papiliin ang isang bata ng isang larawang guhit mula sa bag o sisidlan. Basahin sa mga bata ang caption sa larawang guhit. Ulitin hanggang matapos ang bawat batang gustong sumali.

*Aklat* Pakulayan sa bawat bata ang isang kopya ng mga larawang guhit sa pahina 95. Habang nagkukulay sila, kausapin sila tungkol sa mga larawang guhit. Ituro si Jesus sa bawat larawan. Kapag tapos na sila, itupi sa tulduk-tuldok na mga linya para makagawa ng isang aklat. Pagkatapos ay basahin ang aklat sa mga bata.




## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga aktibidad:*** Panatilihing abala ang mga bata sa pamamagitan ng paggamit ng iba't ibang aktibidad. Ito na marahil ang pinakamainam na paraan para maiwasan ang pag-iingay. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 89, 100.)

Ang ***mga batang musmos*** ay madaling magambala. Habang nagtuturo o nagsasagawa ng isang aktibidad ang isang nursery leader, matutulungan ng isa pang nursery leader ang mga bata na magtuon ng pansin sa aktibidad. Ang pagbibigay sa bata ng isang bagay na mahahawakan ay makakatulong din sa kanya na aktibong lumahok sa aktibidad.




Itinuturo ng Aklat ni Mormon na pinagaling ni Jesus ang mga maysakit (tingnan sa 3 Nephi 17:7–10).




Itinuturo ng Aklat ni Mormon na pumarito sa mundo si Jesus (tingnan sa Alma 7:10–12).






Itinuturo ng Aklat ni Mormon na binasbasan ni Jesus ang mga bata (tingnan sa 3 Nephi 17:21–24).

# Tinuturuan Ako ng Aklat ni Mormon tungkol kay Jesucristo



# 23 MAHAL KO ANG MGA BANAL NA KASULATAN



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Tinatanggap ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw ang Biblia, ang Doktrina at mga Tipan, at ang Mahalagang Perlas bilang banal na kasulatan. Layunin ng mga banal na kasulatan na patotohanan si Jesucristo, tulungan tayong lumapit sa Kanya at tumanggap ng buhay na walang hanggan (tingnan sa 2 Nephi 25:26; Helaman 3:29–30). Ang mga banal na kasulatan ay may mga kuwento rin tungkol sa mga taong pinagpala dahil sa pagsunod sa Ama sa Langit. Ipinahayag ni Nephi ang pagmamahal niya sa mga banal na kasulatan sa ganitong paraan: "Ang aking kaluluwa ay nalulugod sa mga banal na kasulatan, at ang aking puso ay nagbubulay sa mga yaon" (2 Nephi 4:15).

## PAGHAHANDA

- Basahin ang Marcos 10:13–16 at 1 Nephi 17:7–10; 18:1–4. Maghandang ibuod nang maikli ang mga kuwentong ito sa mga bata.
- Dalhin ang kopya ninyo ng mga banal na kasulatan.
- Markahan ang pahina 70 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* — Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Pagtuturo ng Doktrina* — Ipakita sa mga bata ang inyong mga banal na kasulatan at sabihin sa kanila kung gaano ninyo kamahal ang mga banal na kasulatan. Ipasambit sa mga bata ang "mga banal na kasulatan." Sabihin sa kanila na nalalaman natin ang tungkol sa Ama sa Langit at kay Jesucristo mula sa mga banal na kasulatan; nalalaman natin na mahal Nila tayo at hangad Nila ang ating kaligayahan.

*Mga Kuwento sa mga Banal na Kasulatan* — Idispley ang larawan sa pahina 98 at ituro si Jesus. Ipaliwanag na tinuturuan tayo ng mga banal na kasulatan tungkol kay Jesus. Buklatin ang Biblia at ibuod nang maikli ang kuwento ng pagbabasbas ni Jesus sa mga bata (tingnan sa Marcos 10:13–16). Ang sumusunod ay isang halimbawa:

> Mahal ni Jesus ang mga bata. Isang araw dinala ng ilang tao ang mga anak nilang paslit kay Jesus *(ituro ang mga bata sa larawan)*. Kinarga Niya sila at binasbasan.

Idispley ang larawan sa pahina 70. Ipaliwanag na ikinukuwento sa atin sa mga banal na kasulatan ang tungkol sa mga taong pinagpala nang sundin nila ang Ama sa Langit. Buklatin ang Aklat ni Mormon at ibuod nang maikli ang kuwento ng paggawa ni Nephi ng barko (tingnan sa 1 Nephi 17:7–10; 18:1–4). Ang sumusunod ay isang halimbawa:

> Ito si Nephi *(ituro si Nephi sa larawan)*. Pinagawa ng Panginoon ng barko si Nephi. Hindi pa nakagawa ng barko si Nephi kahit kailan, pero sumunod siya. Ipinakita sa kanya ng Panginoon kung paano gawin ang barko. *(Pagkunwariing gumagawa ng barko ang mga bata.)*

### MGA TIP SA PAGTUTURO

*Mga banal na kasulatan:* "Kapag tinuturuan ninyo ang mga bata,dapat ninyong gamitin nang madalas ang mga banal na kasulatan at humanap ng mga paraan na maging palagay ang loob ng mga bata sa paggamit ng mga banal na kasulatan" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 71). Tulungan silang maging pamilyar sa mga tao at kuwento sa mga banal na kasulatan. Tulungan silang malaman na ang itinuturo ninyo ay mula sa mga banal na kasulatan.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang koro sa "Babasahin, Uunawain at Mananalangin" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 66) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Babasahin ko, *(magkunwaring binubuklat ang mga banal na kasulatan)*
Uunawaing husto *(ituro ang ulo)*
Mananalangin; *(humalukipkip)*
At patotoo'y kakamtin ko. *(ilagay ang kamay sa dibdib)*

*Katapusan* Ipaulit sa mga bata ang mga salitang, "Mahal ko ang mga banal na kasulatan." Ibahagi ang pagmamahal ninyo sa mga banal na kasulatan at ang patotoo ninyo na ang mga ito ay totoo.


*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD


*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa puppet:* Kopyahin at gupitin ang mga hugis sa pahina 99 para sa bawat bata at gumawa ng dagdag na kopya para sa inyong sarili. Iteyp o idikit ang isang patpat sa likuran ng bawat hugis para makagawa ng mga stick puppet.

*Aktibidad sa Puppet* Pakulayan sa mga bata ang ginupit ninyong mga hugis. Kapag tapos na sila, itaas ang inyong puppet na Adan at Eva at ipataas din sa mga bata ang sa kanila. Ipasambit sa kanila ang "Adan at Eva." Buklatin ang Lumang Tipan at sabihin sa mga bata na sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na sina Adan at Eva ang unang tao sa mundo; nanirahan sila sa Halamanan ng Eden. Pagkunwariin ang mga bata na pinalalakad ang mga puppet nila sa halamanan.




Itaas ang inyong puppet na Noe at ipataas din sa mga bata ang sa kanila. Ipasambit sa kanila ang "Noe." Sabihan sila na sinasabi sa atin sa mga banal na kasulatan na gumawa ng arka si Noe at nagtipon ng mga hayop sa kanyang arka. Pagkunwariing mga hayop ang mga bata.




Itaas ang inyong puppet na Moises at ipataas din sa mga bata ang sa kanila. Ipasambit sa kanila ang "Moises." Sabihan sila na sinasabi sa atin ng mga banal na kasulatan na binigyan ng Panginoon ng 10 utos si Moises. Ipataas sa mga bata ang 10 daliri nila habang nagbibilang kayo hanggang 10.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse, at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Ituro sa akin ang mga banal na kasulatan; *(magkunwaring nagbabasa ng mga banal na kasulatan)*
Katotohanan ang sinasabi nito sa akin. *(ituro ang sarili)*
Ituro sa akin kung paano sumusunod ang mga propeta.
Ituro sa akin ang mga banal na kasulatan; *(magkunwaring nagbabasa ng mga banal na kasulatan)*
Kailangan kong malaman ang katotohanan. *(ituro ang sarili)*
Turuan ako para malaman ko ang daan.

## MGA TIP SA PAGTUTURO


***Mga awit:*** Kapag kinakanta o binibigkas ang isang talata sa mga bata, isaulo ang mga salita at aksyon. Mapananatili nitong nakatuon ang tingin ninyo sa kanilang mga mata at naipapakita sa kanila ang sigla ninyo sa aktibidad.

***Pagkukulay:*** Habang nagkukulay ang mga bata, ikuwento sa kanila ang mga tao sa mga larawang guhit. Ipaliwanag na totoo ang mga kuwento sa atin ng mga banal na kasulatan tungkol sa mga taong ito at marami pang iba na sinunod ang Ama sa Langit.


Kung gusto ninyo, hintaying matapos ang pagbubuo ng mga bata ng mga stick puppet nila hanggang matapos nilang kulayan ang mga larawang guhit. O maipapauwi ninyo sa mga bata ang mga larawang guhit para buuin ng kanilang mga magulang.

***Mga activity verse:*** Maaari ninyong gamitin ang mga activity verse anumang oras sa klase ng nursery, tuwing kailangang gumalaw ang mga bata, o kapag kailangan ninyong kunin ang kanilang pansin. Mabuting paraan din ang mga ito upang marepaso ang mga alituntuning naituro na ninyo.




Adan at Eva
Noe
Moises

# 24 SUSUNDIN KO ANG PROPETA



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Ang propeta ay isang lalaking tinawag ng Diyos na magsalita para sa Kanya. Ang mga propeta ay tumatanggap ng mga salita ng Diyos sa pamamagitan ng paghahayag at pagkatapos ay inuutusang mangaral sa mga tao (tingnan sa Amos 3:7; 1 Nephi 22:2; D at T 1:38; Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Propeta," 216–217). Mapalad tayong magabayan ng mga buhay na propeta. Gaya ng mga sinaunang propeta, ang mga propeta ngayon ay pinatototohanan si Jesucristo at itinuturo ang Kanyang ebanghelyo. Ang kanilang mga turo ay siyang isipan at kalooban ng Panginoon

## PAGHAHANDA

Magdala ng larawan ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan, kung mayroon.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Laro* Kalaruin ang mga bata ng "follow the leader." Pumili ng isang bata na maglalakad, papalakpak, o gagawa ng iba pang aksyon. Sabihin sa mga bata na sundan ang anumang ginagawa ng unang bata. Magpatuloy hanggang matapos ang bawat batang gustong maging lider. Pasunurin ang mga bata sa inyo sa lesson area, at paupuin sila.

*Pagtuturo ng Doktrina* Sabihin sa mga bata na mayroon tayong espesyal na lider na susundin, ang ating propeta. Ipaliwanag na ang propeta ay isang lalaking nakikipag-usap sa Diyos—sinasabi ng Diyos sa propeta ang dapat nating gawin. Sabihin sa mga bata na kung susundin natin ang propeta, sasaya tayo at pagpapalain ng Ama sa Langit. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng pagsunod sa propeta ay paggawa ng mga bagay na ipinagagawa niya sa atin.

*Mga Larawan* Ipakita ang larawan ni Joseph Smith (pahina 102). Sabihin, "Ito si Propetang Joseph Smith. Kinausap ng Ama sa Langit at ni Jesus si Joseph Smith." Ipahawak ang larawan sa isang bata. Sabihan ang mga bata ng isang bagay na itinuro ni Propetang Joseph Smith na gawin natin, tulad ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan. Pagkunwariing nagbabasa ng mga banal na kasulatan ang mga bata, at ipasambit sa kanila ang, "Propeta'y Sundin." Ipahawak ang larawan sa isa pang bata at ulitin ang aktibidad, na inaakto ang isa pang bagay na itinuro ng Propeta tulad ng pagdarasal, pagkain ng masusustansyang pagkain, at iba pa. Pagkatapos ng bawat aksyon, ipasambit sa mga bata ang, "Propeta'y Sundin." Magpatuloy hanggang mahawakan ng bawat bata ang larawan.

Ipakita ang larawan ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan, kung mayroon. Sabihin sa mga bata ang kanyang pangalan at ang ilang bagay na itinuro niyang gawin natin. Ipaliwanag na kapag ginawa natin ang mga bagay na ito, tayo ay pagpapalain.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Pambungad para sa guro:*** Bago maghanda ng isang aralin, espirituwal munang ihanda sandali ang sarili. Halimbawa, maaari ninyong basahin ang pambungad sa simula ng aralin, kabilang na ang nakalistang mga banal na kasulatan. Ang pag-aaral ng mga doktrina sa aralin ay makakatulong na maging handa kayong tanggapin ang mga paramdam ng Espiritu habang naghahanda kayo sa aralin at habang itinuturo ninyo ito sa mga bata. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 16–17.)

*Dula-dulaan* Ipaakto sa mga bata ang mga paraan na masusunod natin ang propeta.

*Awit* Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagmamartsa sa palibot ng silid habang kinakanta o binibigkas ninyo ang mga titik sa koro ng "Propeta'y Sundin" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 58):

Propeta'y sundin, propeta'y sundin,
Propeta'y sundin; nang 'di mawalay.
Propeta'y sundin, propeta'y sundin,
Propeta'y sundin; s'ya ang gabay.

Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagkanta. Ulitin, na pinagsasalit-salit ang mga bata sa pamumuno sa martsa. Ipaliwanag na ang ibig sabihin ng mawalay ay makagawa ng mali.

*Katapusan* Sabihin sa mga bata na alam ninyo na kapag sinusunod natin ang propeta, tayo ay pagpapalain. Ipasambit sa mga bata ang, "Susundin ko ang propeta," nang dahan-dahan.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.


## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*Paghahanda* *Para sa aktibidad sa mga hugis at larong hulaan:* Kopyahin at gupitin ang mga hugis sa pahina 103. Kulayan kung gusto ninyo. Itupi sa tulduk-tuldok na mga linya para makagawa ng mga hugis na pinatayo.
*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Kopyahin at gupitin ang mga hugis sa pahina 103 para makulayan ng bawat bata.

*Mga Larawan* Sabihin sa mga bata na tutulungan ninyo silang makilala ang ilang propetang nabuhay noon. Ilagay ang apat na hugis na pinatayo sa sahig o sa isang mesa. Pagsalit-salitin ang mga bata sa pagpili ng isa sa mga hugis. Sabihin sa mga bata ang pangalan ng propeta at basahin ang caption nito. Ipaulit sa mga bata ang isang mahalagang salita mula sa caption, tulad ng "manalangin," "magpabinyag," "sumunod," at "mga banal na kasulatan." Ulitin hanggang matapos ang bawat batang gustong sumali.

*Larong Hulaan* Patakpan sa mga bata ang kanilang mga mata o patalikurin sila habang inilalagay ninyo ang mga hugis na pinatayo sa isang lugar sa silid. Tiyaking madaling makita ang mga ito. Ipahanap sa mga bata ang mga hugis. Kapag nakakita sila ng isa, ipadala ito sa lesson area. Sabihin sa mga bata ang pangalan ng propeta at basahin sa kanila ang caption. Mas angkop sa nakatatandang mga bata ang aktibidad na ito.

*Pagkukulay* Pakulayan sa bawat bata ang isang kopya ng mga hugis sa pahina 103. Kapag tapos na sila, itupi sa tulduk-tuldok na mga linya para makagawa ng maiuuwing mga hugis na pinatayo. Kung wala kayong oras para gumawa ng mga hugis sa klase ng nursery, hilingin sa mga magulang ng mga bata na gawin ito sa bahay.




## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Ang opsyonal na mga aktibidad*** ay ibinigay sa inyo para idagdag sa aralin kung gusto ninyo. Kung wala kayong mapagkunan ng mga kailangan, gumamit ng mga kahalintulad nito.


***Mga larawan:*** Maaari ding matuwa ang mga bata sa pakikinig sa mga kuwento tungkol sa mga propetang ito. Gamitin ang Daniel 6:4–23 (si Daniel sa kuweba ng mga leon), Mateo 3:13–16 (binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus), Helaman 13:2–4; 16:1–3 (si Samuel na Lamanita), at ang pambungad sa Aklat ni Mormon (isinasalin ni Joseph Smith ang mga laminang ginto). Alalahaning ikuwento nang napakasimple at maikli ang mga ito.

***Larong Hulaan:*** Ang mga batang musmos ay likas na mausisa at maaaring hindi magtakip ng mga mata o tumalikod. Matutuwa pa rin silang panoorin kayo na itinatago ang mga hugis at pagkatapos ay patakbo nilang kukunin ito kapag sinabi ninyo.







Itinuro sa atin ni Joseph Smith na basahin ang mga banal na kasulatan.




Susundin ko ang propeta.




Itinuro sa atin ni Samuel na Lamanita na sundin ang ating Ama sa Langit.




Susundin ko ang propeta.




Itinuro sa atin ni Juan Bautista na dapat tayong magpabinyag.



Susundin ko ang propeta.




Itinuro sa atin ni Daniel na dapat tayong manalangin.



Susundin ko ang propeta.

# 25 KABILANG AKO SA ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Nang narito sa lupa si Jesucristo, itinatag Niya ang Kanyang Simbahan. Matapos ang Pagpapako sa Krus kay Cristo at pagkamatay ng mga Apostol, nawala ang kabuuan ng ebanghelyo, at binawi ang totoong Simbahan sa lupa. Sa pamamagitan ni Propetang Joseph Smith, naipanumbalik ang kabuuan ng ebanghelyo, at narito nang muli sa lupa ang totoong Simbahan ni Jesucristo. (Tingnan sa D at T 1:15–30; Joseph Smith—Kasaysayan 1:68–72.)

## PAGHAHANDA

- Magdala ng isang kopya ng mga banal na kasulatan. Markahan ang D at T 115:4 para madali ninyo itong mabuklat.
- Magdala ng larawan ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan, kung mayroon.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Mga Larawan* Idispley ang larawan sa pahina 106. Sabihin sa mga bata na ito ay larawan ni Jesucristo at kabilang tayo sa Kanyang Simbahan. Ituro ang larawan at itanong, "Sino ito?"

Sagot: "Si Jesucristo."

*Banal na Kasulatan* Sabihin sa mga bata na sinabi sa atin ni Jesus ang pangalan ng Simbahan sa mga banal na kasulatan. Buklatin ang mga banal na kasulatan at basahin ang D at T 115:4: "Sapagkat sa ganito tatawagin ang aking simbahan sa mga huling araw, maging Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw." Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit ng pangalan ng Simbahan, nang dahan-dahan.

Itaas ang kopya ninyo ng mga banal na kasulatan. Sabihin sa mga bata na sinasabi sa atin ni Jesus sa mga banal na kasulatan ang nais Niyang malaman natin at na may mga banal na kasulatan tayo sa Simbahan ni Jesucristo. Pabuksan sa mga bata ang kanilang palad na parang nagbabasa ng mga banal na kasulatan. Ipasambit sa kanila ang "Simbahan ni Jesucristo."

Ipaliwanag na nakikipag-usap si Jesus sa Kanyang mga propeta at na mayroon tayong mga propeta sa Simbahan ni Jesucristo. Ipasambit sa mga bata ang "Simbahan ni Jesucristo." Ipakita ang larawan ng kasalukuyang Pangulo ng Simbahan. Ipaliwanag na siya ang ating propeta ngayon. Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagbigkas ng kanyang pangalan.

*Awit* Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagmamartsa sa palibot ng silid habang kinakanta o binibigkas ninyo ang sumusunod na mga titik sa "Ang Simbahan ni Jesucristo" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 48):

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga larawan:*** Sa pagtuturo gamit ang mga larawan, sabihin muna sa mga bata kung ano o sino ang nasa larawan. Ituro ang mga detalye sa larawan para maituon ang pansin ng mga bata. Pagkatapos ay pasabayin sila sa inyo sa pag-uulit ng isa o dalawang salita. Kapag naririnig at sinasabi ng mga bata ang mga salitang ito habang nakatingin sa larawan, natututuhan nila ang bokabularyo ng ebanghelyo.

***Galaw:*** Ang mga batang edad-nursery ay napakaaktibo. Gumamit ng mga aktibidad na may pagpalakpak, pagmartsa, at paglakad para makapagtuon ng pansin ang mga bata.

Ako ay kabilang sa Simbahan ni Jesucristo.
Nalalaman ko.
Kanyang plano.
Ito'y susundin ko.


*Katapusan* Magbahagi ng maikling patotoo na kabilang tayo sa totoong Simbahan ni Jesucristo.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa pagkukulay at larong pagtutugma-tugma:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 107 para makulayan ng bawat bata. Magdala ng maliliit na piraso ng papel o kahalintulad nito para magamit ng mga bata bilang mga pananda para sa larong pagtutugma-tugma; magdala ng sapat na dami ng pananda para magkaroon ng tiga-tigatlong pananda ang bawat bata.

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng larawan sa pahina 107. Habang nagkukulay sila, repasuhin ang mga alituntuning itinuro sa aralin. Ituro ang mga detalye sa larawan at ipaliwanag sa mga bata ang kanilang kinukulayan. Basahin sa kanila ang mga salita sa larawang guhit.



*Larong Pagtutugma-tugma* Bigyan ang bawat bata ng tiga-tigatlong piraso ng papel. Idispley ang larawang guhit sa pahina 107. Ituro ang larawan ni Jesus at sabihing, "Ito ay larawan ni Jesucristo. Kabilang tayo sa Kanyang Simbahan." Magpalagay sa mga bata ng isang pirasong papel sa larawan ni Jesus sa kanilang mga kopya.


Pagkatapos ituro ang larawan ng propeta at basahin ang caption. Ipasambit sa mga bata ang "propeta" at ilagay ang piraso ng papel sa kanilang larawan. Ulitin para sa drowing ng mga banal na kasulatan. Pagkatapos ay pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsasabing, "Kabilang ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw," nang dahan-dahan.

*Pagrerepaso* Pumili ng isang aktibidad mula sa aralin 23 at isa pa sa aralin 24 para tulungang marepaso ng mga bata ang mga natutuhan nila tungkol sa mga banal na kasulatan at mga propeta. Matapos gawin ang mga aktibidad na ito, ipaalala sa mga bata na tayo ay may mga banal na kasulatan at mga propeta sa Simbahan ni Jesucristo.


## MGA TIP SA PAGTUTURO


***Pagkukulay:*** Hindi lahat ng bata ay gustong magkulay. Ang ilan ay maaaring gumawa lamang ng isa o dalawang guhit sa pahina. Layon ng mga aktibidad sa pagkukulay sa mga araling ito na bigyan ng biswal na representasyon ng aralin ang mga bata na mahahawakan at maiuuwi nila. Hindi mahalaga na kulayan nila nang buong husay ang larawang guhit.

***Pagrerepaso:*** Natututo ang mga bata sa paulit-ulit. Ulitin ang mga kuwento o iba pang mga aktibidad na mukhang kinatutuwaan nila. Magagawa ninyo ito anumang oras sa klase ng nursery, tulad sa oras ng meryenda o habang hinihintay ng mga bata ang kanilang mga magulang.




# Kabilang Ako sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw






Ang Simbahan ni Jesucristo ay may mga propeta.



Ang Simbahan ni Jesucristo ay may mga banal na kasulatan.

# 26 AKO AY MAGPAPABINYAG AT MAGPAPAKUMPIRMA



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-aralan ang sumusunod:

Nagpabinyag si Jesucristo para ipakita "sa Ama na siya ay magiging masunurin sa kanya sa pagsunod ng kanyang mga kautusan" at magpakita ng halimbawa sa atin (tingnan sa 2 Nephi 31:7, 9; tingnan din sa Mateo 3:13–17). Kapag nagpabinyag tayo, ipinapakita rin natin na handa tayong sumunod sa Tagapagligtas at susundin natin ang Kanyang mga utos. Matapos mabinyagan si Jesus, "ang Espiritu Santo ay bumaba sa kanya" (2 Nephi 31:8). Matapos tayong mabinyagan, ibinibigay sa atin ang Espiritu Santo sa pamamagitan ng ordenansa ng kumpirmasyon. Ibig sabihin makakapiling nating lagi ang Espiritu Santo kung susundin natin ang mga utos.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Larawan* Ipakita ang larawan ng pagbibinyag kay Jesucristo (pahina 110). Ituro ang mga detalye sa larawan (si Jesus, ang tubig, si Juan Bautista, at iba pa). Ipaliwanag na nagpabinyag si Jesus dahil mahal Niya ang Ama sa Langit at nais Niyang sundin Siya. Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsambit ng "Jesus" at "nagpabinyag."

*Tula* Ituro ang iba't ibang bahagi ng larawan habang binibigkas ninyo ang mga titik sa unang taludtod ng "Pagbibinyag" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 54–55). Pasabayin ang mga bata sa inyong pagturo.

Nagtungo kay Juan Bautista, *(ituro si Jesus, pagkatapos ay ituro si Juan Bautista)*
Si Jesus sa Judea, *(ituro si Jesus)*
At siya ay sa Ilog Jordan
Nilubog, nabinyagan. *(ituro ang tubig)*

Maipapaliwanag ninyo na ang ibig sabihin ng "nilubog" ay inilubog si Jesus sa ilalim ng tubig nang Siya ay binyagan.

*Larawan* Ipakita ang larawan ng batang babaeng binibinyagan (pahina 10) at tukuyin ang mga pagkakatulad ng dalawang larawan. Sabihin sa mga bata na maaari silang magpabinyag, na gaya ni Jesus, kapag walong taong gulang na sila. Itaas ang walong daliri, tig-apat sa bawat kamay, at bilangin. Ulitin, at pasabayin sa inyo ang mga bata. Bigyang-diin na ang pagpapabinyag ay isang paraan ng pagsunod natin kay Jesus; kapag nagpabinyag tayo ipinapakita natin na mahal natin ang Ama sa Langit at nais natin Siyang sundin.

*Mga Larawang Guhit* Ipakita ang mga larawang guhit sa pahina 111. Sabihin sa mga bata ang nangyayari sa mga larawan. Ipaliwanag na matapos tayong binyagan, tayo ay kukumpirmahan. Ipasambit sa mga bata ang "kumpirmahan." Sabihin sa kanila na ibig sabihin nito ay ipapatong ng mga lalaking may priesthood ang kanilang mga kamay sa ating ulunan para ibigay sa atin ang kaloob na Espiritu Santo.

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Mga larawan:*** Kapag may dalawang larawan sa iisang pahina, maitutuon ninyo sa isang larawan ang mga bata kung tatakpan ninyo ang isa pa.

***Mga batang musmos:*** Ang ilang bata, lalo na ang mga batang musmos, ay maaaring hindi maunawaan ang lahat ng konseptong itinuturo sa mga araling ito. Gayunman, may natututuhan sila bawat linggo, at natutulungan ninyo silang madama ang Espiritu at maging pamilyar sa mga salita at katagang may kaugnayan sa ebanghelyo.

*Katapusan* Ipasambit sa mga bata ang, "Ako ay magpapabinyag at magpapakumpirma," nang dahan-dahan. Ikuwento nang maikli sa mga bata kung ano ang naramdaman ninyo nang mabinyagan at makumpirma kayo.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa banal na kasulatan:* Magdala ng isang kopya ng Aklat ni Mormon. Markahan ang 3 Nephi 12:1 para madali ninyo itong mabuklat.

*Para sa larong hulaan:* Kopyahin ang mga larawang guhit sa pahina 111 at kulayan ito kung gusto ninyo. Itupi sa gitna ang pahina para maipakita ang larawang guhit ng binyag sa isang panig at ang larawang guhit ng kumpirmasyon sa kabila.

*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Kopyahin ang mga larawang guhit sa pahina 111 para makulayan ng bawat bata.

*Banal na Kasulatan* Sabihin sa mga bata na sinabi sa atin ni Jesus sa mga banal na kasulatan na nais Niyang mabinyagan tayo. Buklatin ang Aklat ni Mormon sa 3 Nephi 12:1 at sabihing, "Sinabi ni Jesus, 'Maniwala kayo sa akin at magpabinyag.' " Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pag-uulit ng mga kataga, nang dahan-dahan. Ipaalala sa kanila na maaari silang mabinyagan kapag walong taong gulang na sila.

*Larong Hulaan* Ipakita sa mga bata ang kopya ninyo ng larawang guhit ng binyag, basahin ang caption, at ipasambit sa mga bata ang "magpabinyag." Italikod ang pahina, at ulitin para sa larawang guhit ng kumpirmasyon.

Itago sa likod ninyo ang mga larawang guhit. Pagkatapos ipakita sa mga bata ang isang panig ng pahina, at itanong, "Binibinyagan ba o kinukumpirma ang batang lalaking ito?" Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsagot. Itagong muli sa likod ninyo ang mga larawang guhit at ulitin ang aktibidad hanggang gusto pa ng mga bata. Mas angkop sa nakatatandang mga bata ang aktibidad na ito.

*Pagkukulay* Pakulayan sa mga bata ang isang kopya ng mga larawang guhit sa pahina 111. Habang nagkukulay sila, repasuhin ang mga alituntuning itinuro sa aralin. Ituro ang mga detalye sa larawan, basahin sa mga bata ang mga caption, at ipaliwanag sa kanila ang kanilang kinukulayan.



## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Paggawa ng mga kopya:*** Kung walang kayong magamit na copy machine, patungan ng malinis na papel ang ibabaw ng mga larawang guhit at bakatin ang mga ito ng lapis o bolpen. Huwag mag-alala kung hindi mabakat ang buong detalye; basta't bakatin ang mga outline at sapat na detalye para matukoy ang mga larawang guhit.


***Pagkukulay:*** "Himukin [ang mga bata] na ipakita ang kanilang mga iginuhit na larawan sa kanilang mag-anak. Makatutulong ito upang maalaala nila ang natutuhan nila. Mabibigyan din nito ng pagkakataon ang mga magulang na talakayin ang mga alituntunin ng ebanghelyo sa kanilang mga anak" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 221).







Ako ay Magpapabinyag



Ako ay Magpapakumpirma

# 27 TINUTULUNGAN AKO NG SACRAMENT NA ISIPIN SI JESUCRISTO



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-aralan ang sumusunod:

Isang gabi bago namatay sa krus si Jesucristo, ibinigay Niya ang sacrament sa Kanyang mga Apostol at sinabi, "Gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin" (tingnan sa Lucas 22:19–20). Matapos ang Kanyang Pagkabuhay na Mag-uli, ginawa rin Niya ito sa mga Nephita (tingnan sa 3 Nephi 18:1–11). Ngayon ay nakikibahagi rin tayo sa sacrament bilang pag-alaala sa sakripisyo ng Tagapagligtas para sa atin. Sumasaksi tayo sa Diyos na lagi nating aalalahanin si Jesucristo at susundin ang Kanyang mga utos. (Tingnan sa D at T 20:77, 79.)

## PAGHAHANDA

- Sa pahintulot ng bishop o branch president, magdala ng mga sacrament tray na walang laman sa nursery.
- Magdala ng isang kopya ng Biblia. Markahan ang Lucas 22:19 para madali ninyo itong mabuklat. Markahan din ang pahina 106 sa manwal na ito.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Awit* Ipakita ang larawan ni Jesus sa pahina 106 habang kinakanta ninyo ang unang taludtod ng "Tahimik, Taimtim" *(Aklat ng mga Awit Pambata,* 11):

Tahimik, taimtim, kayo ay iisipin. *(ituro ang larawan ni Jesus)*

Ulitin nang ilang beses para maging mapitagan ang paligid. Pasabayin ang mga bata sa inyong pagkanta.

*Banal na Kasulatan* Sabihin sa mga bata na tuwing Linggo gumagawa tayo ng napakaespesyal na bagay para alalahanin si Jesus—sa sacrament meeting kumakain tayo ng maliliit na piraso ng tinapay at umiinom ng tubig sa maliit na kopita. Sabihin sa kanila na ang tawag dito ay "sacrament." Ipasambit sa mga bata ang "sacrament." Sabihin sa kanila na nalalaman natin sa mga banal na kasulatan na nais ni Jesus na makibahagi tayo sa sacrament para alalahanin Siya. Buklatin ang Biblia sa Lucas 22:19 at sabihing, "Sinabi ni Jesus, 'Gawin ninyo ito sa pagaalaala sa akin.' "

*Larawan* Ipakita ang larawan ng isang deacon na nagpapasa ng sacrament (pahina 114). Ituro ang mga detalye sa larawan, tulad ng deacon at ng mga taong tahimik na nakaupo. Ipahawak sa mga bata ang mga sacrament tray na dala ninyo habang ipinaliliwanag ninyo sa simpleng mga kataga ang nangyayari sa pamamahagi ng sacrament—tahimik tayong nakikinig habang binabasbasan ang sacrament; kumukuha tayo ng isang piraso ng tinapay; umiinom tayo ng tubig at ibinabalik natin ang kopita sa tray; at iniisip natin si Jesus.

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Kapitagan:*** Gumamit ng malumanay na boses at mapitagang paraan para maipaunawa sa mga bata na sagrado ang sacrament.

***Paghawak ng mga bagay:*** Ang mga batang musmos ay simple at literal kung mag-isip. Hindi nila nauunawaan ang mahirap unawaing mga ideya. Kung bibigyan ninyo sila ng mga bagay na mahahawakan na nauugnay sa aralin, matututo sila. Tiyaking hawakan nila ang mga sacrament tray nang mapitagan at magalang. Dapat ay walang tinapay o tubig ang mga tray para sa aktibidad na ito.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse, at pasabayin sa inyo ang mga bata.

Tahimik na kumain ng tinapay *(magkunwaring kumakain ng tinapay)*
At uminom ng tubig. *(magkunwaring umiinom ng tubig)*
Humalukipkip at isipin si Jesucristo—*(humalukipkip)*
Iyan ang dapat kong gawin. *(tumangu-tango)*
[M. W. Verbica, "The Sacrament," *Friend,* Peb. 1995, 17

*Katapusan* Ipakita ang larawan ni Jesus sa pahina 106. Itanong sa mga bata, "Sino ang dapat nating isipin kapag nakikibahagi tayo sa sarament?" Ipasambit sa mga bata ang, "si Jesus."

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa panauhin:* Papuntahin ang isang maytaglay ng Aaronic Priesthood sa klase ng nursery at pagsalitain tungkol sa kung paano siya tumutulong sa pamamahagi ng sacrament.

*Para sa pagsasadula at sa laro:* Kopyahin ang mga kard sa pahina 115. Kulayan ang mga kard, kung gusto ninyo, at gupitin.

*Para sa aklat:* Kopyahin at gupitin ang mga kard sa pahina 115 para sa bawat bata. Magdala ng makapal na sinulid o pisi.

*Panauhin* Ipakilala ang panauhin sa mga bata. Ipaliwanag na siya ay may priesthood. Pagsalitain siya nang maikli tungkol sa kung paano siya naghahanda, nagbabasbas, o nagpapasa ng sacrament. Ipabahagi sa kanya ang kanyang damdamin tungkol sa sacrament.

*Pagsasadula* Isa-isang itaas ang mga kard na inihanda ninyo. Basahin ang caption at ipasadula sa mga bata ang ipinapakita sa drowing (para sa unang tatlong kard lamang). Halimbawa, paghalukipkipin sila at pagyukuin ng ulo at pagkunwariin na mapitagang kumakain ng tinapay at umiinom ng tubig. Purihin sila sa kanilang mga pagsisikap tuwina. Kapag itinaas ninyo ang drowing na si Jesus, itanong sa mga bata, "Sino ang dapat nating isipin kapag nakikibahagi tayo sa sacrament?"

*Laro* Itaob sa sahig o sa isang mesa ang mga kard na inihanda ninyo. Ipataob sa isang bata ang isa sa mga kard. Basahin ang caption sa kard. Ulitin hanggang matapos ang bawat batang gustong sumali.

*Aklat* Ibigay sa bawat bata ang apat na kard na inihanda ninyo. Butasan ang gilid ng bawat kard. Suutan ng makapal na sinulid o pisi ang mga butas, at ibuhol ang pisi para makagawa ng maliit na aklat para sa bawat bata. Pagkatapos ay basahin sa mga bata ang aklat.





### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Panalangin:*** Maaaring kayo mismo ang mag-alay ng pambungad o pangwakas na panalangin paminsan-minsan para maipakita sa mga bata kung paano manalangin. Natututo sila sa inyong halimbawa na tulad ng pagkatuto nila sa sinasabi ninyo.


***Kapitagan:*** Kapag itinatanong ninyo sa mga bata kung sino ang dapat nating isipin sa oras ng sacrament, maaaring isigaw ng ilan sa kanila ang sagot. Kung magkagayon, mahinahong ituro sa kanila na sambitin ang pangalan ni Jesus nang mapitagan.

***Iakma ang mga aktibidad*** sa inyong mga pangangailangan at gamit. Halimbawa, kung wala kayong makapal na sinulid o pising magagamit sa aktibidad na ito, mapagsasama-sama ninyo ang mga kard sa ibang paraan. O mapapakulayan ninyo sa mga bata ang mga larawang guhit kahit hindi ito gawing aklat.






Makikinig ako habang sinasambit ang mga panalangin ng sacrament.



Iisipin ko si Jesus kapag kinakain ko ang tinapay.




Iisipin ko si Jesus kapag iniinom ko ang tubig.



Tinutulungan ako ng sacrament na isipin si Jesucristo.

# 28 BINABASBASAN AKO NG AMA SA LANGIT SA PAMAMAGITAN NG PRIESTHOOD



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-aralan ang sumusunod:

Ang priesthood ay kapangyarihan at karapatan ng Diyos. Ibinibigay ng Diyos ang karapatang ito sa karapat-dapat na mga miyembrong lalaki ng Simbahan na edad 12 pataas upang makakilos sila sa Kanyang pangalan para basbasan ang iba. Ang mga ordenansa ng ebanghelyo, tulad ng binyag at kumpirmasyon, sacrament, at iba pa, ay isinasagawa sa pamamagitan ng karapatan ng priesthood (tingnan sa D at T 13; 20:73–79; 84:19–22). Lahat ng miyembro ng Simbahan ay nakikinabang sa priesthood.

## PAGHAHANDA

Markahan ang mga pahina 26 at 114 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 30.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Pagtuturo ng Doktrina* Sabihin sa mga bata na ang "priesthood" ay kapangyarihan ng Diyos; ibinibigay ng Diyos ang priesthood sa nakatatandang kalalakihan para mabasbasan nila ang kanilang mga pamilya at ang iba. Ipasambit sa mga bata ang "priesthood." (*Paalala:* Sa araling ito, maging sensitibo sa damdamin ng mga bata sa nursery na walang ama sa kanilang tahanan o walang priesthood ang kanilang ama.)

*Mga Larawan* Ipakita ang larawan sa pahina 118 at sabihin sa mga bata na magkunwaring may karga silang sanggol. Ipaliwanag na ang mga sanggol ay maaaring basbasan at bigyan ng pangalan ng mga kalalakihang may priesthood. Ipasambit sa mga bata ang "priesthood."

Ipakita ang larawang guhit sa pahina 119 tungkol sa pagbabasbas ng maysakit. Sabihin sa mga bata na ang isang taong may priesthood ay maaaring magbasbas ng maysakit para bumuti ang kanilang pakiramdam. Ipakita ang larawan sa pahina 26. Ituro si Jesus at ipaliwanag na sa larawang ito binabasbasan ni Jesus ang isang bulag. Ipasambit sa mga bata ang "priesthood."

Ipakita ang larawan sa pahina 114. Ipaalala sa mga bata na nakikibahagi tayo sa sacrament tuwing Linggo. Ipaliwanag na ito ay inihahanda, binabasbasan, at ipinapasa ng mga may priesthood. Ipasambit sa mga bata ang "priesthood."

*Awit* Paghawakin ng mga kamay ang mga bata at palakarin nang pabilog habang kinakanta o binibigkas ninyo ang mga sumusunod na titik ng "Dito ay May Pag-ibig" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 102):

Tahanan ko sa tuwina ay pagkasaserdote ang gabay.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Pagtuturo ng Doktrina:*** Layunin ng bahaging ito na tulungang magkaroon ang mga bata ng napakasimpleng pang-unawa sa ebanghelyo. Maaaring hindi maunawaan ng ilan sa kanila ang lahat ng sinasabi ninyo, pero magiging pamilyar sila sa lengguahe ng ebanghelyo at makakabuo ng pundasyon para sa mga bagay na matututuhan nila sa buhay kalaunan.

Ang ***mga batang musmos*** ay may iba-ibang kakayahan sa pagsasalita (tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 144-45). Para matulungan ang mga batang musmos sa pag-uulit ng mga salita sa aralin, malumanay na sabihin ang mga salitang gaya ng, "Kaya mo bang sambitin ang *priesthood?* Sabay nating sambitin ang *priesthood,*" at maghintay ng tugon. Kung hindi tutugon ang bata, magiliw na ulitin ang paanyaya, pero huwag siyang pilitin. Kahit sa pakikinig lang, matututo ang mga bata sa aralin.

*Katapusan* Magpatooo na binabasbasan tayo ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng priesthood.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa aktibidad sa panauhin:* Hilingan ang isang amang nagbasbas sa kanyang sanggol kamakailan na dalhin ang kanyang sanggol sa klase ng nursery at ikuwento ang kanyang karanasan.

*Para sa flip book:* Kopyahin ang larawang guhit sa pahina 119. Kulayan kung gusto ninyo. Gupitin sa tuwid na mga linya at tupiin sa tulduk-tudok na mga linya.

*Mga Activity Verse* Bigkasin ang anuman o lahat ng sumusunod na mga activity verse, at pasabayin sa inyo ang mga bata. Pagkatapos ng bawat talata, ipaalala sa mga bata na pinagpapala ng priesthood ang ating buhay.


*Pagbabasbas sa sanggol (idispley ang larawan sa pahina 118):*
Karga ni Daddy ang sanggol *(magkunwaring may kargang sanggol)*
Nang buong pagmamahal
Para basbasan at pangalanan sa pamamagitan ng kapangyarihan ng priesthood.
Mahal niya ang aming pamilya! *(yakapin ang sarili)*

*Pagbabasbas sa maysakit (ituro ang larawang guhit sa pahina 119):*
Kapag ako'y may sakit, mababasbasan ako *(ituro ang sarili)*
Ng mababait na lalaking may priesthood.
Panatag ako, at sumasampalataya *(ilagay ang mga kamay sa dibdib)*
Na ako ay gagaling na muli.

*Sacrament (idispley ang larawan sa pahina 114):*
Tahimik na kumain ng tinapay *(magkunwaring kumakain ng tinapay)*
At uminom ng tubig. *(magkunwaring umiinom ng tubig)*
Humalukipkip at isipin si Jesucristo—*(humalukipkip)*
Iyan ang dapat kong gawin. *(tumangu-tango)*
[M. W. Verbica, "The Sacrament," *Friend,* Peb. 1995, 17]

*Panauhin* Ipakilala ang panauhin sa mga bata. Ipaliwanag sa kanila na siya ay may priesthood at ginamit niya ang priesthood para basbasan ang kanyang sanggol. Itanong ang mga ito sa ama, "May priesthood ba kayo?" "Ano ang pangalan ng inyong sanggol?" "Ano ang sinabi ninyo nang basbasan ninyo ang inyong sanggol?" "Paano ninyo gagamitin ang priesthood para mabasbasan ang inyong sanggol habang lumalaki siya?"


*Flip book* Ipakita sa mga bata ang flip book na inihanda ninyo. Itaas ang unang flap, basahin ang caption, at pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsambit nito. Ulitin para sa bawat flap.





## MGA TIP SA PAGTUTURO

***Pagrerepaso:*** Mahilig ang mga bata sa mga kuwento, awit, larawan, at aktibidad na nakita at narinig na nila. Kumanta ng mga awitin o gumawa ng mga activity verse mula sa araling ito o sa mga naunang aralin anumang oras sa klase ng nursery. Makakatulong ang pagrerepasong ito para maalala nila ang mga alituntunin ng ebanghelyong naituro na ninyo.






Pagbababasbas
sa Sanggol




Pagbababasbas
sa Maysakit



Sacrament

# Binabasbasan Ako ng Ama sa Langit sa pamamagitan ng Priesthood

# 29 NABUHAY NA MAG-ULI SI JESUCRISTO (PASKUA)



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Dahil sa Pagkahulog nina Adan at Eva, lahat ay magdaranas ng pisikal na kamatayan. Pagkamatay natin, humihiwalay ang ating espiritu sa ating katawan. Nang mabuhay na mag-uli si Jesucristo, muling nagsama ang Kanyang katawan at espiritu, at hindi na kailanman maghihiwalay. Dahil sa Pagbabayad-sala ni Jesucristo, lahat ay mabubuhay na mag-uli (tingnan sa I Mga Taga Corinto 15:22; Alma 11:42–45). Ang pag-unawa at patotoo tungkol sa Pagbabayad-sala ay nagbibigay sa atin ng galak at pag-asa (tingnan sa Isaias 25:8; Alma 22:14).

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Kuwento* Ipakita ang larawan sa pahina 122. Ituro ang mga detalye sa larawan habang ikinukuwento ninyo sa napakasimpleng paraan ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo (tingnan sa Juan 19:41–42; 20:1, 11–16). Ang sumusunod ay isang halimbawa:

> Pagkamatay ni Jesus, nalungkot nang husto ang Kanyang mga kaibigan *(sabihin sa mga bata na palungkutin ang kanilang mukha)*. Inilagak nila ang katawan ni Jesus sa isang libingan, na parang isang kuweba *(ituro ang libingan sa larawan)*. Isang malaking bato ang iginulong sa harapan ng pasukan nito *(pagkunwariin ang mga bata na nagpapagulong ng malaki at mabigat na bato)*. Pagkaraan ng tatlong araw *(ipataas sa mga bata ang tatlong daliri),* inalis ng dalawang anghel ang bato. Muling nabuhay si Jesus! *(Ituro si Jesus sa larawan.)* Siya ay nabuhay na mag-uli *(tulungan ang mga bata sa pagsambit ng "nabuhay na mag-uli")*. Tuwang-tuwa ang mga kaibigan ni Jesus! Siya ay buhay, at hindi na Siya muling mamamatay!
>
> Si Maria ay isa sa mga kaibigan ni Jesus *(ituro si Maria sa larawan)*. Nalungkot siya nang mamatay si Jesus. Nang mabuhay na mag-uli si Jesus, si Maria ang unang taong nakakita sa Kanya. Tuwang-tuwa siya dahil buhay si Jesus *(sabihin sa mga bata na pasayahin ang kanilang mukha)*.

Sabihin sa mga bata na dahil kay Jesus, lahat ay mabubuhay na mag-uli at mabubuhay magpakailanman. Sabihin sa mga bata na pasayahing muli ang kanilang mukha.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang unang taludtod ng "Si Jesus Ba ay Nagbangon?" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 45) at gawin ang mga aksyon sa ibaba. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

> Si Jesus ba ay nagbangon?
> Sa ikatlong araw, *(itaas ang tatlong daliri)*
> Nabuhay muli't
> Nilisan Kanyang libingan. *(humalukipkip)*

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Jesucristo:*** Maraming kulturang may mga tradisyon sa Paskua na kinatutuwaan ng mga bata pero wala namang kinalaman sa Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo. Ituon sa Tagapagligtas ang araling ito sa Paskua, at tulungang lumago ang pagmamahal ng mga bata sa Kanya. Turuan silang magalak sa dakilang mga kaloob na ibinigay Niya sa atin, tulad ng Pagkabuhay na Mag-uli at ng Kanyang mga turo at sakdal na halimbawa.

***Mga awit:*** Maaaring hindi kayo sabayan ng ilang bata sa pagkanta. Kahit mga aksyon lang ang gawin nila o manood lang at makinig sa inyo, masisiyahan pa rin sila sa mga awit at matututo rito.

*Katapusan* Ipasambit sa mga bata ang, "Si Jesucristo ay nabuhay na mag-uli," nang paisa-isa o padala-dalawang salita. Magbigay ng maikling patotoo sa mga bata na nabuhay na mag-uli si Jesucristo.

*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa kuwento:* Kopyahin ang mga larawang guhit sa pahina 123. Kulayan ang mga ito at idikit sa makapal na papel, kung gusto ninyo. Gupitin ang bawat hugis at gupitin ang pasukan sa libingan sa tulduk-tuldok na linya.


*Para sa aktibidad sa pagkukulay:* Gawan ng kopya ang pahina 123 para sa bawat bata. Gupitin ang bawat hugis at gupitin ang pasukan sa libingan.

*Awit* Patayuin ang mga bata nang pabilog at paghawakin ng mga kamay. Kantahin o bigkasin ang sumusunod na mga titik sa "Si Jesus ay Nagbangon" (*Aklat ng mga Awit Pambata*, 44) at gawin ang mga aksyon sa ibaba:

Si Jesucristo ay nagbangon, *(lumakad nang pabilog)*
Muling nabuhay.
O kaysaya; *(huminto at ilagay ang mga kamay sa dibdib)*
Siya ay nagbangon.


Ulitin hanggang gusto ng mga bata.

*Kuwento* Muling ikuwento ang Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesucristo, sa pagkakataong ito gamitin ang mga larawang ginupit ninyo. Nasa ibaba ang isang halimbawa:



*(Magsimula sa hugis ni Jesus na nakatayo at ang bato ay inalis mula sa pasukan ng libingan.)* Pagkamatay ni Jesus, inilagak ang kanyang katawan sa isang libingan *(ihiga ang hugis ni Jesus sa [likuran] ng libingan)*. Isang malaking bato ang pinagulong sa harapan ng pasukan *(pagulungin ang bato sa pasukan ng libingan)*. Sa ikatlong araw dalawang anghel ang dumating at inalis ang bato *(pagulungin ang bato palayo sa pasukan)*. Si Jesus ay nabuhay na mag-uli *(ipatayo ang hugis ni Jesus)*. Ang Kanyang espiritu at katawan ay muling nagkasama! [Tingnan sa Susan Payson, "Easter Story," *Friend,* Abr. 1995, 32–33.]

*Pagkukulay* Ibigay sa mga bata ang mga larawang guhit na ginupit ninyo para sa kanila. Ipakita sa kanila kung paano magagamit ang mga larawang guhit para marepaso ang kuwento ng Pagkabuhay na Mag-uli ni Jesus. Mas angkop sa nakatatandang mga bata ang aktibidad na ito.



### MGA TIP SA PAGTUTURO


***Patotoo:*** Magpatotoo sa simple at maikling paraan; halimbawa: "Alam ko na nabuhay na mag-uli si Jesucristo."

Ang ***opsyonal na mga aktibidad*** ay ibinigay sa inyo para idagdag sa aralin kung gusto ninyo. Kung wala kayong mapagkunan ng mga kailangan, gumamit ng mga kahalintulad nito.

***Mga kuwento:*** "Natutuwa ang mga batang musmos sa paulit-ulit na mga kuwento. Kung inuulit ninyo ang kuwento, simulan ito at itanong, 'Ano ang sumunod na nangyari?' (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 238). Ipagamit sa isa sa nakatatandang mga bata ang mga ginupit o ang larawan sa pahina 122 para ikuwento ang Pagkabuhay na Mag-uli sa mga batang musmos sa klase ng nursery. Tumulong kung kailangan.

***Activity box:*** Gumawa ng activity box na maitatago sa nursery. Mapaglalagyan ito ng mga aktibidad sa pagkukulay at iba pang bagay na ginagawa o ginagamit ninyo para sa mga aktibidad. Kaya mauulit ninyo ang mga aktibidad na iyon sa susunod na mga klase sa nursery para marepaso ang nakaraang mga aralin. Ang pagrerepasong ito ay maisasagawa anumang oras sa klase sa nursery.





# 30 SI JESUCRISTO ANG ANAK NG AMA SA LANGIT (PASKO)



## PAMBUNGAD PARA SA GURO

Para espirituwal na maihanda ang inyong sarili sa pagtuturo ng araling ito, basahin at pag-isipan ang sumusunod:

Si Jesucristo ay isinilang sa isang mortal na ina, si Maria, at isang imortal na ama, ang Ama sa Langit. Siya ay literal na Anak ng Diyos. Dahil sa dakilang pagmamahal Niya sa atin, isinugo ng Ama sa Langit si Jesucristo para maging Tagapagligtas at Halimbawa natin. "Gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan" (Juan 3:16).

## PAGHAHANDA

Markahan ang pahina 106 sa manwal na ito para madali ninyo itong mabuklat.

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

Magsimula sa isang aktibidad sa pagtitipon. Para sa mga ideya, tingnan sa pahina 3.

*Panalangin* Pag-alayin ng pambungad na panalangin ang isang bata.

*Larawan* Ipakita ang larawan sa pahina 126. Ipahanap sa mga bata ang sanggol sa larawan. Sabihin sa kanila na ang pangalan Niya ay Jesus, at ipasambit sa kanila ang "Jesus." Pagkunwariin ang mga bata na may kargang sanggol.)

Ituro si Maria sa larawan at sabihin sa mga bata, "Ito ang ina ni Jesus. Ang pangalan niya ay Maria."

Sabihin sa mga bata na si Jesus ang Anak ng Ama sa Langit. Ipasambit na muli sa mga bata ang "Si Jesus ang Anak ng Ama sa Langit," nang dahan-dahan. Sabihin sa kanila na isinugo ng Ama sa Langit ang Kanyang Anak, si Jesucristo, sa lupa dahil mahal Niya tayo.

*Awit* Iturong muli ang sanggol na si Jesus sa larawan. Sabihin sa mga bata na kakanta kayo. Ipasambit sa kanila ang, "Isinugo Niya ang Kanyang Anak" kapag itinuro ninyo ang sanggol na si Jesus. Pagpraktisin sila nang ilang beses, pagkatapos ay kantahin o bigkasin ang sumusunod na mga titik sa Isinugo Kanyang Anak (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 20–21):

Paano mailalahad ng Diyos ang pag-ibig?
Sinugo ang kanyang Anak, *(ituro ang sanggol na si Jesus sa larawan)* banal at payapa.

Ipakita ang larawan ni Jesucristo sa pahina 106. Sabihin sa mga bata na ang sanggol na si Jesus ay lumaki para maging ating Tagapagligtas na si Jesucristo. Ipasambit sa kanila ang, "Isinugo Niya ang Kanyang Anak" kapag itinuro ninyo ang larawan ng Tagapagligtas. Kantahin o bigkasin ang sumusunod na mga titik sa Isinugo Kanyang Anak:

Paano maihahayag ang tamang landas sa 'tin?
Anak niya'y 'pinagkaloob *(ituro ang larawan ng Tagapagligtas)* bilang gabay natin.

### MGA TIP SA PAGTUTURO

***Jesucristo:*** "Dapat na ang lahat ng ating itinuturo ay makapagpapalapit sa mga miyembro ng mag-anak at miyembro ng klase kay Cristo. . . . Alalahanin ito habang inihahanda at inilalahad ninyo ang mga aralin" (*Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 100).

***Mga batang musmos:*** Bantayan ang mga palatandaang magsasabi sa inyo kung nakikinig ang mga bata. Para tulungan silang magtuon ng pansin sa inyo, subukang iba-ibahin ang inyong boses, habang nakatitig sa kanilang mga mata, at iba-ibahin ang mga paraan ninyo sa pagtuturo. (Tingnan sa *Pagtuturo, Walang Higit na Dakilang Tungkulin,* 87–89.)

*Katapusan* Pasalamatan ninyo ang pagsusugo ng Ama sa Langit kay Jesucristo. Magpatotoo na si Jesucristo ay Anak ng Ama sa Langit.


*Panalangin* Pag-alayin ng pangwakas na panalangin ang isang bata.

## OPSYONAL NA MGA AKTIBIDAD

*PAGHAHANDA* *Para sa mga stick puppet:* Kopyahin at gupitin ang mga larawang guhit sa pahina 127 para sa bawat bata. Iteyp o idikit ang isang pat-pat sa likuran ng bawat larawang guhit para makagawa ng mga stick puppet para sa mga bata.

*Para sa aktibidad sa banal na kasulatan:* Magdala ng isang kopya ng Aklat ni Mormon. Markahan ang 3 Nephi 9:15 para madali ninyo itong mabuklat.

*Mga Stick Puppet* Ibigay sa mga bata ang mga stick puppet na ginawa ninyo para sa kanila. Muling ikuwento nang maikli ang pagsilang ni Jesucristo sa sarili ninyong mga salita (tingnan sa Lucas 2:4–16). Ipataas sa mga bata ang kanilang mga stick puppet sa mga angkop na oras ng kuwento. Mas angkop sa nakatatandang mga bata ang aktibidad na ito.




*Awit* Kantahin o bigkasin ang sumusunod na mga titik sa "Doon sa May Sabsaban" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 26–27) at gawin ang mga aksyong iminungkahi sa mga titik. Pasabayin sa inyo ang mga bata.

Doon sa sabsaban, wala s'yang kuna,
Ang Panginoong munti'y nakahiga;
Tanglaw sa Kanya ang bitwing kayningning,
Ang Panginoong munti ay kayhimbing.

*Activity Verse* Bigkasin ang sumusunod na activity verse, at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Sa sabsaban naroon ang isang sanggol, *(maghele na parang may kargang sanggol)*
Katabi ang inang mapagmahal,
Nagniningning isang bituin sa kalangitan, *(ituro ang langit)*
Narito ang Anak ng Diyos! *(humalukipkip)*

*Banal na Kasulatan* Sabihin sa mga bata na sinabi sa atin ni Jesus sa mga banal na kasulatan na Siya ang Anak ng Diyos, na ating Ama sa Langit. Buklatin ang Aklat ni Mormon sa 3 Nephi 9:15 at basahin ang, "Masdan, ako si Jesucristo, ang Anak ng Diyos." Pasabayin sa inyo ang mga bata sa pagsambit ng "ang Anak ng Diyos."

## MGA TIP SA PAGTUTURO


***Mga sanggunian:*** Mga sanggguniang gawa lamang ng Simbahan ang gamitin sa klase ng nursery. Kung kailangan ninyo ng iba pang ipagagawa sa mga bata, pumili ng mga kuwento, laro, puppet, o aktibidad sa pagkukulay mula sa manwal na ito na nagamit na ninyo noon. Magagamit din ninyo ang mga laro at kuwento mula sa mga magasin ng Simbahan.

***Pag-uulit:*** Ituro nang ilang beses ang lahat o bahagi ng araling ito sa Kapaskuhan. Natutuwang makinig ang mga bata sa paulit-ulit na kuwentong Pamasko.





Si Jesucristo ang Anak
ng Ama sa Langit



Si Jesucristo ang Anak
ng Ama sa Langit

# MAIKLING ARALIN: WELCOME SA NURSERY

## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

*Welcome* Kapag dumalo sa klase ng nursery ang isang bata sa unang pagkakataon, pumili ng oras na nagkakatipon ang mga bata (tulad sa oras ng aralin, meryenda, pagkanta), at sabihin sa mga bata ang pangalan ng batang baguhan. Sabihin sa batang baguhan na natutuwa kayo na narito siya sa klase ng nursery.

*Awit* Sabihin sa mga bata na kakanta kayo ng isang espesyal na awit. Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Awiting Kumusta Ka" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 130) at ipasambit sa mga bata ang "kumusta ka" kapag itinuro ninyo sila habang kumakanta. Maaari ninyong praktisin ito nang ilang beses bago ninyo kantahin.

Kumusta ka! *(ituro ang mga bata: "Kumusta ka!")* Kumusta ka!
*(ituro ang mga bata: "Kumusta ka!")*
Ang aming pagbati sa 'yo. *(ituro ang mga bata: "Kumusta ka!")*
Kumusta ka! *(ituro ang mga bata: "Kumusta ka!")* Kumusta ka!
*(ituro ang mga bata: "Kumusta ka!")*
Mabuti't nandito
Nang makapiling sa Primary
At nang maging kaibigan at kasama.
Kumusta ka! *(ituro ang mga bata: "Kumusta ka!")* Kumusta ka!
*(ituro ang mga bata: "Kumusta ka!")*
Halina't magsaya.

*Katapusan* Sabihin sa batang baguhan, "[Pangalan ng bata], napakasaya namin dahil narito ka sa klase namin sa nursery!"



## MGA TIP SA PAGTUTURO

Maaaring sabik o takot ang isang bata sa una niyang pagdalo sa nursery. Kapag nagpakita kayo ng pagmamahal at pasensya, marami kayong magagawa para masiyahan ang bata sa unang pagdalo sa nursery. Mas panatag ang mga bata kapag alam nila ang aasahan dito. Hanggang maaari, sikaping sundin ang regular na gawain sa nursery. Bigyan ng panahon ang mga bata na makilala kayo, ang iba pang mga bata, at ang kapaligiran.

Kung gustong umalis ng bata para makasama ang kanyang mga magulang, ipaalam sa mga magulang na OK lang ito. Magpabanggit sa mga magulang ng magagandang bagay tungkol sa nursery sa linggong iyon.

# MAIKLING ARALIN: MALIGAYANG KAARAWAN



## MGA AKTIBIDAD SA PAG-AARAL

*Aktibidad* Sa araw ng Linggo bago sumapit ang kaarawan ng bata, habang nakatipon ang mga bata para sa aralin, meryenda, o pagkanta, sabihin sa mga bata, "Kaarawan ngayon [o malapit na ang kaarawan] ni [pangalan ng bata]!" Ipasambit sa mga bata ang, "Maligayang kaarawan."

Sabihin sa mga bata kung ilang taon na ang batang iyon sa kanyang kaarawan. Pasabayin sila sa inyo sa pagbilang sa kanilang mga daliri. Ulitin ito nang ilang beses.

*Awit* Kantahin o bigkasin ang mga titik sa "Maligayang Bati" (*Aklat ng mga Awit Pambata,* 134) at pasabayin sa inyo ang mga bata:

Maligayang bati, [pangalan ng bata], mahal ko;
Maligaya ang araw na 'to.
Kung may kahilingan lang ako,
'Sang maligayang araw para sa 'yo!

Ipasambit sa mga bata ang, "Maligayang kaarawan" at sabihin sa kanilang pumalakpak.

## MGA TIP SA PAGTUTURO

Gustong marinig ng mga bata ang kanilang pangalan. Ang pinakamagandang regalong maibibigay ninyo sa mga bata ay pagmamahal, pagkilala, at pagpapahalaga sa kanila. Huwag silang bigyan ng iba pang regalo sa kanilang kaarawan sa nursery. Ipagdiwang ang bata, hindi ang pamimigay ng regalo.

## INDEKS NG MGA AKTIBIDAD


activity verse, mga (mga unang taludtod)
- "Basahin ang Aklat ni Mormon," 93
- "Espesyal ang katawan ko," 40
- "Gusto kong si Jesus ay sundin," 73
- "Hipuin ang ilong, hipuin ang mata," 65
- "Ibukas, isara," 85
- "Ito ang nanay ko, na tinutulungan akong maglaro," 52
- "Ito si Inay," 56
- "Ituro sa akin ang mga banal na kasulatan," 97
- "Kapag ako'y may sakit, mababasbasan ako," 117
- "Karga ni Daddy ang sanggol," 117
- "Kilala ako ng Ama sa Langit," 20
- "Kung napakatangkad mo," 9
- "Lumuhod si Joseph sa kakahuyan," 89
- "Mahina ang bulong ng Espiritu Santo," 29
- "Matutulog na itong munting bata," 45
- "Nagsisimula ako sa pagsasabi ng 'Mahal na Ama sa Langit,'" 16
- "Pagngiti'y nakakahawa," 81
- "Sa sabsaban naroon ang isang sanggol," 125
- "Tahimik na kumain ng tinapay," 112, 117

aklat, mga, 33, 35, 37, 39, 93, 95, 113, 115
(tingnan din sa *flip book, mga*)

aktibidad gamit ang daliri, 57

awit, mga
- "Aking Ama'y Buhay," 28
- "Aking Nadarama ang Pag-ibig ni Cristo," 21
- "Ako ay Anak ng Diyos," 8, 12–13, 40
- "Ako ay Mahal ng Ama sa Langit," 32
- "Ang Simbahan ni Jesucristo," 104
- "Awiting Kumusta Ka," 128
- "Babasahin, Uunawain, at Mananalangin," 92, 97
- "Dito ay May Pag-ibig," 116
- "Doon sa May Sabsaban," 125
- "Isang Masayang Pamilya," 36, 48
- "Isinugo, Kanyang Anak," 124
- "Kayganda ng Mundo," 33
- "Kung Ikaw ay Masaya," 81
- "Mag-anak ay Magsasamang Walang Hanggan," 56
- "Mahalin Bawat Tao, Sabi ni Cristo," 25, 76
- "Maligayang Bati," 129
- "Masayang Gawin," 36, 49, 72–73
- "May Isang Taong Niyebe," 44
- "Mga Ngiti," 80
- "Nang Minsan ay Tagsibol," 88
- "Pagbibinyag," 108
- "Panalangin ng Mag-anak," 52
- "Pasasalamat sa Ating Ama," 64–65
- "Propeta'y Sundin," 101
- "Si Jesus ay Nagbangon," 121
- "Si Jesus Ba ay Nagbangon?" 120
- "Sinisikap Kong Tularan si Jesus," 24, 68, 72
- "Sisikapin Kong Maging Magalang," 84
- "Susunod Ako," 60
- "Tahimik, Taimtim," 36, 112
- "Templo'y Ibig Makita," 56
- "Ulo, Balikat, Tuhod, at Paa," 41

bag game, mga, 13, 37, 53, 93

banal na kasulatan, mga, 25, 29, 37, 52, 77, 104, 109, 112, 125

binhi, 33

dula-dulaan, mga, 28, 44, 48, 61, 76, 100, 113

cube, mga, 29, 31, 73, 75

finger puppet, mga, 41, 53, 57, 59, 89, 91

flip book, mga, 17, 19, 85, 87, 117, 119

follow the leader, 100

hugis, mga, 48, 51, 101, 103

kadena, mga, 53, 55

kuwento, mga
- binasbasan ni Jesus ang mga bata, 20, 25, 96
- bumuo ng sasakyang-dagat si Nephi, 68, 96
- ipinagdasal ng pamilya ang batang nasaktan, 53
- mabuting Samaritano, 76
- nanalangin si Enos, 17
- napanatag ng Espiritu Santo ang batang lalaki, 28
- ngumiti ang batang babae, 80
- pinagaling ni Jesus ang 10 ketongin, 64
- pinagaling ni Jesus ang isang lalaking bulag, 24
- pinakain ni Jesus ang mga tao, 24
- si Jesus at ang Kanyang ina, 49
- si Jesus ay nabuhay na mag-uli, 120, 121
- sinambit ng mga bata ang, "Sorry," 69
- Unang Pangitain ni Joseph Smith, 40, 88

kuwintas, mga, 21, 23, 57, 59, 69, 71

larong hulaan, mga, 45, 57, 59, 69, 71, 101, 103, 109, 111

larong pagtutugma-tugma, mga, 65, 67, 105, 107

mobile, 13, 15

pagbabakat, 41

panauhin, 113, 117

poster, mga, 9, 49

pulseras, mga, 69, 71

puppet, mga, 61, 63, 97, 99, 125, 127
(tingnan din sa *finger puppet, mga*)

puzzle, 25

salamin, 21

taludtod, mga (tingnan sa *activity verse, mga*)

## INDEKS NG MGA BISWAL


Adan at Eva, 99
aklat, mga, 75
banal na kasulatan, mga, 31, 39, 95, 107
binyag, 110, 111
buhay bago ang buhay sa lupa, 15
damit, mga, 55, 67
Daniel sa kuweba ng mga leon, si, 103
gusali ng Simbahan, 31, 39
hayop, mga, 35
Jesucristo, 19, 39, 106, 107, 115
(tingnan din sa *Unang Pangitain*)
binyag ni, 110
kasama ang mga bata, 15, 22, 95, 98
nagpapagaling, 26, 66, 94, 95
noong bata pa, 18
Pagkabuhay na Mag-uli ni, 122, 123
pagsilang ni, 95, 126, 127
pinakakain ang limang libo, 27
Joseph Smith, 102, 103, 107
(tingnan din sa *Unang Pangitain*)
Juan Bautista, 103, 110
katawan, 43, 47
krayola, mga, 75
kumpirmasyon, 111
laruan, mga, 74, 75
likha, mga, 34, 35
mabuting Samaritano, 78
Moises, 99
nakangiti-nakasimangot na mukha, 83
Nephi, 70
Noe, 99
pagbabahagi, 74
pagbabasbas sa maysakit, 119
(tingnan din sa *Jesucristo: nagpapagaling*)
pagbabasbas sa sanggol, 118, 119
pagkain, 19, 47, 55, 67, 75
pagpipitagan, 86 (tingnan din sa *panalangin*)
pamilya, mga, 14, 15, 18, 31, 38, 39, 46, 50, 51, 54, 55, 59, 62, 67
panalangin, 18, 30, 54, 87
pastol, mga, 127
priesthood, 118, 119
sacrament, 114, 115, 119
Samuel, ang Lamanita, 103
tahanan, 55, 67
templo, 58, 59
Unang Pangitain, 42, 90, 91

## MGA BISWAL NA MAY KARAPATANG-SIPI

Ang Intellectual Reserve, Inc., ang nagmamay-ari ng karapatang-sipi sa mga ipinintang larawan, retrato, at iba pang mga imahe sa manwal na ito, na may sumusunod na mga eksepsyon:

Pabalat sa harap at pahina 22: *Si Cristo at ang mga Bata sa Aklat ni Mormon,* ni Del Parson. © 1995 Del Parson.

Pahina 5: Retrato © 2000 Steve Bunderson.

Pahina 8: Retrato © Rubberball Productions.

Pahina 18: *Tinatangkilik ng Diyos,* ni Simon Dewey. © 2001 Simon Dewey. Bawal kopyahin.

Mga pahina 24 at 98: *Oras ng Kuwento sa Galilea,* ni Del Parson. © 1990 Del Parson.

Pahina 28: Retrato © 1998 Robert Casey.

Pahina 32: Retrato © Corbis Images.

Pahina 42: *Ang Unang Pangitain,* ni Gary Kapp. © 1998 Gary Kapp. Bawal kopyahin.

Pahina 48: Retrato © 2000 Steve Bunderson.

Pahina 54: Retrato © 2006 Hyun-Gyu Lee.

Pahina 56: Retrato © 2006 Frank Helmrich.

Pahina 66: *Ang Ketongin na Nagsabi ng "Salamat,"* ni John Steel. © ProvidenceCollection.com. Lahat ng karapatan ay nakalaan.

Pahina 88: *Unang Pangitain ni Joseph Smith,* ni Greg K. Olsen. © 1988 Greg K. Olsen.

Pahina 90: *Mga Hangarin ng Aking Puso,* ni Walter Rane. © 2004 Walter Rane, sa kagandahang-loob ng Museum of Church History and Art.

Pahina 94: *At Pinagaling Niya ang Bawat Isa,* ni Gary Kapp. © 1993 Gary Kapp.

Pahina 102: *Brother Joseph,* ni David Lindsley. © 1998 David Lindsley.

Pahina 106: Detalye mula sa *Si Cristo at ang Mayamang Batang Pinuno,* ni Heinrich Hofmann. Sa kagandahang-loob ng C. Harrison Conroy Co., Inc.

Pahina 110: *Binibinyagan ni Juan Bautista si Jesus,* ni Greg K. Olsen. © 1988 Greg K. Olsen.

Pahina 120: *Siya ay Nagbangon,* ni Del Parson. © 1996 Del Parson.

Pahina 124: *Sa Atin ay Isinilang ang Isang Sanggol,* ni Lynne Millman Weidinger. © 2002 Lynne Millman Weidinger, sa kagandahang-loob ng Museum of Church History and Art.

Pahina 126: *Si Maria at ang Batang Cristo,* ni Robert T. Barrett. © 1993 Robert T. Barrett. Bawal kopyahin.

Pahina 128: Retrato © 1999 Bryant Livingston.



*“Lahat ng iyong mga anak ay tuturuan ng Panginoon; at malaki ang magiging kapayapaan ng iyong mga anak” (3 Nephi 22:13).*

*“At nangusap [si Jesus] sa maraming tao, at sinabi sa kanila: Masdan ang inyong mga musmos. At nang sila ay tumingin upang pagmasdan ay itinuon nila ang kanilang mga paningin sa langit, at kanilang nakitang bumukas ang kalangitan, at nakita nila ang mga anghel na bumababa mula sa langit na parang ito ay nasa gitna ng apoy; at sila ay bumaba at pinalibutan yaong mga musmos, at sila ay napalibutan ng apoy; at ang mga anghel ay naglingkod sa kanila” (3 Nephi 17:23–24).*

*“Malinaw na, tayong mga pinagkatiwalaan ng mahal na mga anak ay binigyan ng sagrado, at marangal na tungkulin, sapagkat tayo ang hinirang ng Diyos na mangalaga sa mga bata ngayon nang may pagmamahal at maalab na pananampalataya at pag-unawa sa kanilang pagkatao” (M. Russell Ballard, “Great Shall Be the Peace of Thy Children,”* Ensign, *Abr. 1994, 60).*


ANG SIMBAHAN NI
JESUCRISTO
NG MGA BANAL
SA MGA HULING ARAW

TAGALOG
4 02371 08893 7
37108 893